

ANG PINAKADAKILANG LABANAN NA NAGANAP KAILANMAN



Salamat sa iyo, Kapatid na Orman. Pagpalain ka ng Panginoon.

² Magandang umaga, mga kaibigan. Lubos akong nagagalak na makaparito uli sa umagang ito, at medyo di inaasahan nang kaunti, sa palagay ko, sa sarili ko, at nakakasiguro ako na ganoon din sa kongregasyon. At ako lamang ay nagbabasa't . . . Salamat, kapatid na babae. At ang Panginoon ay para bang may inilagay na munting bagay sa aking puso, para ihatid sa Iglesya, at naisip ko na ito na 'yung panahon para gawin ito. At ngayon ito . . .

³ Noong dumating ako, at pagkatapos hindi pa alam na paririto kami sa Linggong ito, inanunsyo ko na may—may Mensahe ako para sa Iglesya. At nais ko, kung loobin ng Panginoon, na ihatid ang Mensaheng ito sa susunod na Linggo. At medyo mahaba-haba ang oras, kaya, marahil hindi pa makakaalis bago mag-alas dose y media, ala una na, marahil, parang ganyang oras. Matagal na itong nasa puso ko, at sa palagay ko'y obligado ako na magbigay ng sagot sa publiko kung bakit hindi ako aktibo sa paghayo. At nakapangaral na ako sa buong palibot nito, pero nakakatiyak ako na hindi pa ito nakakaabot nang tama sa kung saan dapat ito makaabot. Kaya sa palagay ko, loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo, nais ko lamang gumugol ng sapat na panahon at sadyang ilatag, ang dahilan at kung bakit, at ipaalam sa inyo, batay sa Kasulatan, kung anong nagaganap, kita n'yo, haya't ang dahilan tungkol sa lahat ng ito. Dahil, baka humayo po ako sa ibayong-dagat o kung saan agad-agad. Naghihintay lamang ako ngayon para makita kung saang dako Niya ako tatawagin na humayo. Nitong nakaraang . . .

⁴ Mga tatlong gabi ang nakararaan, o dalawang gabi, nakatanggap ako ng tawag sa telepono't mag-hahatinggabi na noon; at ukol 'yun sa pagpapanalangin sa isang babae na nasa ospital. At tinawagan nila ako, at sinabihan, "Manalangin." At nakalimutan ko lang ang pangalan na ibinigay nila sa akin, na . . . Ang sabi'y kaibigan ni Gng. James Bell, ang kapatid natin dito sa simbahan, isang itim na babae, napakatapat, na kalugud-lugod na babae. Sa pagkakaalala ko ang pangalan ay

Shepherd, 'yun 'yung ibinigay sa akin. Kaya bumangon ako mula sa higaan at lumuhod, at—at binanggit sa maybahay ko. Noong nag-ring ang telepono, nagising siya. At sabi ko, “Kailangan nating ipanalangin si Gng. Shepherd, may tumawag na kapatid, na kaibigan ni Gng. James Bell.” Kaya nanalangin kami para sa kanya, bumalik na sa higaan pagkatapos.

⁵ At pagkatapos mga bandang alas diyos o alas onse, noong sumunod na araw, nakatanggap uli ako ng tawag. Si Billy naman. At ang sabi niya, hindi raw 'yun si Gng. Shepherd, ang sabi'y si Gng. Bell pala, mismo, hindi 'yung kaibigan ni Gng. Bell. “Si Gng. Bell pala, at siya'y nasa ospital, malubha ang kalagayan.” At naisugod pa sa ospital, pero wala na siya. Tinawag na ng Panginoon si Gng. Bell, sa Tahanan.

⁶ Si Gng. Bell po'y isang matapat na nakikitipon sa atin dito sa simbahan, nang maraming taon. Ang asawa niya, si James, at ako, ay magkasama sa trabaho, kasama ang tatay ko, maraming taon na ang nakararaan, diyan sa labas, nagkakabit. . . Nagkakabit kami ng riles, mula Pennsylvania, hanggang sa may Colgate dito, maraming taon na ang nakalipas, sa palagay ko tatlumpung taon na ang nakararaan, o higit pa. At mahal natin si Kapatid na babaing Bell. Siya'y isang dakilang tao.

⁷ At sa pagkakaalam ko inatake siya nang malubha sa apdo, at sila. . . Yung doktor niya, na nakakaalam nang husto sa kaso, ay nasa labas ng bayan noong oras na 'yun. At may panibagong doktor na pumaroon at tumingin sa kanya, at—at nagpayo ng agarang pag-oopera, at hindi niya nakayanan. At—at siya po'y. . . Ang alam ko 'yung kanyang. . . Sa pagkakaunawa ko, 'yung regular niyang doktor ay hindi iminungkahi ang—ang pag-oopera, dahil malaki ang katawan niya at masama na ang lagay ng kanyang apdo. At may mga bato siya, sa palagay ko, o kung anong bagay na naroon, at—at ang Panginoon nga'y naging mahabagin. Nagkaroon na siya ng mga atakeng 'yun noon at inaayos 'yun ng Panginoon, nang maraming beses na. Pero mangyari lang na. . . Buweno, kung talagang titingnan mo sa kabuoan, masasabi natin na: tinawag na ng Diyos si Kapatid na babaing Bell, at sa ganoong paraan dapat natin ito tingnan, kita n'yo.

⁸ At Kanya ngang pinamintis. . . na noong ipaalam sa akin, ang naisip ko talaga'y si Gng. . . isang Binibining Shepherd. Hindi ko kakilala si Binibining Shepherd. Marahil narito ang binibini, ngayong umagang ito, at siguro'y makikilala ko siya kapag nakita ko ang mukha niya. Pero, ang nabanggit nga'y isang Gng. Shepherd. At kung ganoon talaga ang ipinangyari, para kung ito'y. . . Kung nalaman ko lang na si Gng. Bell pala 'yun sa kalagayang 'yun, marahil lumabas ako roon at namagitan para sa kanya agad-agad. At mangyari nga, kita n'yo, na, hindi 'yun pinahintulutan ng Diyos na gawin natin, marahil. Kaya,

“Nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa para sa ikabubuti nila na umiibig sa Diyos.”

⁹ At nakatitiyak ako na iniibig ni Kapatid na babaing Bell ang ating Panginoon. Isa siyang mabuting babae. Ngayon, siya’y isa sa atin. Dito, wala tayong anumang bukod pagdating sa kulay. Ang pamilya ng Diyos ay di namamakod ukol sa kulay. Tayo man ay pula, kayumanggi, itim, o dilaw, hindi mahalaga, puti. Anuman, tayo’y magkakapatid na lalaki’t babae kay Cristo. At kaya mahal natin—mahal natin siya. At mami-miss natin siya, sa tabernakulo. Mami-miss ko nga, si Kapatid na babaing Bell, ’yung malakas, na malaki’t, buong “mga amen” niya diyan sa pagkuran sa sulok. At sa lakar-uwi pa nga niya, ang bukambibig niya ay ang Panginoong Jesus.

¹⁰ At kung tama po ang pagkakaalam ko, ngayon-ngayon ko lang nalaman mga ilang sandali ang nakararaan, pero sa palagay ko ang libing niya ay gaganapin dito sa simbahan. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Tama.”—Pat.] Itong parating na Martes nang [“Ala una.”] ala una. At sa tingin ko ikaw at ako ang mangunguna [“Tama.”] sa gawain na ito ng paglilibing.

¹¹ Pero, heto nga sa kongregasyon, tayo nga’y nabawasan ng isa ngayong umaga, siyanga’t bilang paggalang sa ating Kapatid na babaing Bell, tayo po’y tumayo pansumandali, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

¹² Diyos ng buhay, na Siyang nagbibigay at nag-aalis ng buhay, gaya ng sinabi ni Job noong matandang panahon, “Ang Panginoon ang nagbibigay at ang Panginoon ang nag-aalis; purihin ang Pangalan ng Panginoon.” Mga ilang taon ang nakararaan, Iyo pong ipinadala si Kapatid na babaing Bell sa kalagitnaan namin, para maging kapwa mamamayan na kapiling namin, sa dakilang komonwelt na ito ng Diyos. At kami’y nagpapasalamat sa Iyo para sa bawat inspirasyon sa katauhan niya sa harap namin, kung papaanong ibig na ibig niyang umawit at magpatotoo, at puspos mismo ng Espiritu na siya nga’y napapahiyaw at napapasigaw. At hindi niya ikinahiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, dahil, para sa Kanya, Ito’y Kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan. Yamang nakikita ang mga taon niya na bilang na, at darating din ang panahon na kaming lahat ay tutugon mismo. At siya’y kinuha Mo mula sa amin, sa umagang ito, para mapadako sa Iyong Presensya. Dahil, tunay nga, na kapag kami’y lumisan na rito, kami’y nasa Presensya ng Diyos.

¹³ Oh Diyos, pinasasalamat Ka po namin para sa lahat. Dalangin namin na Iyong pagpalain ang kanyang asawang lalaki, ang kaibigan ko, si James; ang kanyang anak na lalaki, ang mga anak niyang babae, lahat po. Nabanggit sa amin na ang anak niyang lalaki’y lumipad mula Alemanya, mula sa hukbong sandatahan, para umuwi, para magbigay ng

huling pagkilala na magagawa niya, sa lupa, para sa kanyang namayapang nanay. Ganoon na lamang marahil ang pagtibok ng puso ng kabataang lalaking ito sa umagang ito. Akin siyang ipinapanalangin, Panginoon. Diyos, Iyo pong pagpalain siya. Iyo pong pagpalain si Jimmy, at siya nga'y. . . Nakikita ko kung paano siyang nagsusumikap doon, at nakakapagod na oras, para sa ikabubuhay ng kanyang pamilya. Dalangin ko na ang dakilang pamilyang ito'y hindi magwalay, bagkus ang gulong ng pamilya'y hindi maputol sa Lupain sa kabilang ibayo.

¹⁴ Nawa kami, Panginoon, ngayon ay mapahigpit na nang husto ang baluti't bigkis, nang mas kapit na kapit pa, at humayo sa labanan ngayon, para makipagbaka gayong nabawasan kami ng isa mula noong nakaraang sanlinggo. Dalangin namin na Iyong tutustusan kami't palalaksin, at tutulongan kami habang kami'y nagpapatuloy, at balang araw nawa'y magkatipon-tipon kaming lahat muli sa kabilang ibayo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁵ Nawa'y ang kaluluwa ng yumao nating kapatid na babae'y mahimlay nang payapa. Nais ko nang sabihin na ang kanyang—kanyang libing ay may pangangaral dito nang Linggo, o Martes, at tayo'y. . . Sinumang nais pumunta'y malugod na tatanggapin na pumunta. Sa palagay ko si Kapatid na Neville dito'y naasikaso na ito, at naipabatid na sa inyo. Ngayon, sa araw na ito, ako lamang. . .

¹⁶ Kita n'yo, hindi masyadong marami. Kung may upuan pa sa kung saan na puwedeng dalhin kina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Slaughter diyan sa likod. Natanggap ko ang tawag mo, Kapatid na babaing Slaughter, at nagtungo ako para manalangin para sa iyong. . . sa isa pang Kapatid na babaing Slaughter, si Kapatid na babaing Jean Slaughter na may rabbit fever, tularemia. Malubha nga ang kaso niya, pero nagtitiwala tayo sa Panginoon na siya'y magiging maayos na.

¹⁷ Ngayon nais nating magbasa ng ilang Kasulatan. At nais kong magturo sa umagang ito, gugulin ang oras ko nang di nagmamadali, dahil mula noong makabalik ako mula, Arizona, buweno, 'yung lalamunan ko'y medyo namamalat.

¹⁸ At ngayon, sa susunod na Linggo, huwag n'yong kalimutan, at sa palagay ko ay napadala na ni Billy sa liham ang—ang mga pabatid. At magiging mahabang gawain po 'yun, sa palagay namin, kaya pumunta kayo nang maaaga-aga sa abot ng makakaya n'yo. Nais naming magsimula, nang mga alas nuwebe y media, o ang ibig kong sabihin pala, alas diyes. At marahil, tandaan n'yo, mga ala una o ala una- . . . siguro, o alas dose y media, ala una, parang ganoon, tatlo o apat na oras, o higit pa, ang gugugulin ko, at tatalakayin mismo ang Mga Kasulatan. Magdala kayo ng lapis at papel, at ilalatag po mismo. Kung may katanungan, sige't itanong—itanong n'yo lang, kita

n'yo, at siguro'y maipapaliwanag natin, gagawin ang anuman na maitutulong namin.

¹⁹ Ngayon bumasa na tayo ng ilang Mga Kasulatan, una, ngayon. May tatlong dako ako sa Biblia, na nais kong basahin. At ang una sa mga ito, kung nais n'yo pong ilista, at kung may lapis kayo, haya't nais kong sumangguni, ngayong umaga, sa ilang mga teksto na aking. . . o ilang Mga Kasulatan, ang ibig kong sabihin, na nais kong dakuan. Ang una'y ang Unang Pedro 5:8-10, Mga Taga-Efeso 6:10-17, at Daniel 12:1-14. Ngayon, sa pagbabasa, gumugol lang tayo ng sapat na panahon.

²⁰ At nakaupo namang lahat halos. Siguro'y, may mangilangilan na nakatayo, diyan sa likod at sa gilid. Pero sisikapin natin na matapos nang mabilis sa abot ng makakaya natin at palabasin kayo, pagkatapos tayo'y mananalangin para sa mga maysakit.

²¹ May munting binibini na nakahiga rito ngayong umaga, na malubha ang sakit. Nauunawaan ko na malubha ang sakit niya, kahapon pa. At nais kong—nais kong makapakinig siya, sa umagang ito, muna, bago ko siya ipanalangin. At alam ko ang kalagayan ng munting binibini. At malubha po ang sakit niya, pero may napakadakilang Makalangit na Ama tayo Na higit na napanagumpayan ang lahat ng karamdaman. At ako'y may—may munting. . .

²² Hiniling ko kay Gng. Woods kung maaari niyang basahin ito, pero siya'y—siya'y nag-aatubili nang kaunti na—na gawin ito. Isa pong artikulo, kung saan 'yung doktor ng medisina'y tunay na nagulat. Mangyari nga, na siya'y isang kritiko ng Makalangit na kagalingan at ayaw nga niyang may magsalita tungkol dun sa kanyang opisina; at maging sa mga nars niya, rin. Tapos, mangyari nga, may isang pasyente na kanser ang kaso, isang malaking kanser. Ayaw niyang magkaroon ng anumang kinalaman dun, kaya ipinasa niya ang pasyente sa ibang klinika. Ayaw rin nila dun na magkaroon ng anumang kinalaman, kaya pinabalik nila ang pasyente. Kaya sila. . . Oh, sa dibdib nga 'yun, at terible mismo ang kondisyon. Haya't 'yung lahat ng balat ay kinain na. At 'yung kanser, nakaabot na sa dibdib, papasok hanggang sa mga buto. Nauunawan n'yo naman marahil ang ibig kong sabihin.

²³ Pinapunta nila ang munting kaibigan nating doktor mula pa ng Norway na nakaupong kasama natin ngayong umagang ito.

²⁴ At nakahanda na ang lahat niyang kagamitan, dahil nabanggit na alam niya na—na nais nung pasyente na siya ang mag-opera't alisin ang dibdib. At madugong trabaho nga 'yun. At—at dala-dala niya ang lahat ng tuwalya niyang panlatag, lahat mismo. Inihanda na nung nars ang ginang at dinala na siya sa silid na pag-ooperahan, at pagkatapos bumalik 'yung nars para dalhin naman 'yung mga instrumento para. . . na gagamitin

ng doktor at ng katulungan niya, para alisin na ang dibdib. At kaya inihanda nila 'yung mga tuwalya't mga bagay-bagay na inilatag sa ibabaw niya. At heto na nga't sinimulan na nila . . .

²⁵ Noong mag-uumpisa na siyang bumaling dun, 'yung asawa nung pasyente'y nais malaman kung maaari siyang maupo sa dulo nung silid at manalangin. Isa siyang holiness na mangangaral. At naupo siya roon sa tabi ng paa ng higaan, at nanalangin. Mangyari nga, na 'yung doktor ay di masyadong nasiyahan dun, alam n'yo na, na naroon 'yung lalaki. Pero basta't hindi siya titingin, at di siya magagambala, hayan nga, "Sa palagay ko'y ayos naman; hindi—hindi hihimatayin."

²⁶ Mangyari nga na habang nakaupo siya roon, nananalangin, may parang humuhugong-hugong sa loob ng silid. At bumaling ang doktor para . . . gamit ang instrumento niya, para simulang alisin ang dibdib. Isa-isa niyang inalis 'yung mga tuwalyang panakip. Wala man lang ni isang pilat sa dibdib; wala maski isang pilat. Ang sabi ng doktor, "Mangyari kayang—mangyari kayang. . . Naiba kaya ng puwesto?" At sinimulan niyang. . . At nagpatotoo mismo 'yung nars. Kapwa sila lumabas dun at naging pentecostal, na napuspos ng Espiritu Santo, na pinaglilingkuran ang Panginoon. Haya't wala maski isang pilat!

²⁷ Ang Doktor Holbrook ay nagpatotoo, mismo, ang sabi, "Isang minuto raw bago roon, may—may babae na nakaratay dun, at 'yung nars, at 'yung malala't malaking kanser ay nagkalat na mismo sa kanyang dibdib. At isang minuto lang ang lumipag, wala ni isang pilat kung saan ito umalis." Isa nga 'yan sa pinakamainam nating doktor ng medisina rito sa Amerika. Sinabi niya na siya'y kumbinsido sa mismong sandali na 'yun. At siya, sa ngayon, ay isa nang diyakono sa isang simbahan. Kita n'yo?

²⁸ Kita n'yo, iniisip lang ng mga tao na ang simbahan ay isang dako lang na pinupuntahan, at dito'y, "Oh, nagpupunta kayo roon para matutong maging mabuti, o bagay na parang ganoon." Hindi ganoon, kaibigan. Hindi. Ang Diyos ay Diyos. Siya'y kasing dakila ngayon kung paano Siya noon, kailanman noon. At Siya't nananatiling ganoon pa rin. At Siya'y isang. . . Iniibig nga natin Siya.

²⁹ Ngayon, nais nating bumasa ngayon mula sa Unang Pedro, sa ika-5 kabanata, sa ika-8 at ika-10 talata, bilang panimula.

Kayo'y maging mapagpigil, . . . mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, . . . ng leong umuungal, ay gumagala, na humahanap ng masisila niya:

Na siya'y labanan ninyong matatag sa . . . pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan.

At ang Dios ng buong biyaya, na sa inyo ay tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Jesus Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, magpapalakas, at magpapatatag sa inyo.

³⁰ Ang Diyos nga'y mapuri nang lubos! Ngayon sa Aklat ng Mga Taga-Efeso. Nais nating bumuklat dito sa Aklat ng Mga Taga-Efeso, sa ika-6 na kabanata, at nais nating bumasa sa ika-10 hanggang ika-17 talata, minarkahan ko rito.

Sa katapustapusan, mga kapatid ko, magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.

Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo.

Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadiliman ng sanlibutan—sa sanglibutan na ito, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.

Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, . . .kung magawa ang lahat, ay magsitibay.

Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, . . .may sakbat na baluti ng katuwiran;

At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;

Bukod dito, . . .ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.

At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:

³¹ Ngayon sa Aklat ni Daniel, nais kong bumasa nang ilan pa. Ngayon, Daniel sa ika-12 kabanata. Nais kong magsimula sa una, at magbabasa ako ng medyo—medyo mahabang bahagi nito, labing-apat na talata.

At sa panahong yaon . . .tatayo si Miguel, na dakilang prinsipal na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan: at magkakaroon ng . . .panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.

At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, at ang iba'y sa walang hanggang buhay, . . . ang iba'y sa kahihyan at sa walang hanggang pagkapahamak.

At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik palayo—mangagbabalik palayo ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man.

Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo—isara mo ang . . . aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.

At akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo ang ibang dalawa, . . . ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa may . . . kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon.

At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang . . . mga kababalaghang ito?

At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, panahon, at kalahati ng isang panahon; at pagka kaniyang natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, . . . ang lahat na bagay na ito ay matatapos.

³² Sa palagay ko diyan muna ako hihinto. Nais kong kumuha ng isang teksto, kung matatawag na teksto 'yun dun, mula dun, para hugutin itong kongklusyon na: *Ang Pinakadakilang Labanan Na Naganap Kailanman*. Yan po ang nais kong gamitin bilang teksto.

³³ Ngayon, ngayon kung paano ko nakuha itong teksto na ito para sa umagang ito: Kababalik lang namin; dalawa sa mga katiwala, dito sa simbahan, at ako, kami'y nagpunta ng Arizona. At humayo kami, hayan nga, sa isang pagtitipon sa Phoenix, kasama si Kapatid na Sharrit, sa kanyang tabernakulo. Pero noong malaman ko na may—may kapatid na nasa bayan, na nagdadaos ng mga gawain sa isang tolda, buweno, mangyari nga na medyo nag-aatubili ako na magdaos ng pagtitipon. Naisip ko na marahil idaos ko na lang ng Linggo ng hapon, para walang maabala sa kanilang mga simbahan. Pero, nalaman ko, na mayroon din pala siyang mga gawain sa Linggo ng hapon, mayroon din. At ako nga'y medyo—medyo nag-aalala sa pagdadaos nung gawain.

³⁴ At kaya kami na mga kapatiran, sa halip na lumabas nung araw na 'yun, dahil lumalabas kami't nangangaso, kami'y

nagpunta sa siyudad, doon at naghanda, at nagtungo sa mga gawain ni Kapatid na Allen. Nagdadaos ng mga gawain noon si Kapatid na A. A. Allen. Kaya nagpunta kami sa mga gawaing 'yun, at nangaral si Kapatid na Allen ng isang makapangyarihang pangangaral. Kami nga'y nagtamasa ng isang—isang panahon, isang mainam na panahon, sa pakikinig kay Kapatid na Allen, sa pakikinig sa—sa mga mang-aawit, at iba pa, kung paano sila umawit, at sumigaw, at nagtamasa nga ng isang dakilang gawain.

³⁵ At pagkatapos nasaksihan namin, habang nasa daan, ang kamay ng Panginoon. Saanman kami magpunta, kinakatagpo kami ng Panginoong Jesus. At may kung anong bagay ukol sa paglabas-labas mo roon nang mag-isa, sa ibayo ng disyerto. May kung anong bagay ukol dun, na kung makakapagsarili ka sa dako roon, may kung anong bagay na humahatak sa iyo. Yan, sa palagay ko, ang isa sa mga dahilan kung bakit gustung-gusto ko 'yung mga liblib na dakong tulad nun. Nakakalayo ka sa kapangyarihan ng kaaway, sadya kasing napakarami nun dito sa atin.

³⁶ Ang diyablo nga'y halos di makasaling maliban na lang kung may bagay siya na mapagkikilusan niya. Basta't mayroon siyang...Naalala n'yo ba 'yung mga diyablo na pinalayas mula kay Pulutong? Mayroon silang...nais nung mga 'yun na gumawa pa ng kaguluhan, kaya nagnais silang pumasok sa mga baboy. Kaya, ang mga diyablo'y nangangailangan ng bagay na makakakilos sila, isang tao na makakakilos sa pamamagitan nun.

³⁷ At ganoon din ang pamamaraan ng paggawa ng Diyos, siyanga. Kinakailangan Niya na magamit tayo. Siya'y nananangan sa atin, para kumilos sa pamamagitan natin.

³⁸ At marami ang dumating habang nasa biyahe kami, may mga panaginip sila. At ang Panginoong Jesus ay di kailanman nabigo't ibinigay ang interpretasyon nang tama, at naging ganoon mismo, eksaktong-eksakto mismo.

³⁹ At pagkatapos Siya'y talagang mabuti sa amin, na pinangunahan kami sa mapapangaso at sinabi sa amin kung nasaan ito. At, alam n'yo, ang makadako nga sa palibot na gaya nun, talaga pong kamangha-mangha. Mauupo na nakapalibot, gabi, sa tabi ng apoy, na malayo sa lahat, nang mga milya-milya ang layo sa lahat, at panoorin ang—ang kumikisap-kisap na apoy sa paligid nung mga batong nakapaikot. At, oh, kamangha-mangha nga!

⁴⁰ May isang kapatid dun, na nagkakaproblema siya ukol sa kanyang maybahay, na may...Mga taon ang nagdaan, inangat niya ang ulo niya sa isang pagtitipon, kung saan ako'y nagdadaos ng gawain. At hiniling ko sa kanila na iyuko lang nila ang kanilang ulo; may masamang espiritu kasi na ayaw umalis

dun sa isang—isang babae, na nasa entablado. At 'yung babae, dahil sa kawalan ng pitagan, iniangat pa rin ang kanyang ulo. At umalis 'yung espiritu dun sa babae, na nasa entablado, at lumipat sa kanya. At ito po'y maglalabing-apat na taon na, at ang ginang ay nasa ganoon nang kalalang kalagayan; malubha na, maging sa pag-iisip, na anupa't nakakagawa siya ng mga bagay-bagay na hindi tama. Halimbawa na lang, iniwan niya ang sarili niyang asawa, nagtungo't nag-asawa ng ibang lalaki habang nananahan siya kasama ang asawa niyang lalaki; ang sabi'y di raw niya namamalayan na ginawa niya 'yun. At kaya kanilang—kanilang sinubukan na ipatingin siya dahil dun. . . Ano nga uli ang tawag n'yo dun, kapag kayo'y. . . Amnesia? Yun. . . Naku, kung ano man ang tawag dun. Sa palagay ko'y 'yun nga, doktor. Pero hindi 'yun 'yun. Isa 'yung espiritu. At siya. . . At 'yung babae po'y kalugud-lugod na kaibigan ko. Pero noong gabi na 'yun, mula noon, sadya ngang galit na siya sa akin. Dahil, nakikita n'yo naman kung bakit.

⁴¹ Pero noong dumating ang kanyang asawang lalaki, at lumuhod kami sa silid para manalangin, mangyari nga na bumaba ang Espiritu Santo. Yun na 'yun. Pagkatapos nagpakita ang Diyos sa asawang lalaki nung babae noong gabing 'yun, sa isang panaginip. Bumalik siya na may panaginip, ang akala niya'y biro. Nalaman niya, 'yun pala ang mismong sagot sa kagalingan ng kanyang asawa. Ganoon na lamang ang pagkilos ng Espiritu Santo!

⁴² Sa pagpunta ko roon sa Tucson, kasama sina Kapatid na Norman at sila, at doon nga'y nagsimulang kumilos ang Panginoon muli na may dakila't, makapangyarihang mga bagay at paghahayag ng mga bagay.

⁴³ Isang gabi, ang nagbunsod sa akin sa kongklusyon na ito rito, nakatayo ako noon kasama sina Kapatid na Wood at Kapatid na Sothmann. At kami'y. . . Mga alas diyes ng gabi noon, at nakatingala ako sa kalangitan, at may malaking paghanga na lumukob sa akin. At sabi ko, "Tingnan n'yo nga mismo! Ang buong dakilang, makalangit na mga tala!" At sabi ko, "Ang lahat ay ganap mismong nagkakalakip-lakip."

⁴⁴ Tapos sabi ni Kapatid na Wood, "Sa pagtingin ko diyan sa dalawang munting bituwin na magkalapit na magkalapit sa isa't isa, hayan nga, nagmumukha nga itong isang liwanag."

⁴⁵ Sabi ko, "Pero, alam mo, Kapatid na Wood, ayon sa siyensiya, sa Dipper na 'yan, 'yang Munting Dipper, 'yang Malaking Dipper, 'yang mga bituwin na 'yan kung titingnan ay parang walang dalawang pulgada ang layo sa isa't isa; samantalang mas malayo sila sa isa't isa kaysa sa atin mula sa kanila. At kung magsisimula ang mga 'yun na umabot dito sa lupa, gugugol mismo, maski libo-libong milya pa kada oras, gugugol nang daan-daang taon para makarating dito sa lupa." Tapos sabi ko,

“Sa malapad na malaki’t, malawak na system dito, at sa kabila nun ay sinasabi nila sa atin na sumisilip sila sa mga teleskopyo, na ang abot ng tanaw ay sandaan at dalawampung milyong taon ng pagbabaybay ng liwanag, sa malayong-malayong ibayo; at may mga buwan at mga bituwin pa rin. At—at, sa kabila nun, nilikha ng Diyos ang bawat isa sa mga ito. At Siya’y naroon sa kalagitnaan ng mga ito.”

⁴⁶ Tapos sabi ko, “Sa dako roon, naituro sa akin, isang beses sa isang obserbatoryo, ang zodiac; simula sa Birhen, tumugaygay sa Kapanahunan ng Cancer, at tumugaygay sa kahuli-hulihan dun sa leon, sa Leo na leon. Ang unang pagparito ni Cristo, ay sa pamamagitan ng birhen; ang ikalawang pagparito, sa pamamagitan na ng Leon ng lipi ni Juda.” Tapos sabi ko, “Sinisikap ko ang lubos na makakaya ko para makita ang zodiac na ’yan, at di ko makita-kita. Pero, hayan nga, na naroon lang ’yun. Ang mga tao na pinagsanay, alam nila na naroon ’yun. Nakita ’yun ni Job. Ang mga tao noong araw ay sanay na makita ito. Yun nga’y isang Biblia, nung panahon na ’yun. Pero sa buong malapad na kalipunan ng milyun-milyon at bilyun-bilyon na—na sinag-taon, ang Diyos ay naroon sa kalagitnaan ng lahat ng ito, at Siya’y nakatunghay pababa. Naroon si Pablo. Ang nanay ko ay naroon din, sa kung saan, na nakatunghay rito.”

⁴⁷ At naisip ko ’yung kaayusan ng makalangit na mga tala, na wala ni isa sa mga ito’y lihis ang pagkakaposisyon. Ang bawat isa’y sumusunod sa nakaatang na tiyempo, nang ganap. Ang dakilang hukbo nga ng Diyos! Naisip ko ang mga sundalo; na paano kaya kung ang buwan ay malihis sa kaayusan nito, haya’t ang mundo nga’y mababalot ng tubig uli, sa loob lang ng ilang minuto. Ang mundo nga’y matutulad noong araw noong pagpasyahan ng Diyos na gamitin ito, para paglagyan sa atin dito ng Diyos. “Ito’y walang anyo, at walang laman, at ang kadiliman, at tubig ay nasa ibabaw ng daigdig.” At kung magagalaw ang buwan na ’yun, ibubunsod nun ang siya ring bagay muli. Kung ang buwan ay mauuga lang nang kaunti palayo sa mundo, ang mga tubig nga’y tataog. Kapag bababa naman, sumusunod ang mga tubig. Yun ang dakilang hukbo ng Diyos. At kapag naisip ko ang tungkol sa . . . na ’yun nga’y dakilang hukbo ng Diyos doon . . .

⁴⁸ Ngayon, nagtungo na kami sa higaan. At pagkatapos nagsimula akong magbulay na wala ni isa sa mga ’yun ang nawawala sa puwesto nila. Naglulumagi sila sa puwesto nila. At kung may paggalaw man, sa kung saan, nila, ’yun nga’y para sa isang layon, at makakaapekto ’yun sa lupang ito. Nakikita natin ang mga resulta nun ngayon, mula sa paggalaw nila papunta sa kabila nilang puwesto. May dulot nga. Naaapektuhan ang lahat ng bagay.

⁴⁹ At naisip ko, pagkatapos, na kung ang dakilang makalangit na hukbo, na gaya nun, ay kailangan na mamalagi sa kanilang

puwesto, para ilagay sa kaayusan ang lahat, ano na lang kaya kapag nawala sa kaayusan ang makalupang hukbo? Mangyari nga, na kapag may isa na nawala sa kaayusan, ganoon na lamang na ang kabuoan ay mawawala sa kaayusan! Ang buong programa ng Diyos ay malalagay sa alanganin kapag may isang bahagi na mawawala sa kaayusan. Dapat nga tayong magpatuloy na nagpupunyagi na mapanatili ang kaayusan ng Espiritu.

⁵⁰ At gagawin ko, sa Diyos, sa umagang ito, na madala natin ito patungo sa tunay na gawain ng pagpapagaling, na mapanatili natin ang bahaging ito...grupo na napagtipun-tipon natin sa ilalim ng bubong sa umagang ito, na may pagkakaisa, na ilalagay ng Espiritu Santo ang bawat bahagi ng Katawan, na narito sa umagang ito, sa isang pagkakaisa mismo, hanggang sa magkaroon ng isang kusang kagalingan ng kaluluwa at katawan, kung mananatili lamang tayong nanghahawakan sa ating mga posisyon.

⁵¹ Ngayon, gaya ng nabanggit ko sa simula, itong binibini na may kanser na ooperahan na ni Doktor Holbrook...ooperahan na. Ngayon, ang Diyos na nagbunsod ng humuhugong na ingay na 'yun na pumasok sa klinika, at alalis ang kanser nang hindi nag-iiwan maski isang pilat, hindi n'yo ba nalalaman na ang siya ring Diyos na 'yun ay nandito? At ang tanging bagay na hinihintay Niya, ay ang Kanyang—Kanyang hukbo'y dumako sa kanilang posisyon, gaya nung mga bituwin, na pumuwesto sa pagkakaposisyon.

⁵² Ngayon, alam n'yo ba, nagkaroon na tayo ng mga digmaan at mga digmaan, at mga alingawngaw ng mga digmaan? At kung makapapanatili pa ang mundo, magkakaroon pa tayo ng mas maraming mga digmaan. Pero alam n'yo ba na may dalawang kapangyarihan lang talaga sa buong sansinukob? Sa lahat nitong mga pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga bansa, at pagkakaiba-iba sa pagitan ng bawat isa, at lahat na, ang lahat ay tumutugaygay sa dalawang kapangyarihan. May dalawang kapangyarihan lang, at may dalawang kaharian lang; dalawang kapangyarihan, at dalawang kaharian. Lahat ng iba, 'yung mumunting maliliit na bagay, ay konektado sa isa't isa sa alinman sa mga kapangyarihang ito. At ang mga kapangyarihang 'yun ay kapangyarihan ng Diyos at kapangyarihan ni Satanas. Yang mismo...Bawat digmaan, bawat kaguluhan, lahat ng dumarating, siyanga't kontrolado alinman ng kapangyarihan ng Diyos o kapangyarihan ni Satanas, dahil 'yan lang ang dalawang kapangyarihan na mayroon. At 'yan ang kapangyarihan ng buhay at kapangyarihan ng kamatayan. Ngayon, 'yan lang ang dalawang kapangyarihan.

⁵³ At ang magagawa lang ni Satanas...Ang kapangyarihan niya, na taglay niya, ay ang baluktutin ang kapangyarihan

ng Diyos. Hindi nga tunay na kapangyarihan. Isa mismong pambabaluktot sa kapangyarihan ng Diyos, 'yun ang lahat ng mayroon si Satanas. Ang kamatayan nga'y binaluktot na buhay. Ang kasinungalingan ay katotohanan na mali ang pagkakasabi. Kita n'yo? Ang pangangalunya ay isang—isang akto na mali ang gamit, isang matuwid na akto na mali ang gamit. Kita n'yo? Ang lahat ng taglay ni Satanas ay bagay na binaluktot, pero ito'y isang kapangyarihan.

⁵⁴ At tayo, ngayon, na nakaupo rito, haya't 'yung isa o 'yung kabilang kapangyarihan ang kokontrol sa atin. Kaya iwaksi natin 'yung masama. Dumako tayo sa ating posisyon gaya ng mga bituwinn sa kalangitan.

⁵⁵ Gaya ng sinasabi ng Biblia, “Mga bituwinn gala,” doon sa Aklat ni Jude, “na pinabubula sa sarili nilang kahihyan.” At ayaw nating maging mga bituwinn gala; duda kung tama ba *ito*, duda kung tama ba *'yun*, duda kung mangyayari ba *ito*, duda kung. . . paano 'yun mangyayari. Huwag kayong lalag. Mamalagi kayo tulad nung mga bituwinn sa langit, bilang isang tunay na sundalo na nasa kanyang dako ng tungkulin. Tumindig kayo roon, na sumasampalataya! Buhay at kamatayan.

⁵⁶ Ngayon, ang isang hukbo, bago mismo ang isang hukbo, na ang isang bansa'y maghahanda para makidigma laban sa isang bansa, ito muna'y mauupo at aalamin kung ano ang tama at mali, at kung kakayanin ba nilang labanan ang katunggaling bansa o hindi. Itinuro 'yan ni Jesus. At kung gagawin 'yan ng mga tao, kung ang bansa ay—ay mauupo, at hihinto at pag-iisipang ang mga bagay na 'yun, ang kapwa panig, haya't wala na tayong mga digmaan.

⁵⁷ Ngayon, nasumpungan natin, na kung di 'yan gagawin ng isang tao, kung ang mga militar na pinuno ng bansa'y hindi mauupo, muna, at aalamin at titiyakin kung tama nga ba sila, at kung ang motibo't mga pakay nila'y tama, at kung may ba sapat sila na lakas at kapangyarihan para gapiin ang katunggaling hukbo, kung ganoon siguradong matatalo sila.

⁵⁸ Diyan teribleng nagkamali si Heneral Custer. Si Heneral Custer, sa pagkakaunawa ko, ay may mga utos siya mula sa gobyerno, na huwag pumunta sa lupain ng mga Sioux, dahil relihiyosong panahon 'yun noon para sa kanila. Panahon 'yun noon ng pagsamba. Nagdadaos sila ng isang piging. Pero nalasing si Custer, at naisip niya na maaari niyang gawin 'yun ano't anuman. Tatawid siya, 'yun man ay utos o hindi utos. At pagkatapos namaril sila mismo ng mga inosenteng kalalakihan, pinaputukan ang mga 'yun. Sa tingin ko natamaan nila ang ilan sa mga 'yun. Mga tagamanman 'yun, na nasa labas, nangangaso ng makakain, para ipakain sa kanilang—kanilang mga kababayan habang sila'y nasa pagsamba. At si Custer, sa pagtawid, natanaw niya sila, at inisip niyang lulusob

ang mga 'yun sa tagiliran nila, at kaya pinaputukan nila ang mga tagamanman. At 'yung mga tagamanman ay nagsitakas, nakabalik. Anong ginawa nila? Inarmahan nila ang mga sarili nila, at heto silang papalusob na. At 'yun ang katapusan ni Heneral Custer, dahil hindi siya nanatili sa pagkakaupo't nag-isip, muna.

⁵⁹ Wala siyang tungkulin dun. Wala siyang karapatan na magpunta roon. Tinulak niya ang mga Indian mula sa Silangang Baybayin, hanggang sa Kanluran, paano't paanuman. At mayroon na silang kasunduan, pero bumali siya sa kasunduan. At nang bumali siya sa kasunduan, haya't natalo siya sa labanan.

⁶⁰ At kaya ang isang hukbo, unang-una, sa paghahanda para sa isang labanan, unang-una'y may pili dapat, na mga ilang sundalo. Kinakailangan na nagagayakan sila para sa labanan. Kinakailangan na may pagsasanay sila sa labanan.

⁶¹ At naniniwala ako na ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman, ay handa na ngayong magsimula. Naniniwala ako na ang Diyos ay pumipili na ng Kanyang mga sundalo. Naniniwala ako na Kanya nang ginagayakan sila, pinagsasanay sila. At ang larangan ng digmaan ay nahahanda na ngayon, nakahanda nang magsimula.

⁶² Itong dakilang, unang labanan na pinaglabanan, ay nagsimula sa Langit, noong si Miguel at ang Kanyang Mga Anghel ay nakipaglaban kay Lucifer at kanyang mga anghel. Nagsimula 'yun unang-una, ang kauna-unahang labanan ay sa Langit. Kaya, ang kasalanan ay di nagsimula sa lupa, nagsimula 'yun sa Langit.

⁶³ At pagkatapos ibinagsak siya mula sa Langit, winaksi mula sa Langit, papuntang lupa, at nahulog sa mga tao. Pagkatapos ang labanan, mula sa mga anghel, ay naging labanan ng mga tao. At dumating si Satanas para wasakin ang mga nilalang ng Diyos, ang bagay na nilikha ng Diyos na para dapat sa Kanyang Sarili. Siyanga't, si Satanas, ay dumating para wasakin ito. Yun ang layunin niya, ang wasakin ito. Pagkatapos ang labanang 'yun ay nagsimula rito sa lupa, at nagsimula sa atin, at marahas na namamayagpag mula noon.

⁶⁴ Ngayon, bago ilantad sa sagupaan ang isang labanan, pumipili muna sila ng isang dakong tagpuan, o isang lugar kung saan maglalaban, isang piling dako.

⁶⁵ Noong Unang Digmaang Pandaigdig, may mga ganoong dako, isang dakong-walang-nakatira at mga lugar kung saan sila naglaban. At kinakailangan na may dako silang pinili.

⁶⁶ Katulad noong makidigma ang Israel sa mga Filisteo, may isang—isang—isang bulubundukin sa magkabilang gilid kung saan sila nagkatipon-tipon. At doon lumabas si Goliath at hinamon ang mga hukbo ng Israel. Doon siya kinatagpo ni David, sa may lambak, doon siya tumawid sa munting batis

na umaagos sa pagitan ng dalawang bulubundukin, doon siya pumulot ng mga bato.

⁶⁷ Kinakailangan na may dakong piliin. At dito, may isang— isang pinagkasunduang dako, dakong-walang-nakatira, at *dito* sila maglaban sa lugar na ito. Hindi nga sila, 'yung isa lalaban *dito*, at 'yung isa sa dako namang *ito*, at 'yung isa'y sasalakay sa dako *rito*. May dakong labanan kung saan sila magpapang-abot at susubukin ang kanilang mga puwersa, kung saan sinusubok ng bawat hukbo ang puwersa nito laban sa kabilang hukbo, isang pinagkasunduang tagpuan. Ngayon, huwag n'yong (kunin) mapalampas ito.

⁶⁸ Noong ang dakilang labanan na ito'y nagsimula sa lupa, kinakailangan na may pinagkasunduang tagpuan. Kinakailangan na may mapiling dako para magsimula ang labanan, at para ang labanan ay mamayagpag. At ang dako na 'yan ng labanan ay nagsisimula sa isip ng tao. Diyan nagsisimula ang labanan. Ang isip ng tao ang napiling dako ng labanan, kung saan dito ito magsisimula, at 'yan ay dahil ang mga pagpapasya'y binubuo mula sa isipan, sa ulo. Ngayon, di nila 'yun kailanman sinimulan mula sa kung anong organisasyon. Hindi nila 'yun kailanman sinimulan sa kung anong mekanikal na bagay. Ang dako'y di kailanman nagpasimula roon. Kaya naman, ang organisasyon na 'yun ay di kailanman, at di kailanman magagawa ang gawain ng Diyos, dahil ang dako ng labanan, kung saan kailangan mong sagupain ang iyong kaaway, ay sa isip. Kinakailangan mong bumuo ng pasya. Kinakatagpo ka nito.

⁶⁹ Nais kong ang munting dalagita rito, na malubha ang sakit, ay siguraduhing nakikinig siya rito ngayon, nang maigi.

⁷⁰ Ang mga pagpapasya'y binubuo sa isip, sa ulo. Diyan kayo kinakatagpo ni Satanas, at ang mga pagpapasya nga, dahil ginawa ng Diyos ang tao sa ganoong paraan.

⁷¹ Ngayon, mayroon ako rito (kung sisilipin n'yo itong tala ko rito) may isang munting mapa ako na iginuhit. Matagal na akong mayroon nito rito, sa . . . ginamit sa pisara. Ang tao'y binubuo na tulad ng isang butil ng trigo. Isa itong binhi. At ang tao ay isang binhi. Sa pisikal, kayo'y binhi ng inyong tatay at nanay; at ang buhay ay nanggagaling sa tatay, at ang lamukot ay galing sa nanay. Kaya, ang dalawa, na magkasama, ang itlog at ang—ang dugo, ay magkasamang dumarating. At doon sa selyulang dugo ay ang buhay. At doon ay nagsisimula, lumalaki, nabubuo ang—ang bata. Ngayon, alinmang binhi ay may talukap sa labas; ang loob ay lamukot; at ang loob ng lamukot ay ang binhi ng buhay. Buweno, sa ganoong paraan tayo ginawa. Tayo'y katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang panlabas, ang katawan, ang talukap; ang loob nun, ang konsensya at iba pa, ay ang kaluluwa;

at sa loob ng kaluluwa, ay isang espiritu. At ang espiritu ang namamahala sa lahat ng iba pa.

⁷² Ngayon, kung mauupo kayo sa pag-uwi n'yo, haya't gumuhit kayo ng tatlong mumunting bilog. Makikita n'yo riyon na ang panlabas na katawan ay may limang pandama kung saan ito kinauugnay, at 'yun ay ang paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig. Yun ang limang pandama na kinokontrol ang katawan ng tao.

⁷³ Sa loob ng tao ay isang kaluluwa, at ang kaluluwa na 'yun ay kinokontrol ng imahinasyon, kamalayan, memorya, pangangatwiran, at mga paggiliw. Yun ang bagay na kumukontrol sa kaluluwa.

⁷⁴ Pero, ang espiritu, ito'y may iisang pandama lang. Ang espiritu... Oh, kunin natin ito. May iisang pandama ang espiritu, at ang pandama na 'yun, na nangingibabaw rito, ay pananampalataya o pag-aalinlangan. Ganoon mismo. At may iisang lagusan lang dito, 'yun ang kalayaan sa pagpili. Maaari mong piliin na mag-alinlangan o maaari mong piliin na manampalataya, alinman sa isa rito na nais mong paganahin. Kaya naman, sinisimulan ni Satanas sa pangunahing bahagi, para ibunsod ang espiritu ng tao na pag-alinlanganan ang Salita ng Diyos. Nagsisimula rin ang Diyos sa pangunahing bahagi, para ilatag ang Kanyang Salita sa espiritu na 'yun. Hayan nga. Yun ang may gawa.

⁷⁵ Kung ang iglesyang ito, sa oras mismong ito ay maipaglalakip-lakip, at mapagbubuklod-buklod na sama-sama hanggang sa ang bawat isang tao'y nagkakaisa, na wala ni isa mang anino ng pag-aalinlangan sa kung saan man, walang magiging nanghihinang tao sa kalagitnaan natin, sa susunod na limang minuto. Wala ngang sinuman dito na nag-aasam ng Espiritu Santo na hindi matatanggap Ito, kung maisasaayos n'yo lamang ang naturang bagay. Ngayon, diyan nagsisimula ang labanan, sa inyong isipan mismo, loobin n'yo man.

⁷⁶ Ngayon alalahanin n'yo, hindi ito Christian Science, ngayon, na mas matimbang ang isipan kaysa sa pisikal na bagay. Hindi 'yan... Tinatanggap ng isipan ang Buhay, ang Salita ng Diyos, at doon ay nagdadala ng Buhay. Hindi 'yan kayang gawin ng isipan n'yo lang. Bagkus, ang Salita ng Diyos, ang nagdala sa loob ng lagusan ng iyong isipan. Kita n'yo? Hindi kaisipan, gaya ng ipinapalabas ng Christian Science, na mas matimbang ang isipan kaysa sa pisikal na bagay. Hindi. Hindi 'yun 'yun.

⁷⁷ Bagkus, tinatanggap nga Ito ng isipan mo. Sinusunggaban nito Ito. Ano ang nagkokontrol ng isipan n'yo? Ang espiritu n'yo. At sinasalo ng espiritu n'yo ang Salita ng Diyos, at 'yun ang bagay na may Buhay sa loob Nito. Ito ang nagdadala ng Buhay sa loob n'yo. Oh, kapatid! Kapag mangyayari ang bagay na 'yan, kapag ang Buhay ay bababa sa lagusan na

'yan, papasok sa iyo, ang Salita ng Diyos ay mahahayag sa iyo. "Kung kayo'y magsisipanatili sa Akin, at ang Aking Mga Salita'y magsisipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang inyong nais at ito'y ipangyayari sa inyo."

⁷⁸ Pagkatapos nga'y anong ginagawa nun? Mula sa sentro ng puso, na ang kaluluwa, haya't mula roon ay uusbong, dadaloy sa bawat lagusan. Ang problema nga, nakatayo tayo *rito* na napakaraming pag-aalinlangan, na ang tinatangang tanggapin ay 'yung bagay na *naroon* sa labas. Dapat n'yong itigil 'yan; at bumaling sa lagusan na 'yun kalakip ang tunay na Salita ng Diyos, at pagkatapos lalantad nga ito, mismo, nang kusa. Nakasalalay nga sa kung anong nasa kaibuturan. Yun ang bagay na mahalaga, ang nasa kaibuturan.

Ang paglapit nga ni Satanas ay mula sa loob.

⁷⁹ Ngayon, sasabihin n'yo, "Hindi ako nagnanakaw. Hindi ako umiinom ng alak. Hindi ko ginagawa ang mga bagay na ito." Wala ngang kinalaman 'yan dito.

⁸⁰ Kita n'yo, ang nasa kaibuturan nga. Kahit na gaano pa kayong kabuti, kahit gaano pa kayong kamoral, kahit gaano pa kayong katapat, siyanga't ang mga bagay ngang 'yan ay sinasaalang-alang naman. Pero ang sabi ni Jesus, "Maliban na ang isang tao'y maipanganak na muli." Kita n'yo? Kinakailangan na may bagay na mangyayari sa kaibuturan. Kung wala kayo nun, 'yan nga'y artipisyal lang na pagkukunwari, dahil sa kaibuturan ng puso n'yo ay nagnanasa pa rin kayong gawin 'yun ano't anumang. Hindi nga maaaring maging artipisyal. Kinakailangan na totoo mismo.

⁸¹ At may isang lagusan lang na maaaring dumaan 'yun, at 'yun ay sa pamamagitan ng daan ng kalayaan sa pagpili, darating sa kaluluwa, sa pamamagitan ng inyong mga pag-iisip. "Sapagkat kung ano ang iniisip ng tao sa puso niya, ay gayon siya." "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa puso mo, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi mo, ay kakamtin mo ang sinabi mo." Nakukuha n'yo ba? Hayan nga. Kita n'yo? Hayan ang dako ng labanan. Kung mabubunsod n'yo lang na maumpisahan 'yan, unang-una.

⁸² Sabik na sabik tayo na makita ang mga bagay na mapangyari. Sabik na sabik tayong gumawa ng bagay para sa Panginoon. Itong munting binibini nga'y hindi... siya'y sabik, di maikakatwa, na sabik mabuhay. Nais niyang maging maayos ang lagay niya. Ang iba pa na narito, ay nais ding umayos ang lagay. At kapag napapakinggan natin 'yung tungkol sa mga kaso, gaya nung sa doktor. 'yung pagkabuhay ng patay, 'yung dakila't makapangyarihang mga gawa na ginawa ng ating Diyos, hayan nga na nananabik tayo. At ang nangyayari tuloy, sinusubukan nating abutin 'yun sa pamamagitan ng mga pandama, para makapanghawakan sa isang bagay rito, gaya ng kamalayan.

⁸³ Napakaraming mga tao, sa napakaraming pagkakataon, ang mali ang pagkakahulugan sa Salita. At mali ang pagkakaintindi sa akin kadalasan, ukol sa pagtatawag ng pagdulog sa altar. Ang sinabi ko, “Hindi ako masyado sa pagtatawag sa pagdulog sa altar,” hindi nangangahulugan na huwag na kayong tumawag ng pagdulog sa altar.

⁸⁴ Pero may mga tao nga na susunggaban ang isa pa sa bisig, sasabihin, “Oh, Kapatid na John, alam mo ba? Ako at ikaw ay matagal nang magkapitbahay. Halika rito sa may altar, lumuhod ka.” Ano itong ginagawa niya? Sana may pisara ako rito, para maipakita kung anong ginagawa niya. Sinusubukan niyang gumawa sa kanyang kaluluwa, sa pamamagitan ng mga paggiliw. Hindi ’yan uubra. Hindi ’yan ang lagusan. Tunay, na hindi nga.

⁸⁵ Marahil siya’y kumikilos sa (sa ano?) isang memorya, sa pamamagitan ng pandama ng kanyang kaluluwa. “Oh, Kapatid na John, may kahanga-hanga kang nanay. Maraming panahon na siyang patay.” Isang memorya! Kita n’yo? Hindi n’yo magagawa ’yun.

⁸⁶ Kinakailangan na bumaba mismo sa linya ng kalayaan ng pagpili. Ikaw, mismo, hayaan mo ang Salita ng Diyos na... Hindi kayo lumalapit dahil ang nanay n’yo ay isang mabuting babae. Hindi kayo lumalapit dahil isa kayong mabuting kapitbahay. Lumalapit kayo dahil tinawag kayo ng Diyos na lumapit, at tinatanggap n’yo Siya sa batayan ng Kanyang Salita. Yang Salita ang bagay na mahalaga sa lahat. Yang Salita na ’yan! Kung magagawa n’yong alisin ang lahat ng bagay sa pagkakahambalang sa daan, lahat ng kamalayan, lahat ng mga pandama, at hahayaan lang ang Salita na pumasok, ’yang Salita ay maipapamunga nang eksakto.

⁸⁷ Heto, nakikita n’yo ba kung anong bumabalot Dito? Sasabihin n’yo, “Buweno, ngayon,” sasabihin n’yo, “buweno, itong mga ito, kamalayan at mga pandama, at iba pa, siyanga’t walang kinalaman ang mga ito rito, Kapatid na Branham?” Aba’y, mayroon nga. Pero kung ibubunsod n’yo ang Salita na pumasok, at balutan Ito ng kamalayan, hindi nga Ito tutubo; ito’y magiging binaluktot na salita.

⁸⁸ Nakakita na ba kayo ng isang mabuting butil ng mais na naitanim sa lupa, at hahayaan na mabagsakan ’yun sa ibabaw ng patpat? Tutubo ’yun na baliko. Alinmang gumagapang na halaman, anuman na tumutubo, ay ganoon ang sasapitin, dahil may bagay na humadlang dun.

⁸⁹ Buweno, ’yan ang problema sa pentecostal nating Pananampalataya sa panahon ngayon. Hinayaan natin ang napakaraming bagay na hadlangan Ito, ang Pananampalataya na itinuro sa atin, ang Espiritu Santo na nabubuhay sa

kaibuturan natin. Napabayaang natin ang napakaraming bagay, tumitingin pa sa iba.

⁹⁰ At sa tuwina'y sinisikap ng diyablo na ituro sa inyo ang kabiguan ng iba, pero sinisikap nitong ilayo kayo mula sa tunay na patotoo na dalisay. Ituturo kayo sa isang mapagpaimbabaw, sa isang pagkakataon, na lumabas para manggaya ng isang bagay. Hindi niya mismo ginawa, dahil nanggagaya lang siya. Pero kung galing 'yan sa tunay na pinagmumulan ng Salita ng Diyos, "Kalangitan at lupa'y lilipas, datapwat ang Aking Salita ay di maaaring lumipas," kinakailangan Nitong manatili roon.

Nakikita mo ba, kapatid na babae?

⁹¹ Kinakailangan na tanggapin Ito sa kaisipan, pagkatapos Ito'y sasampalatayanan ng puso. Pagkatapos ang Salita ng Diyos ay nagiging isang realidad, pagkatapos ang bawat pandama ng kaluluwa at katawan ay kukuskusin nang husto ng Espiritu Santo. Pagkatapos ang malay mo sa Diyos, ang kamalayan mo sa Diyos, ang lahat na maka-Diyos, ay dumadaloy na sa iyo. Wala nang pag-aalinlangan sa kung saan man. Wala nang anumang bagay na maaaring susulpot.

⁹² Wala nang anuman na biglang susulpot sa memorya, at magsasabi, "Buweno, naalala ko si Binibining Jones na nagsikap noon magtiwala sa Diyos, at si Binibining *Ganito-at-ganoon*. Nagsikap noon si Binibining Doe na pagkatiwalaan ang Diyos para sa kagalingan, isang beses, at nabigo naman siya." Kita n'yo?

⁹³ Pero kung ang lagusan na 'yun ay maalisan ng bara't malinis nang puspusan, at mapuspos sa loob ng Espiritu Santo, hindi na 'yun makakapasok sa memorya, kahit ano pa ang tungkol kay Binibining Jones at kung anong ginawa niya. Ito'y sa pagitan mo at ng Diyos, magkalakip, at wala nang iba pa kundi kayong dalawa lang. Hayan nga. Hayan ang pakikipagdigma mo. Patayin mo ang kaaway sa simula pa lang. Patayin mo siya kaagad habang siya'y papunta pa lang. Hindi ito kung gaanong kahaba mong mapapatagal ang laban. Haya't, patigilin mo na mismo ngayon!

⁹⁴ Kung lalapit ka, at ipinaiiral mo ang mga memorya na 'yan at kamalayan, at lahat na, na iniisip, "Buweno, baka ako'y mabibigo. Marahil di Ito tama." Huwag na huwag mong gagawin 'yun, ano't anuman.

⁹⁵ Isantabi n'yo ang lahat ng bagay, at buksan ang lagusan, at sabihin, "Diyos, ang Iyo pong Salita ay Walang Hanggang totoo, at Ito'y para sa akin. Kung mabigo man ang buong iglesya, kung mabigo man ang buong mundo, pero hindi ako mabibigo, dahil tangan-tangan ko ang Iyong Salita." Hayan ang labanan. Yan ang bagay.

⁹⁶ Bakit aalisin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang isang kanser mula sa dibdib ng isang babae, nang wala man lang

pilat, at hahayaan ang isang batang musmos na maratay lang at mamatay? Hindi, po.

⁹⁷ May isang munting batang babae rito, di pa katagalan, mula sa mataas na paaralan. Tumawag sa akin ang nanay niya, ang sabi, “Kapatid na Branham, ang anak kong babae’y may Hodgkin’s disease.” Yun nga’y kanser, namumuo-muong mga bukol. At kumuha ang mga doktor ng kapisaso mula sa biyak sa kanyang lalamunan, ipinadala para masuri, at talagang Hodgkin’s disease.

⁹⁸ Kaya ang sabi ng doktor, “Yung susunod na biyak, maaaring mabiyak sa puso na niya. Kapag nangyari ’yun, wala na siya.” Sabi, “Wala na siyang. . . ’yung paraan ng pagbiyak ng mga ’yun, mayroon na lang siyanga, mga, halos tatlong buwan, para mabuhay.”

⁹⁹ Ang sabi ng nanay, “Anong gagawin ko kung ganoon? Maaari ko ba siyang pabalikin sa eskuwelahan?”

¹⁰⁰ Sabi, “Sige’t papasukin mo lang, dahil baka lumisan na siya nang kaunting panahon na lang.” Tapos sabi, “Hayaan mo siyang pumasok at mamuhay nang normal, sa abot ng makakaya niya. Huwag mong sabihin sa kanya ang anumang.”

Kaya ang sabi ng ginang sa akin, “Anong dapat kong gawin?”

¹⁰¹ Sabi ko, “Dalhin mo siya at papilahin sa pila para sa pananalangin.” Tapos sabi ko, “Samahan mo siya.” Nakaramdam ako ng kakatwang pakiramdam.

¹⁰² At noong dumating ang munting batang babae, noong umagang ’yun, na parang kulay asul ang mga labi, dahil sa meykap, at ganoon kasi sila sa eskuwelahan. At—at dumaan na ’yung munting bata. Hindi ko alam na siya na pala ’yun; tinatawagan lang ako sa telepono. Hinawakan ko ang kamay niya. Sabi ko, “Magandang umaga, kapatid na babae.” Hayun siya. Siya nga ’yun. Pagkalipas ng kaunting sandali, tumingin ako sa kanyang nanay at nakita na kapwa sila walang Diyos, walang Cristo. Sabi ko, “Papaano ka makaaasa ng kagalingan sa mga katayuang ito? Tatanggapin mo ba si Jesus Cristo bilang iyong personal na Tagapagligtas?” Sabi ko, “Makapupunta ka ba sa tubigan na ito rito at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng iyong mga pagkakasala?”

Ang sabi nila, “Gagawin namin ’yan.”

¹⁰³ Oh, alam n’yo ba kung anong nangyari. Marahil nakaupo dito ang babae sa umagang ito. Marami sa inyo ang nakakaalam sa kaso. Si Kapatid na Mike Egan, isa sa mga katiwala rito, ay nasaksihan ’yung kaso. Mga nasa apat o limang taon na ang nakararaan. Dinala pabalik sa doktor ’yung munting batang babae, haya’t wala ni isa mang palatandaan ng Hodgkin’s disease na natagpuan sa kanya.

¹⁰⁴ Anong nangyari? Kinakailangan n'yong buksan ang lagusan, unang-una. Kinakailangan mo ang Sundalo, ang Espiritu Santo, na mailagay sa unahan ng labanan, na nananangan sa Salita ng Diyos. Siya ang Salita. At sa pagkakatayo Niya roon, wala ngang anumang bagay ang makapipigil Dito. Walang bagay na maaaring . . . Bawat isa dun sa ibang mga lagusan ay inalisan ng bara. Gaya ng isang lumang pakuluan na may baradong daluyan; kung lalagyan mo 'yun ng apoy, sasabog lang ang buong 'yun. Yan ang nangyayari sa napakaraming sumasabog na Cristiano, siyanga't dahil hindi nila nililinis nang husto ang mga lagusan, hindi sila bumababa sa kaibuturan. Kinakailangan mong linisin ito, ang kamalayan, memorya, mga kaisipan, isinasantabi ang lahat ng bagay, at magmumula sa loob palabas, kalakip ang dinabahirang Salita ng Diyos, na Ito ang Katotohanan.

¹⁰⁵ Di alintana kung sampung libo man ang mamatay sa panig na *ito*, ngayong araw, na nananalig; sampung libo man ang mamatay sa panig na *'yun*, kinabukasan, na nananalig; wala nga 'yung kinalaman sa akin. Ako'y indibiduwal. Ako yaong nananalig. Ako yaong sumasampalataya rito. At makikita natin roon, kung nais natin buksan ang mga lagusan kung ganoon, kung magagawa natin, at titingnan. Masusumpungan natin *itong* isa at *yaong* isa, at *itong* isa at *yaong* isa, libo-libo sila, na nagpapatotoo.

¹⁰⁶ Pero ang diyablo nga'y susubok na makabaling pabalik. Kita n'yo, kung makakapasok siya roon, sa anumang paraan, haya't tinalo na niya ang hukbo mo roon.

¹⁰⁷ Kung mananangan kayo sa inyong mga pandama, paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, at pandinig, siyanga't ayos lang ang mga 'yan, pero huwag na huwag mong pagkakatiwalaan ang mga ito maliban na ang mga ito'y sumasang-ayon sa Salita. Ayos lang ang mga ito, pero, kung di sumasang-ayon ang mga ito sa Salita, huwag n'yong pakinggan ang mga ito. Ngayon, ang mga imahinasyon, kamalayan, mga memorya, mga pangangatwiran, at mga paggiliw, ayos lang ang mga ito kung sumasang-ayon sa Salita. Pero kung ang inyong paggiliw ay di sumasang-ayon sa Salita, iwaksi n'yo ito. Pasasambulatin n'yo lang ang lagusan, nang biglaan. Kita n'yo? Kung ang inyong pangangatwiran ay di sumasang-ayon sa Salita, layuan n'yo ito. Tama. Ang makina . . . Kung ang inyong memorya, kung ang inyong mga imahinasyon, kung ang inyong konsensya, alinman, ay di sumasang-ayon Doon sa kung ano ang nasa kaibuturan, iwaksi n'yo ito.

¹⁰⁸ Ano nang mayroon kayo kung ganoon? Mayroon kayong isang solar system. Hallelujah! Ito nga'y, isinaayos ng Diyos ang mga bituwin sa pagkakapuwesto at nagsabi, "Bumitin kayo riyan hanggang sa sabihin Ko sa inyo!" Nanatili nga ang mga 'yun dun. Walang anumang bagay ang makalilipat sa kanila. Kapag mailalagay ng Diyos ang isang tao sa Kanyang mga kamay, hanggang sa maibubunsod ang mga pandama ng taong

ito, ang kamalayan, ang lahat na malinis, hanggang sa tatayo ito na ang Diyos ay nasa likuran nito, sa espiritu, haya't walang diyablo sa mundo ang makasusuksok ng pag-aalinlangan doon. Tama nga.

Lalapit 'yung kaaway at magsasabi, "Hindi naman umigi ang lagay mo."

¹⁰⁹ Yung kamalayan mo nga'y naisantabi na, sa ganoon. Yung lagusan nga'y walang kabara-bara, sisigaw mismo ito, "Hallelujah!" Yung labasan ay sisipol, "Kaluwalhatian sa Diyos!" Ito nga'y magliliwanag, tunay nga, na kasing linis at klaro mismo, na ang Salita ng Diyos ay makakakilos na rito, ang Kapangyarihan ng Diyos. Kita n'yo? Yun 'yung pangunahing bagay.

¹¹⁰ Yun 'yung dako n'yo ng labanan. Ang dako n'yo ng labanan ay narito mismo sa simula, dito mismo sa kaluluwa, doon sa kaibuturan ng inyong isipan na nagbubukas. Ang—ang kaisipan ang pintuan ng kaluluwa, o ang pintuan ng espiritu, ang ibig kong sabihin. Ang isip n'yo ay alinman sa magbubukas at tatanggapin ang espiritu, o tatanggihan ang espiritu. Marahil magkakaroon kayo ng kaunting kamalayan, at kaunting nadarama, at munting mga sensasyon, lahat ng mga bagay na ito. Wala 'yung kinalaman dito. Mumunting mga sensasyon lang 'yun at mga bagay-bagay. Pero pagdating sa realidad, ang inyong isip ay nagbubukas. Alinman sa tatanggapin ito ng inyong isip o tatanggihan ito. Ganoon nga, mga kaibigan.

Diyos, huwag Mo pong itulot na may makapagpalampas nito.

¹¹¹ Kita n'yo, ang isipan n'yo ang nagbubukas ng pintuan; o nagsasara ng pintuan, at nakikinig sa inyong kamalayan, nakikinig sa inyong memorya, nakikinig sa inyong mga paggiliw. Pero kung ipipinid ng inyong isip ang sarili nito sa mga bagay na ito, at hahayaan ang Diyos, ang Espiritu ng Kanyang Salita, na pumasok, hihipan Nito ang iba pang mga bagay palabas. Bawat pag-aalinlangan ay mawawala. Bawat takot ay mawawala. Bawat sensasyon ng pagdududa ay mawawala. Bawat pakiramdam ay mawawala. Walang mananatili roon na nakatayo kundi ang Salita ng Diyos, at di makakontra si Satanas laban Dun. Hindi, nga. Hindi niya kayang kumontra laban Dito. Ngayon, alam natin na totoo 'yan.

¹¹² Namamayagpag ang mga labanan na ito mula pa noong araw sa halaman ng Eden, ang labanan sa isip ng tao. Sinimulan 'yun ni Satanas. Anong ginawa niya noong makatagpo niya si Eba? Hindi niya tinanggihan ang Salita ng Diyos, bagkus pinalamlam niya Ito. Pinahinto niya ang ilan sa mumunting mga lagusan dito sa kung saan. Ang sabi niya, "Ngunit tunay na ang Diyos. . ." Genesis 3:1. Kita n'yo? "Tunay, na ang Diyos, ang lahat ng mga bagay na ito na Kanyang—Kanyang—Kanyang

ipinangako...” Alam niya na ang Salita ay tama. Pero alam niya na di siya maaaring lumantad lang dun at isambulat Ito, paalingawngawin nang ganoon, bagkus kanyang—kanyang—kanyang binalutan Ito ng matamis.

¹¹³ Katulad ng ginagawa noon ni nanay para uminom kami ng gamot, at sinusubukan niyang maglagay ng orange juice sa langis na castor. Naku, mas iinum ko 'yung castor oil nang walang orange juice! Alinmang bagay nga na pagkukunwari! Kita n'yo? Si nanay...Dati kinakailangan naming bumangon ng gabi, at bibigyan kami ni nanay ng langis ng karbon, para sa pamamaga ng lalamunan. At maglalagay siya ng langis ng karbon, at lalagyan 'yun ng asukal; kita n'yo, medyo pagkukunwari nga. Pero lalapnusin lang nun 'yung tonsil n'yo, halos, sa pagbaba nun, kapag wala na 'yung asukal.

¹¹⁴ Buweno, ganoon nga ito, kaibigan. Sinusubukan ni Satanas na—na maging mapagpanggap ukol dito. Sinusubukan niyang magpakita sa inyo ng isang bagay na mukhang mas mabuti, mukhang mas madaling paraan, mukhang mas matinong plano. Pero wala nang mas titino pang plano kaysa dun sa inilatag ng Diyos sa simula, ang Kanyang Salita. Panghawakan n'yo ang Salita na 'yun. Panghawakan n'yo mismo Ito. Hayaan n'yong hawakan kayo Nito. Manatili kayo Rito. Yun—'yun ang mahalaga.

¹¹⁵ Namayagpag ang labanan noong binuksan ni Eba ang kanyang isip, na makinig sa kanyang pagrarason. Yun 'yung daluyan na pinasukan nun. Yun 'yung—'yung lagusan na ginapangan nun papasok, ang kanyang pagrarason. Siya, sa kanyang kaluluwa, siya'y nagrason.

¹¹⁶ Ang mga mata niya'y paningin. Nakita niya ang serpiyente. Ang serpiyente'y maganda, guwapo, malayong higit kaysa sa sarili niyang asawang lalaki. Siya ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop sa parang, at siya marahil ay mas mainam na lalaki kaysa sa asawa niya. Mukha siyang isang matipuno't lalaking-lalaki na hayop na nakatayo roon. Ganoon nga siyang kainam! At sinisikap nitong sabihin sa babae kung gaanong kainam na bagay nun.

¹¹⁷ At ang unang bagay na ginawa nung babae, binuksan nung babae ang isipan niya. At noong binuksan niya, nahagip 'yun ng pantaong pagrarason. “Naku, hindi ba't nakakakabog-damdamin 'yun?”

¹¹⁸ Yan ang bagay na ginagawa niya sa isang babae sa panahon ngayon. Isang babae na may kalugud-lugod na munting asawang lalaki, kapag makakakita ang babaeng 'yun ng matipuno't, malaki ang katawan, na lalaking-lalaki. Susubukan nung lalaki na buksan ang mga pagrarason ng babaing 'yun. Alalahanin n'yo, si Satanas 'yun. Ang diyablo 'yun. O, maski bise-bera, lalaki sa babae, babae sa lalaki, alinman. Anong ginagawa

niya? Gumagawa sa kapangyarihan na 'yun ng pagrarason, sa kamalayan na 'yun o kung ano, unti-unti siyang gagapang dun.

¹¹⁹ Pero dapat ibigay n'yo sa Salita ng Diyos ang pangunahing dako. Ang isang tao'y hindi man lang makalalapit. . . Hindi siya maaaring magkasala. . . Hallelujah! Heto nga. Ito nga'y kararating lang, na sariwa pa. Ang isang tao'y hindi maaaring magkasala hanggang sa iwaksi niya muna sa tabi ang Salita ng Diyos. Hindi nga siya *makapagkakasala*, 'yun nga'y "di-panampalataya," hanggang sa iwaksi niya muna ang Salita ng Diyos, ang Presensya ng Diyos, hindi siya maaaring magkasala.

¹²⁰ Hindi makapagkakasala si Eba hanggang sa isantabi niya ang Salita ng Diyos, na binuksan ang kanyang lagusan ng pagrarason papasok sa kanyang kaluluwa, at nagsimulang magrason. "Aba, tunay nga. Hindi kailanman sinabi ito sa akin ng asawa ko, pero naniniwala ako na ikaw. . . Sinabi niya sa akin na huwag itong gawin, pero, alam mo, inilatag mo nga ito nang makatotohanan at sobrang payak. Ako'y—ako'y naniniwala na magiging kahanga-hanga ito, dahil inilalatag mo ito sa akin nang sobrang payak sa akin." Kita n'yo, 'yun ang unang labanan. At, sa pamamagitan ng labanan na 'yun, idinulot nun ang iba pang labanan. At bawat pagdanak ng dugo na dumating, ay ibinunsod sa dako roon sa Eden. Hindi sinampalatayanan ng babae ang Salita ng Diyos.

¹²¹ At kung isang munting tuldok ng Salita ng Diyos na di nasampalatayanan, ay nagbunsod ng lahat ng kaguluhang ito, bakit pa tayo babaling pabalik, sa di pagsampalataya sa Salita? Hindi n'yo nga magagawa. Kinakailangan isara itong lahat ng ibang mga bagay, kamalayan, mga memorya, at sabihin. . . mga pagrarason, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. "Iwaksi ang pagrarason." Hindi tayo dapat magrason ukol dito, ano't anuman, hindi maaari talaga.

¹²² Dapat nating tanggapin ang Salita sa batayang, "sinabi mismo ng Diyos," at maglatag ng daluyan sa pagitan n'yo at ng Diyos. Bawat lagusan ay bubukas sa pagitan n'yo at ng Diyos, kung ganoon.

¹²³ Hayan ang labanan, ang pinakauna mismo, na hanay sa unahan. Huwag tayong gumamit lang ng .22 na mahabang baril; gumamit mismo tayo ng—ng bombang atomika. Siguraduhin nating magagawa nang tama. Gamitin natin ang bombang atomika ng Diyos. "Ano po 'yun, Kapatid na Branham?" P-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a sa Kanyang Salita. Yun ang bombang atomika ng Diyos. Pasasambulatin nun ang karamdaman at mga kasamaan, sa kanan at kaliwa. Lilipulin nito—nito ang mga 'yun. Pipinsalain. . . Oh, ito'y. . . Ito nga'y wawasak mismo. Lulusawin nito ang lahat ng masama. Kapag ang bomba ng pananampalataya'y ihuhulog doon, kalakip ang Salita ng Diyos,

pasasambulatin nito ang bawat diyablo, bawat sakit, bawat karamdaman.

124 Sasabihin n'yo, "Ganoon po ba 'yun, Kapatid na Branham? Kung ganoon bakit nagpapangyari 'yun, sa iba, at sa iba naman ay hindi?"

125 Dahil nga sa lagusan. Maaari kayong tumingin palabas at tingnan ito. Pero kinakailangan n'yong ilagay ito *rito*, na nakatingin sa gawi *rito*. Hindi sa gawi *roon*, na nakatingin papaloob; kinakailangan na nasa loob kayo, na nakatingin palabas. Kita n'yo? Hindi kayo maaaring dumulog sa pamamagitan ng rason. Hindi kayo makadudulog sa pamamagitan ng iba pang mga bagay na ito. Kinakailangan n'yong tumugaygay sa lagusan ng Diyos ukol dito, papasok sa kaluluwa. At paano n'yo gagawin ito? Ano 'yung huling lagusan?

126 Ito'y magra...papasok mismo. Sasabihin n'yo, mga pandama, "Oh, aking—aking nararamdaman ito. Siyanga, naroon ito. Uh-huh. Oh, marahil aking—aking naaamoy, o kung ano pa. Ang mga bagay na ito'y naroon. Oo." Ang susunod na bagay, magrarason kayo, "Buweno, mukha namang alam niya ang sinasabi-sabi niya. Sinasabi ng doktor na di na talaga ako gagaling. Marahil 'yun na 'yun." Kita n'yo, doon pa lang mali na kayo—kayo. Ang diyablo 'yan na nakatayo riyan. Ang diyablo 'yun na sinusuksok-suksok ang mga bagay na ito sa inyo. Huwag n'yong paniwalaan.

127 "Hallelujah! Sinabi ng Salita ng Diyos na ako'y... 'Higit sa lahat ng mga bagay, ako'y sasagana sa kalusugan.' Tama." Papaano kayo magiging tunay na sundalo sa dako roon? Kita n'yo, "Nais Kong sumagana kayo sa kalusugan."

128 Hayan nga ito, doon mismo, sa mga lagusan na 'yun, kunin n'yo ang mga 'yun, buksan. Huwag...

129 Ikutan n'yo ang mga 'yun, pagkatapos kung makakapasok si Satanas dun, na dadaan dito sa mga kamalayan at lahat na nitong iba pa, hayan nga na makatutuloy siya rito sa dulo ng kaluluwa, sa kaisipan. Ngayon, kung magagawa niya na kayo'y...Hindi nga kayo—hindi nga kayo titingin ni sa isa man lang sa mga ito hanggang sa unang-una'y patuluyin n'yo siya *rito*. Kinakailangan ngang mapatuloy n'yo muna siya rito. Pagkatapos kapag nakapasok na siya, siya na ang may kontrol. Pagkatapos anong gagawin niya? Magsisimula siyang gamitin ang kamalayan. Sisimulan niyang gamitin *ito*, sisimulang gamitin ang labasang *ito*. Ano ito? Paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig; mga imahinasyon, kamalayan, memorya, mga rason, mga paggiliw. Sisimulan niyang gamitin ang lahat ng iba't ibang mga munting lagusan na 'yun, basta't nakakapasok siya, sa ibabaw ng isang *ito* na narito. Kinakailangan niya kasing makapasok sa inyong isipan, unang-una, at kinakailangan mong tanggapin. Magagawa nitong...

Pakinggan n'yo. Magagawa nitong sumiksik nang sumiksik sa inyo, pero hindi ito makakapasok hanggang sa tanggapin n'yo ito.

¹³⁰ Noong lumapit si Satanas kay Eba, at nagsabi, “Alam mo, mainam ang bunga,” huminto ang babae pansumandali. Oh, diyan nga siya nakagawa ng pagkakamali, noong huminto siya pansumandali.

¹³¹ Huwag na huwag kayong hihinto. Kamit n'yo ang Mensahe. Nabubuhay si Jesus. Ang Diyos ay isang Tagapagpagaling. Yan ang Mensahe. Huwag na huwag kayong huminto sa kung ano man, sa kung ano mang pagrarason, sa kung ano pa mang ibang bagay.

¹³² Pero huminto siya pansumandali. Doon lumakad si Satanas papasok sa isipan na 'yun. Sabi, “Buweno, mukha namang makatuwiran.” Oh, huwag n'yong gawin 'yun. Paniwalaan n'yo lang kung ano ang sinabi ng Diyos.

¹³³ Si Abraham, ano kaya kung huminto siya para magrason, noong sabihin Niya sa kanya na siya'y magkakaroon ng sanggol kay Sarah, at si Sarah noon ay animnapu't lima at siya nama'y pitumpu't lima? At noong siya'y sandaan na, at si Sarah ay—at si Sarah ay siyamnapu, siya, pa rin, kanyang—kanyang—kanyang dineklara na ang Salita ng Diyos ay totoo. At tinawag niya ang mga bagay na 'yun, na wala, na tila ba naroon ang mga ito. Kita n'yo? Siya. . . Maski umasa, mayroon bang anumang pag-asa? Hindi nga siya gumamit ng pag-asa.

¹³⁴ “Buweno,” sasabihin n'yo, “Umaasa ako na iinam ang lagay ko. Umaasa ako na gagaling ako. Umaasa ako na matatanggap ko ang Espiritu Santo. Umaasa ako na Cristiano ako. Umaasa ako na magagawa ko *ito*.” Ayaw n'yo ng ganoon.

¹³⁵ Si Abraham ay di man lang tumingin sa ganoon. Amen. “Maski sa kawalan ng pag-asa, nanatili siyang sumasampalataya sa Salita ng Diyos.” Higit nga ang pananampalataya sa pag-asa. Bumabaling pabalik *dito* ang pananampalataya, sa loob. Ang pananampalataya'y nanggagaling *dito*.

¹³⁶ Paano siya nakakapasok? Sa pamamagitan ng kaisipang ito, sa—sa pintuang ito, naroon ang dako ng labanan.

¹³⁷ Ngayon, kapag iniayos na ang pakikipaglaban! Ngayon, nakaupo ang diyablo malapit sa bawat puso, ngayong umaga. Nakaupo siya, malapit sa puso ng munting batang babae. Nakaupo siya malapit sa inyong mga puso. Nakaupo siya sa buong palibot diyan. Bumubulong siya, “Oh, nakita na kitang sinubukan na ito dati. Narinig ko na 'yan.”

¹³⁸ Palayasin n'yo siya. Ganoon mismo. Palayasin n'yo siya. Ano ang sinasabi ng Biblia rito, sa ating teksto? “Palayasin siya.” Tama. “Palayasin siya.” Tayo'y pinagsanay na.

139 Iniisip ko, “Anong nangyayari sa atin na mga mangangaral?” Iniisip ko kung ano kayang uri ng pagsasanay ang mayroon tayo.

140 Nagsasanay ang Diyos para sa dakilang labanan na ito. Sinasabi roon ng Mateo 24, at maging sa Daniel 12, ang sabi, “Magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na wala pang ganoon kailanman sa lupa.” At nabubuhay tayo sa panahon na ‘yan ngayon, kung kailan ang kultura, at edukasyon, at mga bagay-bagay, ay tinatabunan na ang Salita ng Diyos, at napadpad na sa mga pagraron at kung ano pa. Ang labanan ay ngayon na. Sino ang makatatayo? Hallelujah! Handa nang pumasok ang labanan. Siya’y iniayos na ngayon. Tingnan n’yo kung gaanong kabigat na kalaban ang mayroon tayo dun sa ibayo.

141 Sino kaya ang magiging tulad ni David? Na nagsabi, “Tumatayo lamang kayo at hinahayaan ang di-tuling Filisteo na ito na hamunin ang mga hukbo ng buhay na Diyos? Ako’y hahayo para kalabanin siya.” Amen. Nais ng Diyos ng mga kalalakihan at mga kababaihan sa umagang ito na magagawang tumayo at magsabi, “Pagkakatiwalaan ko ang Panginoon sa Kanyang Salita.” Amen. Kahit na ano pa ang mabigo, na *ganito* at *ganoon*, at kung ano man ang ginawa ng isang *’yun*. Wala nga ’yung kinalaman dito. Kayo na mga Saul, at iba pa, kung kayo’y takot sa kanya, bumalik na lang kayo sa kung saan kayo nababagay. Pero, ang hukbo ng Diyos ay umuusad nang pasulong, amen; mga kalalakihan ng kagitingan, mga kalalakihan ng—ng—ng pananampalataya, mga kalalakihan ng kapangyarihan, mga kalalakihan ng kaunawaan. Di nila kinakailangan na maging matalino. Hindi nila kinakailangan na maging edukado. Kinakailangan nilang maging lagusan. Ang ginagamit ng Diyos ay yaong mga mumunting lagusan na ’yun.

142 Huminto siya pansumandali, para magrason, na sinasabi, “Buweno, ngayon, tingnan ko.” Buweno, para ngang, ano kaya . . .

143 Itong munting binibini, sa umagang ito, walang duda na sinabi sa kanya ng doktor, na halos nasa dulo na siya ng kanyang daan, “Wala nang magagawa pa.” Buweno, ngayon, ang doktor ’yun. Hindi ko kinokondena ang doktor. Ang lalaking ’yun ay isang alagad ng siyensiya. Nakikita niya na nilamon na nung sakit ’yung katawan ng bata. Yun nga’y lampas na sa anupaman. Wala siyang gamot para pahintuin ’yun.

144 Haya’t tunay namang nilamon ng kanser na ’yun ang babae na ’yun; tunay, nilamon ng kamatayan ang batang ’yun; pero ang ating Pinunong Kapitan, hallelujah, ng dakilang hukbo na ito, Siya ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Walang makagagapi sa Kanya. Hallelujah!

145 Ang talino ng hukbo’y nakasalalay sa mga kapitan nito, ’yung dunong. Si Rommel, ng Alemanya, siya noon ang talino ng

Alemanya; hindi si Hitler. Si Rommel! Tama nga. Si Eisenhower! Mga kalalakihan sa militar! Si Patton! Ang mga kalalakihang 'yun na naroon sa unahan, nakasalalay ang mga ito sa utos na ibibigay nila. Sundan n'yo ang inyong kapitan, kung siya nga'y tamang uri ng isang heneral. Kung siya'y tamang uri, kung siya'y heneral na may apat na estrelya, kung siya'y subok, kung siya'y napatunayang tama, sundin n'yo siya. Kahit na para bang mali, para sa inyo, pumaroon kayo sa unahan. Gawin n'yo mismo ang pinagagawa niya.

¹⁴⁶ Hallelujah! May limang-estrelayang Heneral tayo, na ang baybay ay J-e-s-u-s, na naglalagay sa atin ng limang estrelya, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a. Hindi Siya natalo kailanman sa anumang labanan. Hallelujah! Ginapi Niya ang kamatayan, impyerno, at ang libingan. Tabuyin n'yo ang mga diyablo sa pagkakahambalang sa daan. Siya ang dakilang Pinunong Kapitan. Kaya, wala man lang sa eksena ang diyablo.

¹⁴⁷ Ang pinakadakilang labanan na namayagpag kailanman, ay nakahanda na mismo ngayon. Tunay, heto nga. Oh! Hallelujah!

¹⁴⁸ Kapag iniisip ko 'yun! Kapag nakatayo ako't nakaantabay sa Kanya na gumagawa ng mga bagay-bagay, nakikita Siya na naghahayag ng mga bagay-bagay, nagbubukas ng mga bagay, nagsasabi, "Magiging *ganito* at *ganoon*," hayan nga ito! Oh, lilington *dito*, at magsasabi, "Sino ang dakilang Kapitan na ito?" Oh, hindi ako lilington at titingnan kung si Doktor *Ganito-at-ganoon* ba ito. Ang titingnan ko'y ang sinabi ng Kapitan. "Siya ang Kapitan ng ating kaligtasan." Hallelujah! Ano ang kaligtasan? Paglaya! Luwalhati! "Siya ang Kapitan ng ating paglaya."

¹⁴⁹ Ang dakilang oras ng paglusob ay napipinto na. Hallelujah! Kawal, na may kumikinang na mga baluti, mga banderang wumawagayway! Nakahanda na sa pagkakahayan ang pananampalataya at pag-aalinlangan sa pagkakaupo mo, sa tabernakulong ito, ngayong umaga; pag-aalinlangan sa isang panig, pananampalataya naman sa kabila. Mga sundalo, tumayo kayo sa dako ng tungkulin na iniatang sa inyo. Hallelujah! Ang ating Kapitan, ang Tala sa Umaga, ang nangunguna. Hindi Siya umuurong. Hindi Niya (kailanman) alam ang salitang atras. Hindi Niya kailangang umatras. Amen. Tunay nga.

¹⁵⁰ Ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman, ito nga'y nangyayari na mismo ngayon, siyanga, po, sa pagitan ng buhay at kamatayan, sa pagitan ng karamdaman at kalusugan, sa pagitan ng pananampalataya at pag-aalinlangan, oh, grabe, sa pagitan ng kalayaan at pagkaalipin. Tuloy ang labanan! Pakintabin n'yo ang inyong mga sibat, mga sundalo. Pakintabin ang baluti. Inihahanda na ng Diyos ang Kanyang mga kawal. Amen. Pinapahiran ng Diyos ang Kanyang hukbo.

151 Dinadamitan ng Amerika ang kanilang mga sundalo ng pinaka mainam na magagawa nila na maipandadamit: bakal na helmet, at mga baluti, at mga bagay na mayroon sila, armored na mga tangke, o kung ano man na sinasakyan nila.

152 Dinadamitan ng Diyos ang Kanyang hukbo. Hallelujah! Ano bang klaseng kagamitan ang ginagamit natin? Ang Espiritu ng Tabak, ang Salita ng Diyos! Amen! “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim,” Mga Hebreo 4, “na bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng buto, maging sa—sa utak ng buto, na anupa’t madaling Kumikilala ng mga pag-iisip ng isipan.” Ang Salita nga ng Diyos! Ang manampalataya sa Kanyang Salita, at sa ganoong paraan nagsasandata ang Diyos.

153 Yun ang binigay Niya kay Eba para pansandata niya sa kanyang sarili. At sinira niya ang kanyang sandata. Paano niya sinira? Sa pamamagitan ng pagbubukas ng kanyang isip para mangatwiran. Hindi ka nangangatwiran sa Salita ng Diyos. Wala itong pangangatwiran. Ikaw. . . Ito nga’y Salita lamang ng Diyos mismo. Wala ngang—wala ngang anumang pag-aalinlangan ukol Dito. Walang pagrarason Dito. Ito’y Salita mismo ng Diyos. Yun na ’yun. Ganoon lamang. Yun na ’yun kailanman.

154 Nakikita mo ba ang ibig kong sabihin, iha? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Amen.”—Pat.] Ito’y Salita ng Diyos. Ipinangako ito ng Diyos. Diyos mismo ang nagsabi.

155 Ang sabi nung mga tao kay Abraham, “Papaano ka naman magkakaroon ng sanggol na ’yan?”

“Sinabi mismo ng Diyos.” Haya’t ’yun na ’yun.

“Buweno, bakit di mo pa rin kamit?”

156 “Hindi ko alam kung kailan ko ito makakamit, pero makakamit at makakamit ko. Diyos mismo ang may sabi. Hindi ako nun mapipigilan maski kaunti.” Kanyang tina. . .

157 “Bakit di ka na lang bumalik sa iyong tahanan, kung saan ka nanggaling?”

158 “Ako’y dapat na maging manlalakbay at estranghero sa lupaing ito.” Amen! . . .? . . . “Ibinigay ng Diyos ang pangako. Ibibigay ng Diyos ang sanggol dito mismo sa lupaing ito na pinagdalan Niya sa akin.” Hallelujah!

159 Pagagalingin kayo ng Diyos sa kapaligirang ito ng Espiritu Santo, kung saan Niya kayo pinadala. Ibibigay ito sa inyo ng Diyos. Sampalatayanan n’yo lamang ito. Amen. Buksan n’yo ang mga daluyan ng kaluluwa at katawan, mga pandama, at kamalayan, at hayaan n’yo lamang na ang Mga Salita ng Diyos ay makapasok unang-una, na gagamitin ang kaisipan na ’yan. Diyan ang dako ng labanan.

¹⁶⁰ Huwag sabihin, “Buweno, kung maramdaman ko lamang, kung maramdaman ko lang sana ang kaluwalhatian ng Diyos na bumababa! Oh!” Wala ’yung kinalaman dun; wala maski ano.

¹⁶¹ Buksan ang isipan na ’yan. Yan ang dako ng labanan. Diyan nakalantad ang labanan, dito mismo sa unahang hanay, sa isip mo. Buksan mo ito, at sabihin, “Ako. . .Bawat pag-aalinlangan, pinag-aalinlanganan ko ang mga pag-aalinlangan ko.” Amen. “Pinag-aalinlanganan ko ang mga pag-aalinlangan ko ngayon. Ako’y sumasampalataya na sa Salita ng Diyos. Heto na ako, Satanas.” May bagay na magaganap mismo. Tunay, nga. Siyanga, po.

¹⁶² Pinapahiran Niya ang Kanyang mga lingkod ng Kanyang Espiritu. Nagsusugo Siya sa kanila ng mga anghel. Kinukutya ’yan ng mga tao, kung minsan, “mga anghel.” Hayaan n’yo akong—hayaan n’yo akong bumuklat sa isang dako rito kasama n’yo, pansumandali. Bumuklat tayo rito sa Mga Hebreo, pansumandali. Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata, ika-4 na kabanata, at ating. . . Ang ibig kong sabihin, sa unang kabanata ng Mga Hebreo, at bumuklat tayo sa ika-14 na talata.

Hindi бага silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo mula. . .sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?

. . .kanino sa isa sa mga anghel na sinabi niya kailan man. . .Lumuklok ka sa aking kanan. . .?

. . .sa lahat na mga anghel ng Dios. . .

¹⁶³ Ngayon, dito’y bumabaling pabalik ang Biblia’t sinasabi sa atin dito, na ang Diyos ay nagpapadala ng mga anghel. Maluwalhati! Ano raw sila? “Mga espiritung tagapaglingkod.” Maluwalhati! Mga espiritung tagapaglingkod, na ipinadala (saan?) mula sa Presensya ng Diyos. Para gawin ang ano? Iministeryo ang Kanyang Salita. Amen! Hindi nila iministeryo ang kung anong teolohiya ng kung anong makadenominasyong grupo, bagkus ay iministeryo ang Kanyang Salita. Yun nga ito. “Mga espiritung tagapaglingkod, na ipinadala.”

¹⁶⁴ Paano natin malalaman na sila nga? Sinabi ng Biblia, na, “Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta.” Tama ba? Ang mga anghel na ito’y iminimisteryo ang Kanyang Salita, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu; iminimisteryo ang Salita, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. At ang Espiritu’t ang Salita’y dumating sa mga propeta, at kamit ng mga propeta ang Salita ng Diyos. Yan ang dahilan kung bakit nakagagawa sila ng mga himala gaya ng ginawa nila. Hindi kasi ’yun ang tao; ang Espiritu ’yun ng Diyos na nasa tao, ang Espiritu ni Cristo na nasa tao. Dahil ang Salita ng Diyos. . . Anong ginawa nung tao? Nilinis ang bawat lagusan. Pinili siya ng Diyos, at siya’y pinahiran ng Espiritu Santo. At hindi siya ’yun. Hindi

siya kailanman gumawa ng anumang bagay hanggang sa makita niya muna ito sa isang pangitain. Ang sabi ni Elias, doon sa Bundok ng Carmel, “Lahat ng mga ito’y ginawa ko sa Iyong utos. Ngayon, Panginoon, mapagkilala nawa na Ikaw ang Diyos.” Oh, ang luwalhati’y sa Diyos!

¹⁶⁵ Nakita ko na ito maraming beses na, kapag nakikita n’yo ang Espiritu ng Diyos na tumatama sa isang lugar, at ang lugar na ’yan ay sumasailalim sa pahid! Kung ang munting grupo na ito rito sa umagang ito, kung magagawa lang na kunin ang kaisipan na ito rito, na iwaksi ang bawat pag-aalinlangan sa pagkakahambalang! Papaano pa kayo makakapag-alinlangan, kapag nakita n’yo mismo ang patay—ang patay na binuhay muli, ang pilay ay nakalakad, ang bulag ay nakakita, ang bingi’y nakarinig?

¹⁶⁶ Ang Anghel ng Panginoon, haya’t ang litrato Niya na nakasabit dito sa may dingding, ay nagbunsod sa siyensiya na magitla, sa lahat ng dako. Anong ginagawa Niya? Nananatili mismo sa Salita. Amen! Humihiwa sa bawat diyablo. Oo, tunay ngang ginagawa Nito. Ano Ito? “Ang mga espiritung tagapaglingkod, na ipinadala mula sa Presensya ng Diyos,” para pahiran ang mga tagapagsalita ng Salita, na nananatili sa Salita. At kinukumpirma Niya ang Salita sa pamamagitan ng mga tanda na lumalakip, inihahatid si Jesus na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hayan nga Siya.

¹⁶⁷ Papaanong makakapag-alinlangan tayo, gayong Siya’y kapwa sa siyensiya man, sa materyal man, sa espirituwal man, sa bawat paraan na mapapatunayan, Siya’y pinatunayan na *rito*?

¹⁶⁸ Anong nagiging suliranin? Ito’y nasa mga isipan natin. Binubuksan natin ang ating mga isipan sa bagay, nagsasabi, “Buweno, ngayon, hindi ko alam kung mapangyayari kaya o hindi. Marahil, kung makaranas ako ng kaghinaan bukas.” Oh, wala nga ’yang kinalaman na anuman ukol dito.

¹⁶⁹ Gaya ng lagi kong sinasabi, marahil nabanggit ni Abraham kay Sarah. . . Siya nga’y lampas-lampas na sa edad ng—ng pagiging babae. Alam n’yo na ang ibig kong sabihin; ’yung panahon ng buhay, ’yung dalawampu’t walong araw niya. Kita n’yo, siya’y animnapu’t limang taong gulang na noon. Marahil lampas na siya dun, nang labing-lima, dalawampung taon. At sinabi niya sa kanya, marahil, sa susunod na ilang araw, ang sabi, “May nararamdaman ka na bang iba, mahal?”

“Wala namang pinag-iba.”

¹⁷⁰ “Wala nga ’yang kinalaman na anuman dito. Tayo’y uusad, ano’t anuman. Buweno, ngayon, kung makapagsisimula ka lang bilang isang—isang kabataang babae uli, na alam natin, ay sa pamamagitan ng dugo ng buhay, buweno, hayan nga, malalaman natin diyan na sasapinan nun ang sanggol, at ang lahat ay magiging ayos. Ngayon, nakakaramdam ka ba ng anumang iba

ngayon? Mag-iisang buwan na mula nang nangako Siya sa akin. Nakakaramdam ka ba ng anumang iba, mahal?”

171 “Wala maski kaunti, Abraham. Wala ngang tanda maski ano. Ako—ako nga’y nananatili pa rin gaya ng kung ano ako—ano ako ngayon nang ilang mga taon na. Wala maski katiting na pagbabago.”

“Luwalhatiin ang Diyos! Mapapasaatin ito, ano’t anuman.”

172 “Ang ibig mo bang sabihin, Abraham, ay. . . Tingnan mo, kung nangako talaga Siya sa iyo, dapat sana’y magbibigay Siya sa atin ng isang tanda na *ganito*. Tunay na dapat magbibigay Siya sa atin ng isang tanda.” Huh! Hallelujah!

173 “Ang isang mahina’t mapangalunyang lahi’y humahanap pa ng tanda.” Ganoon nga. Mayroon na siyang tanda. Ano ’yun? Ang Salita ng Diyos. Yun ’yung tanda.

174 Papaano pagagalingin ng Diyos ang kabataang ito? Sinabi na mismo ng Salita ng Diyos; makaramdam man ako ng sensasyon, o walang sensasyon. Kung ako. . . Kahit na ano pa ang mangyari, Diyos na mismo ang nagsabi. Yun na ’yun.

175 Ang sabi ni Abraham, “Kunin mo na ang kalo mo’t ibalot lahat, aalis tayo para tumungo sa lupain na ’yun.”

“Saan ka pupunta?”

176 “Hindi ko alam.” Amen. “Pero, hahayo at hahayo tayo, ano’t anuman. Heto na tayo!” Nag-impake’t humayo na. Hallelujah! Yan ang tunay na Salita ng Diyos. Anong kumakapit sa harapan niya? Ang pangako ng Diyos, ang Salita ng Diyos. “Kakamtin natin ito.”

177 “Lumabas ka mula sa iyong mga kababayan, Abraham. Sila nga’y, mangyaring, sila’y mga mapagduda’t mga di-mananampalataya. Mahahawaan ka lang nila sa parehong kalagayan. Lumabas ka na ngayon. Ihiwalay mo ang iyong sarili, at mabuhay para sa Akin.” Ano ’yun? “Iwan ang lahat ng iyong kamalayan at pandama sa likuran mo, nang tulad nun. Buksan ang isipan mo, at alalahanin, Ako ito. Halika, mabuhay ka kapiling Ko.” Amen.

178 Tinatawag ng Diyos ang bawat Binhi ni Abraham, sa umagang ito, tungo sa siya ring uri na ’yun ng buhay. Namamayagpag na ang dakilang labanan, ngayon, sa buong mundo. Nais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay ihiwalay ang kanilang sarili mula sa ano? Paningin, panlasa, pandama, pang-amoy, pandinig; mga imahinasyon, kamalayan, mga memorya, rason, mga paggiliw; lahat na. Buksan ang isipan nila’t hayaan ang Salita na makapasok, at magmartsa kasama ang Salita. Ganyan ang tunay na sundalo.

179 Sa ganyang paraan nakapuwesto ang mga bituwin. Hindi nagbabago ang solar system; ang zodiac. Sumisikat ang tala sa umaga sa puwesto ng tungkulin nito, kada umaga, nang eksakto

mismo sa ginagawa nito noong likhain ang mundo. Dumadako sa puwesto nito maging ang tala sa gabi; bawat bituwin. Ang Munting Dipper, at sa tama mismong panahon, ay naroon nga sa kung saan dapat nakapuwesto ito. Ang Hilagang Bituwin ay nakapuwesto mismo't hindi kailanman gumagalaw. Hallelujah! Ang buong bagay ay umiikot sa palibot ng Hilagang Bituwin, lahat ng iba pa, dahil ito'y nasa sentro mismo ng mundo.

¹⁸⁰ Si Cristo 'yun. Amen. Nakatayo Siya roon, na inuutusan ang Kanyang hukbo gaya ng isang dakilang Kapitan.

¹⁸¹ Kagaya ni Moises sa ibabaw ng bundok na nakataas ang mga kamay, at ang Israel ay lumalaban noon, humahawi sa kanilang pagsulong, at nakatayo siya roon na nakataas ang mga kamay niya. Nakatayo siya na ang mga kamay ay nakataas hanggang sa lumubog ang araw. Kinailangan nilang alalayan ang mga kamay niya. Hayun nga si Moises.

¹⁸² Siya'y tipo ni Cristo. Para masigurado na ang Kanyang mga kamay ay makapanatili, ang Kanyang mga kamay ay ipinako sa krus. Hallelujah! At umakyat Siya sa tugatog ng Kaluwalhatian, ngayon, suot ang Duguan Niyang mga damit sa harapan ng Diyos, sa kanan ng Kanyang Kamahalan Doon. At ang labanan, sa bawat sundalo, ay humahawi sa kanyang pagsulong. Hindi ko alintana anuman ang mangyari; haya't kamit ang Salita ng Diyos, siya'y hahawi hanggang sa marating niya ang kalayaan. Amen.

¹⁸³ Gaya ng isang manok sa loob ng isang itlog, ano na lang kung takot siyang sumilip? Ano na lang kung takot siyang tuktukin ang itlog? Ano na lang kaya kung ang munting manok na nasa loob ng itlog, ang munting ibon, ay takot na lamatan ang balat ng itlog? Ano na lang kaya kung makarinig siya ng tunog sa labas, na nagsasabi, "Huwag mong lamatan ang itlog, baka masaktan mo lang ang sarili mo"? Pero 'yung kalikasan mismo, na nasa kaibuturan nung ibon, ay nagsasabi sa kanya, "Tukain mo ito! Tumuka ka ng butas dito."

¹⁸⁴ Hayaan na ang lahat ng matatandang organisasyon na magsabi, "Lipas na ang mga araw ng himala. Masasaktan mo lang ang sarili mo. Mapapadpad ka lang sa panatisismo."

¹⁸⁵ Tumuka ka mismo laban sa balat na 'yan, nang sinlakas na makakaya mo. Hallelujah! "Satanas, lumayas ka! Ako'y lalabas na mula rito." Ganoon nga. "Hindi na ako mararatay rito, ano't anuman. Hindi na ako mauupo lang dito, ano't anuman. Wala na ako rito sa teritoryo ng matandang diyablo. Ako'y tumutukata-tuka na palabas, sa umagang ito. Amen. Isa akong agila." Amen! Hallelujah!

¹⁸⁶ Pero 'yung munting matandang agila, 'yung pamarti-martilyong leeg na 'yun dun, na tumutuktok sa balat na 'yun. Kahit na gaano pang katigas 'yung balat, 'yun nga'y bubutas dun mismo. Malalaman n'yo na lang, pagkatapos, magagawa na

niyang iusli ang mga pakpak niya nang kaunti. Nasa mabuti na siyang kalagayan.

¹⁸⁷ Bumutas kayo hanggang sa makalabas. Tama. Paano n'yo gagawin 'yun? Pasambulat n'yo mismo ng, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Sa dulo'y, makakalanghap kayo ng sariwang hangin. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Ilawit n'yo ang ulo n'yo sa labas. "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Tumulak kayo nang mas mapuwersa pa, kayo'y palabas na!

¹⁸⁸ Hindi siya kailanman babalik sa balat na 'yun uli. Amen. Malaya na siya. Oh, grabe! Kapag ang Salita na 'yun ay tumimo talaga, sa lahat ng mga pandama na 'yun at mga kamalayan at mga bagay-bagay, para mamalagi *rito*, at ang isipan na 'yun ay magbubukas at magpapaubaya Rito. Oh Diyos, mahabag Ka! Walang anumang bagay ang makagagapos muli rito. Malaya ka na. Ang pinalaya na ng Anak ay nasa labas na ng balat. Hindi na kayo matatawag pa pabalik ng inyong denominasyon. Hindi na kayo magagawan ng diyablo ng kung anu-ano. Makasisitsit siya't makakaalulong, lang.

¹⁸⁹ Pero nasa Daang-Bayan na kayo mismo, tumatakbo nang sobrang tulin, oh, grabe, nagtutumulin sa Daang-Bayan ng Hari, na isang pinahirang sundalo ng krus. At lahat nga kayo ito na mga agila, na may kamit na pananampalataya, na prinoproklama si Jesus, ang Liwanag ng mundo, nagtutumulin sa Daang-Bayan ng Hari. Tunay. Siyanga, po!

¹⁹⁰ Ito'y "mga espiritung tagapaglingkod," na pinadala mula sa Presensya ng Diyos, para maging mga ministro, para iministeryo (ang ano?) ang Kanyang Salita; hindi kung anong teolohiya, bagkus ang Salita ng Diyos. Mga espiritung tagapaglingkod ito, na ipinadala mula sa Diyos, para magministeryo. Mga espiritung tagapaglingkod! Oh! At, alalahanin n'yo, kung nagmiministeryo ito ng anumang bagay maliban sa Salita, hindi ito nanggaling sa Diyos. Dahil, "Ang Iyong Salita ay pinagtitibay sa tuwina sa Langit." Sa tuwina, sa Langit, ang Salita nga- . . . Nakaantabay Rito ang Diyos. At hindi Siya magpapadala kailanman ng espiritu para magministeryo ng ibang bagay maliban sa Salita.

¹⁹¹ Hindi siya magpapadala ng isang espiritu na may malaki't bigatin na D.D.D., Ph.D., at 'yung kulyar niya'y nakatupi sa likod, lahat na ng ganoon, na magsasabi, "Buweno, mangyari nga, na ang mga araw ng himala'y lipas na. Alam nating lahat 'yan." Hindi, hindi. Hindi 'yan nanggaling sa Diyos. Kontra 'yan sa Salita. Amen.

¹⁹² Ipinapadala niya yaong mga iminiministeryo ang Espiritu ng Salita. Amen.

193 Oh, may apat o limang bagay pa ako rito, pero di ko na babanggitin sa oras na ito, itutuloy ko na lang sa susunod na Linggo. Buweno.

Si Satanas at ang kanyang mga demonyo'y pinahiran.

194 Kung ang mga anghel na espiritung ito'y napahiran para ihatid sa inyo ang Salita, para ibunsod kayo na sampalatayanan ang Salita, ngayon sa tingin n'yo ba may mababalitaan kayong isang propeta, isang tunay na propeta ng Diyos, na tinatanggihan ang Salita ng Diyos? [Sinasabi ng kongregasyon, "Wala."—Pat.] Wala, nga. Anong nangyayari kapag may mga organisasyon ng panahon nila na tatayo at magsasabi, "Ngayon, mali ang taong ito"? Tatayo nga siya mismo, at tatayo na magisa. Sasabihin niya, "Tama Ito."

195 Tingnan n'yo si Micaya sa dako roon nung panahon na 'yun, 'yung munting holy-roller, kita n'yo, na anak ni Imla. May apatnaraan dun na pinahiran, ipinapalagay nga, na mga pinahirang propetang tumayo roon, lahat sila'y sagana sa pagkain, at naayusang maigi, at may nababantog na bigating digri, at matataas ang edukasyon na mga pinong iskolar. Sabi, "Humayo ka, aming matapat na hari. Sasaiyo ang Panginoon. Ang dakong 'yun ay pagmamay-ari natin. Ibinigay 'yun sa atin ni Josue. Kaya humayo ka at kunin mo ito. Ganoon nga mismo. Pumunta ka roon at kunin mo ito. Ang..." Ang sabi niya, "Buweno, Jos- . . ."

196 Alam n'yo, ang sabi ni Josaphat, "Wala na bang isa pa, sa kung saan?" Buweno, apatnaraan na sila roon. Bakit di na lang kaya paniwalaan 'yung apatnaraan? Ang sabi niya, "Pero, tunay na may isa ka pa marahil, sa kung saan."

197 Sabi, "Ako—ako . . . Buweno, mayroon pa naman kaming isa pa. May isa pa kung tutuusin, pero, oh, namumuhi ako sa kanya." Huh! Kita n'yo?

198 "Hayan—hayan nga, 'yan 'yung lalaki na nais kong mapakinggan, kita mo." Sabi, "Dalhin n'yo siya rito. Tingnan natin kung anong sasabihin niya."

199 At kaya nagpasugo sila at sinabi sa lalaking 'yun, ang sabi, "Ngayon, makinig ka. Ayusin mo ang pangangaral mo, sa umagang ito, dahil mangangaral ka sa hari. Mangangaral ka sa . . . buong—buong ministeryal na asosasyon ng *ganito-at-ganoon*, kita mo, ng Palestina, ang buong ministeryal na asosasyon. Ngayon, tandaan mo, heto ang sinabi nila. Sabihin mo rin ang parehong bagay. Paniwalaan mo mismo ang parehong bagay." Yung munting . . .

200 Maling lalaki ang pinag-ukulan niya—niya nun doon. Ang lalaking 'yun ay nakaalis na mula sa lumang pangangatwiran na ito. Nagawa na niyang linisin ang mga daluyan, kita n'yo, ang kamalayan niya.

²⁰¹ “At, buweno, hayan nga, alam mo ba kung anong gagawin nila? Kung sasabihin mo ang siya ring bagay, nakikinita ko na gagawin ka nilang presbitero ng distrito. Marahil gagawin nila. Gagawin ka nila—nila na pangkalahatang tagapangasiwa ng lokal na distrito rito, kung ikaw—ikaw lamang ay sasang-ayon sa kanila.” Hindi ganoon ang tunay na lalaki ng Diyos.

²⁰² Aba’y, nalinis na ang mga daluyan niya, lahat ng kanyang kamalayan at lahat ay wala nang bara. Ang isip niya’y nabuksan na sa Salita ng Diyos. At sa Salita ng Diyos, lamang, siya sasampalataya. Yan ang mga espiritung tagapaglingkod. Yan ay espiritung tagapaglingkod.

²⁰³ Ang sabi niya, “Hindi ko alam kung anong sasabihin ko ngayon. Pero, sasabihin ko nga sa iyo ang isang bagay, haya’t sasabihin ko lamang ang bagay na pinasasabi sa akin ng Diyos na sabihin.”

Kaya naghintay sila nung gabing ’yun. Nagkaroon siya ng isang pangitain.

²⁰⁴ Noong sumunod na umaga, nakikinita ko si Micaya na tinitingnan nang masinsinan ang Mga Kasulatan at sabi niya, “Ngayon, tingnan natin ngayon. Ang pangitain bang ’yun. . . Ngayon, silang lahat na mga kalalakihan, may kung anong bagay na mali rito sa kung saan, dahil kontra Ito sa bagay na sinabi nila. Buweno, ano bang sinasabi Nito? Tingnan natin kung ano ang sinabi ni Elias dito, ang propeta, dahil alam natin na siya’y isang propeta. Tingnan mismo kung ano. . . Ang Salita ng Panginoon ay dumating kay Elias. Oo. At ano bang sinasabi Nito? ‘At hihimuran ng mga aso ang iyong dugo. Si Jezebel, kakainin siya ng mga aso. At dahil ’yun kay matuwid na Ahab. . . o matuwid na Naboth.’” Sinabi niya pagkatapos. . . Noong makita niya ’yun, nakita niya na ’yung pangitain niya’y diretsong nakalinya mismo sa Salita ng Diyos, na hayan nga, na nararapat lamang ’yun kay matandang Ahab.

²⁰⁵ Pumunta siya dun, sinabi, “Sige’t humayo ka. Pero nakita ko ang Israel. . .” Kita n’yo, hindi niya ikinahiya na sabihin ang kanyang pangitain sa kabila ng lahat, dahil Salita ’yun ng Panginoon. Alam niya na mapanghahawakan niya ang bagay na ’yun nang ganap. Ano? Binuksan niya ang kanyang puso, ang kanyang isipan, sa Salita ng Diyos, at ang Salita ng Diyos ay nahayag pabalik, kaya alam niya na ganap na ganap ’yun na Salita ng Diyos.

²⁰⁶ Ngayon, sasabihin n’yo, “Oh, kung magiging isang Micaya lang sana ako!” Maaari nga. Kayo nga. Ikaw, rin, iha. Ikaw ay isang Micaya, ang propeta. Anong magagawa n’yo? Buksan ang isipan n’yo. Ano ba itong sinisikap kong sabihin sa inyo sa umagang ito? Ang Salita ng Panginoon. Kita n’yo? Buksan n’yo ang isip n’yo, sabihin, “Ngayon, alam n’yo, naniniwala mismo ako na puwede akong gumaling.” Buweno, ano Ito, kung ganoon?

Ito ba'y ang Salita ng Panginoon? Tunay nga, Ito ang Salita ng Panginoon.

207 Tapos sasabihin marahil ng isang lalaki *rito*, “Ang mga araw ng himala’y lipas na. Hindi mo magagawa ang *ganito*. At ikaw. . .” Kalimutan n’yo ’yun. Unahin n’yo ang Diyos.

208 Hetong dumarating ang Salita ng Panginoon, at sinalita niya Ito, at nangyari mismo Ito.

209 Ngayon, anong ginawa ni Satanas? Pinahiran ni Satanas ang iba. Ngayon, nagpapahid si Satanas ng kanyang mga lingkod. Oh, tunay nga. Uh-huh. Tunay nga. Pinapahiran niya ang kanyang mga lingkod. Ano ang ipinapahid niya sa kanila? Pinapahiran niya ng di-pananampalataya. Pinapahiran ni Satanas at ng kanyang mga demonyo ang sangkatauhan para di manampalataya sa Salita ng Diyos.

210 Ngayon, kung nais n’yong kumpirmahin ’yan, bumuklat kayo sa Genesis 3:4. Bumuklat nga tayo roon at pakinggan ito, pansumandali, at tingnan n’yo kung hindi ba’t ’yan ang una niyang taktika. Yun ang kauna-unahang bagay na ginawa niya. Hindi niya kailanman iniwan ang pare-pareho niyang taktika. Ginagawa niya ’yun sa tuwina. Ngayon, tingnan n’yo nga kung ganoon—ganoon nga ito. Ngayon, hindi niya di sinang-ayunan ang Salita. Ang ginawa niya’y ibinunsod ang babae na para bang baluktutin Ito nang kaunti, alam n’yo, pinaging para bang ang dating Nito’y sa paraan na nais niyang maging dating Nito, hindi kinuha ang buong Salita. Ngayon, Genesis, nabuklat ko na, Genesis 3:4. Sige’t tingnan natin kung ganyan nga ang sinasabi nito ngayon. Sige.

At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

211 “Tunay na hindi ka mamamatay.” Tingnan n’yo kung paano niya ’yun sinipi? “Oh, naniniwala kami na ang mga araw ng himala’y lipas na. Hindi kami naniniwala na may ganyang bagay na ang mga tao’y tumatanggap ng Espiritu Santo gaya ng mga tao noon nung Pentecostes. Oh, kahit na sa anong paraan ka binautismuhan, walang diperensya.” Nakita n’yo ang diyablo? Nakikita n’yo ang mga taktika niya? “Buweno, kung sinabi sa’yo ng doktor na hindi ka gagaling, ’yun na ’yun.”

212 Ngayon, hindi naman sa sinisiraan, di pinaniniwalaan ang doktor. Ang doktor ay gumagawa sa linya ng siyentipiko. At ginagawa ng doktor ang lahat ng makakaya niya, para iligtas ang buhay ng tao, at hindi nga kayang iligtas, dahil wala na siyang ibang paraan na alam gawin. Nasa dulo na siya ng nalalaman niya. Nagpapakatotoo lang ang lalaking ito. Pero, ngayon, ang punongkahoy ng kaalaman ay ayos lang, pero kung uusad kayo nang ganoong kalayo sa madadakuan nito, kung ganoon lumipat kayo sa Punongkahoy ng Buhay at magpatuloy mismo sa pag-

usad. Amen. Hayun nga ito. Hanggang dun lang kasi ang abot nun. Siyanga.

213 Ngayon, ano ba ang ginagawang taktika ni Satanas ngayon? Anong sinabi niya rito? Ngayon masdan n'yo ang una at ang—ang ika-2 talata. Ngayon hayaan—hayaan n'yong basahin ko ang unang talata rito, hanggang 3.

Ang serpiyente nga ay higit na tuso kay sa alin man sa lahat, alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay, bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain . . . sa alin mang punong kahoy sa halamanan?

214 Pakinggan n'yo siya ngayon, kung gaanong karima-rimarim ang kaya niyang abutin, at kung papaanong—kung papaanong pinalalamlam niya ang Salita na 'yun. Kita n'yo? Siya'y . . . Ano itong sinusubukan niyang gawin? Ang makapasok sa isipan nung babae. Kita n'yo? Nakikipag-usap siya dun sa babae, matapos na ang Salita'y pinatibay na roon.

215 Ngayon, huwag n'yong hayaan si Satanas na makapagtayo ng patibayan na kung ano. Kita n'yo? Panatilihin n'yong matibay ang Salita ng Diyos sa puso n'yo. Kita n'yo? Gawin n'yo ang siya ring bagay. Ngayon masdan n'yo, mga Micaya.

. . . sinabi ng babae sa serpiyente, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: datapat ang . . .

Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna (sentro, kita n'yo) ng halamanan, ang Dios . . . ay nagsabi, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.

216 Kita n'yo, ngayon, 'yun ang Salita. Sinisipi nga Ito nung babae dun sa serpiyente. Ngayon masdan.

At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

217 Nakikita n'yo ang taktika niya? Nakita n'yo? Ano itong sinusubukan niyang gawin? Ang unang tao roon, sinusubukan niyang pahiran ang kalugud-lugod na babae roon, ang anak na babae ng Diyos, ng di-panampalataya sa Salita ng Diyos. Yun mismo ang sinusubukan niyang ibunsod na gawin nung babae.

218 Yun ang sinusubukan niyang ibunsod na gawin mo, iha. Yan ang sinisikap niyang ibunsod na bawat isa sa inyo'y gawin, sa dako roon, ang mapahiran kayo. At ang tanging bagay na kinakailangan n'yong gawin ngayon . . . Kayo'y isang indibiduwal na may kalayaan sa pagpili. Ngayon nasa sa inyo 'yan kung tatanggapin n'yo. Pero dapat sipain n'yo ito palabas. Kung di sana huminto si Eba noong sandali na 'yun, para makinig! Haya't huwag na huwag kayong huminto para sa kung anong bagay. Huwag kayong huminto.

219 Noong—noong sabihin ni Elias kay Gehazi, sabi, “Kunin mo ang tungkod ko, humayo ka at ipatong ito sa patay na bata. At kung may sinuman na makipag-usap sa iyo, huwag kang makipag-usap. Kung may sinuman na susubukang pahintuin ka, magpatuloy ka.”

220 Tingnan n’yo ’yung babae noong tawagin niya ang tauhan niya. Sabi niya, “Siyahan mo ang isang asno at humayo ka, at huwag kang hihinto hanggang sa sabihin ko sa iyo.” Ganoon dapat.

221 Kapag may dala kang mensahe, magpatuloy ka. Amen. Sabihin, “Di man ako makalakad. Oo’t makakaya ko! Ngayon, oh, nahahapo ako.” Magpatuloy lang kayo, huwag huminto. Isantabi ang lahat ng mga bagay, magpatuloy kayo sa paghawi, kapatid, tangan n’yo ang tabak sa inyong kamay, magpatuloy kayo sa pagtaga.

222 Nagpunta ako sa isang stadium ng football, isang beses, at mangangaral ako noon. At huminto ako sa may pinto at tumingin sa itaas, sa ibabaw dun. Ang sabi dun, “Hindi mahalaga ang laki ng aso sa isang labanan. Ang mahalaga’y ang laki ng laban na nasa aso.” Siyanga’t ’yun pala ang nagpapapanalo sa labanan. Kita n’yo?

223 Sasabihin n’yo, “Buweno, tingnan n’yo. Tingnan n’yo ang lahat ng naglalakihang mga iglesya na laban Dito.”

224 Wala akong pakialam kung ano man ang laki nila. Ang mahalaga’y ang laban na nasa aso, ’yun ang binibilang. Ang mahalaga nga’y ang pananampalataya na nasa loob ng indibiduwal. Kung isa kayong matatakutin, bumalik kayo sa pagkakayukyok n’yo sa lungga n’yo. Pero, kapatid, kung isa kang sundalo, tumayo ka roon. May nagaganap na labanan. Nagsasagupaan ang tama at mali. Lumaban tayo.

225 Gaya ni Peter Cartwright, noong magpunta siya sa isang siyudad, sabi niya, “Sinabi sa akin ng Panginoon na—na pumarito at magdaos ng rebaybal.” Nagrenta siya ng lumang bodega, pumasok dun at nagsimulang maglinis.

226 At ’yung malaking siga ng bayan, may baril na nakasukbit sa kanyang tagiliran, lumakad dun. May mga pintuan ’yun. . . Ang ilan sa kanila, ang sabi, “Anong ginagawa nung lalaking ’yun doon?”

227 Sabi, “Isa siyang mangangaral. Magdadaos siya ng pagtitipon, ’yun ang sabi niya.”

228 “Buweno,” sabi nung siga, “siguro’y pupunta ako roon at itatapon ko siya palabas sa may kalsada, at palalayasin siya sa lugar na ito. Ganoon nga. Ayaw natin ng kung anong mga pagtitipon sa lugar natin.”

229 Kaya nagpunta ang siga, binalibag ang pinto. At si Peter Cartwright ay nakabalabal noon, alam n’yo, at naghuhugas lang

siya nung mga bintana't mga dingding dun. Maliit na mababang lalaki lang mismo, alam n'yo.

²³⁰ Tinatawanan siya ng matandang mangangaral, alam n'yo, dahil kumakain siya ng manok gamit ang mga kamay niya; na sa panahon ngayon ay normal na, alam n'yo.

²³¹ Hayan nga't hinuhugasan niya ang mga bintana't nagaayos-ayos sa paligid. Lumakad dun ang malaking siga, naghubad ng balabal, nakasukbit ang baril sa kanyang tagiliran, ang sabi, "Anong ginagawa mo?"

²³² "Oh," sabi niya, "Naghuhugas ng mga bintana." At nagpatuloy lang siya sa paghuhugas nung bintana, alam n'yo. May isang layunin siya. Sinabi sa kanya ng Diyos na magdaos ng isang rebaybal. Haya't hinuhugasan mismo ang mga bintana, nang maigi.

Sabi nung siga, "Hindi kami pumapayag sa mga rebaybal sa paligid dito."

²³³ Sabi niya, "Oh, pero sinabi sa akin ng Panginoon na—na idaos ang rebaybal na ito." Kita n'yo? Nagpatuloy lang siya, doon sa ginagawa niya. Kita n'yo? Kita n'yo?

²³⁴ "Buweno," sabi nung siga, "may isang bagay na kailangan mong—kailangan mong maintindihan." Sabi nung siga, "Ako ang nagpapatakbo ng bayan na ito rito."

²³⁵ Sabi niya, "Oh, ikaw ba?" At nagpatuloy lang siya sa paghuhugas nung mga bintana, alam n'yo.

²³⁶ Sabi nung siga, "Bago ka makapagdaos ng rebaybal, kinakailangan mo munang talunin ako."

Sabi niya, "Oh, ganoon ba? Buweno, sige't 'yan ang susunod kong gagawin kung ganoon."

²³⁷ Hinubad niya ang balabal niya. Lumakad doon, at hinablot ang kuwelyo, at pinabagsak 'yung siga sa sahig, at sumampa sa ibabaw nung siga. Sabi, "Kinakailangan kong lumaban, kung ako'y maghahari. Iyong palakihin pa ang aking tapang, Panginoon." Tinalo nang husto 'yung siga.

Sabi, "Kuntento ka na?"

²³⁸ Sabi nung siga, "Oo." Tumayo siya't nakipagkamay. Naligtas siya nung gabing 'yun, sa simbahan.

²³⁹ Hayan nga. Kita n'yo? Ito nga'y, kunin n'yo ang Salita ng Diyos at tagain sa inyong dinaraan ang bawat pag-aalinlangan. Nakikita n'yo ito? Tunay, 'yun 'yun. Yun ang kasunod na gagawin, kaya gawin natin ito. Tama. Ang kasunod na bagay ay dapat makawala ako mula sa aking mga pag-aalinlangan, ibuwal 'yun. Yan ang kasunod kong gagawin, ang hawiin ang lahat ng pagkalito ko. Kung sabihin sa akin ng mga pandama ko, "Buweno, masama ang pakiramdam mo," ang

susunod ngang bagay na dapat gawin ay hawiin ang bagay na 'yan. Tama.

240 Sasabihin n'yo, "Buweno, ikaw... Sinasabi nito sa akin na... Alam mo, sinasabi sa akin ng kamalayan ko, Kapatid na Branham, na ako'y..." Buweno, marahil dapat mong hawiin na ang bagay na 'yan. Hindi kayo makalalayo sa ganyang kalagayan. Tapusin n'yo mismo ang sunod n'yong tungkulin. Hubarin n'yo ang balabal n'yo at makipagtuos mismo. Magpatuloy kayo sa pagsulong. Isang layunin, "Magwawagi ako." Amen. "Hindi ako maaaring matalo. Magwawagi ako." Amen.

241 Nagpapahid si Satanas. Kita n'yo? Ano ang unang taktika niya? Ano ang unang dako na pinupuntahan niya? Ang isip. Ang babae'y huminto lang pansumandali, para makinig sa bagay na sinabi niya. "Oh, hindi nga?"

242 Diyan nga nakakagawa ng pagkakamali ang marami-raming babae, at nakakagawa ng pagkakamali ang marami-raming lalaki; hayan nga, huminto kasi pansumandali, huminto lang pansumandali. Gaano ngang karaming beses na nakakita ako ng mga kaso ng diborsyo at mga ganyang bagay na bigla na lang mangyari, dahil diyan.

243 "Buweno, sasabihin ko sa'yo, Kapatid na Branham, sumipol kasi siya ng 'wheet-whew', alam mo, at napahinto ako, at, sa totoo lang, di ko naman sinasadya." Uh-huh. Hayan nga kayo.

244 "Oh, ang babae, nakaupo kasi ako sa mesa kaharap siya. Siya—siya nga'y may pinaka marikit na mga mata!" Kita n'yo? Uh-huh. Nakita n'yo na ba ito? Ganoon 'yun.

245 Ginagawa ng diyablo ang siya ring bagay. "Oh, sinabi sa akin ng doktor na hindi na ako gagaling, kaya ako'y..." Hayan kayo tuloy, ganoon din, kita n'yo, ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman.

246 "Buweno, sinasabi nila sa akin... Nakita ko si *Ganito-at-ganoon* na nag-aangking taglay niya ang Espiritu Santo." Siyanga, tumitingin kasi kayo sa kung sinong dati nang mapagkunwari. Papaano naman sila na tunay na taglay Ito? Uh-huh. Siyanga. Ituturo kayo ng diyablo sa kung sinong matandang mapambitag na uwak, pero hindi niya kayo ituturo sa tunay na kalapati. Uh-huh. Ganoon nga. Hindi niya sa inyo ipapakita 'yun, at gagawin niya ang lahat para di n'yo makita 'yun.

247 Oh, siya'y isang mandirigma, rin, alalahanin n'yo. Pero dakila ang ating... "Lalong dakila Siya na nasa inyo, kaysa sa kanya na nasa sanlibutan." Kaya anupa't manghawakan sa Salita ng Diyos; sampalatayanan Ito, kayo na mga kapitan ng hukbo rito. Bantayan n'yong maigi ang inyong kuta, kapatid. Tama, manatili kayo sa tungkulin na iniatang sa inyo.

248 Mangyari po, na may munting kabataang babae ako rito, isang beses. Marahil nakaupo ngayon dito ang binibini. Ang pangalan niya ay Nellie Sanders. Isa 'yun sa mga pinakaunang beses na nakakita ako ng diyablo na pinalayas. Nakatira kami, noon, kung maalala ko lang 'yung lugar; at parang mga tatlong bloke 'yun paahon dito, lampas sa sementeryo. At kamakailan lang ako noon na naging mangangaral, at nangangaral ako noon dito sa may kanto, sa isang pagtitipon sa tolda.

249 At ang munting dalagita na 'yun ay isa sa pinaka magagaling na mananayaw. Pumapasok siya rito sa mataas na paaralan, siya at si Lee Horn. At marami sa inyo rito sa bayan ang nakikilala si Lee Horn na nakatira sa dako rito, siya 'yung nagpapatakbo nung bilyaran. At kaya sila, siya at si Lee Horn, sila 'yung pinakamagagaling na mananayaw sa bansa. Siya'y Katoliko, mismo. Hayan nga, na wala silang pakialam sa relihiyon, kaya heto na . . . si Nellie at sila. Mangyari nga, na isa siyang magaling na mananayaw, tapos siya, rin. At nagsasayaw sila nung sayaw rito na tinatawag na "black bottom," at "jitterbugs," at lahat ng mga bagay na 'yun. At siya ang . . . Silang dalawa ang pinakamagagaling sa bansa.

250 Isang araw, pagiray-giray siyang lumapit dito, isang gabi, sa pagtitipon. Doon nga'y natumba siya, sa may altar, si munting Nellie. Pagpalain ang puso niya. Humapay siya roon sa may altar. Iniangat niya ang ulo niya. At umiyak siya, at may mga luhang gumuguhit sa mga pisngi niya. Sabi niya, "Billy . . ." Kilala niya kasi ako. Sabi niya, "Nais kong maligtas, sobra."

251 At kaya ang sabi ko, "Nellie, maaari kang maligtas. Niligtas ka na ni Jesus, iha. Kinakailangan mo lang itong tanggapin ngayon sa batayan ng Kanyang Salita."

252 At nanatili siya roon. At umiyak siya, at nanalangin siya, at sinabi niya sa Diyos na hindi na siya kailanman makikinig sa mga bagay ng sanlibutan muli. Bigla na lang, isang kalugod-lugod na matimyas na kapayapaan ang lumukob sa kanyang kaluluwa. Tumayo siya roon, na sumisigaw at nagpupuri sa Diyos, niluluwalhati ang Diyos.

253 At mga anim o walong buwan pagkatapos nun, naglalakad siya roon sa Spring Street, isang gabi.

254 Ngayon, kabataang babae lang po, siya'y tinedyer lang, mga labing-walong taong gulang. At lumapit siya sa akin, at ang sabi niya, "Si Hope . . ." Ang maybahay ko po, 'yung yumao na. Ang sabi niya, "Gusto kong kamukha ko si Hope at Irene." Sabi niya, "Alam mo, hindi sila kailanman nahalubilo sa sanlibutan." Sabi, "Nag-iiwan ng marka sa'yo ang sanlibutan." Sabi, "Magaspang ang naging itsura ko." Sabi, "Ngayon, huminto na ako sa paglalagay ng meypap at kung anu-ano, pero magaspang pa rin ang itsura ko. Kahit anino ko lang, sa aking mukha," sabi, "Magaspang ang itsura ko." Sabi niya, "Pero sila'y mukhang

inosente at malambing.” Sabi, “Sana hindi ako nahalubilo na tulad nun noon.”

255 Sabi ko, “Nellie, nililinis ka ng Dugo ni Jesus Cristo mula sa lahat ng kasalanan, iha. Humayo ka, na sinasampalatayanan ito.”

256 Si Wayne Bledsoe, marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya rito, isang matalik kong kaibigan, at maraming-maraming taon na. Isa siyang manginginom. At nagtungo siya rito kasama ng kapatid ko, na si Edward. At nalasing siya rito sa kalsada, at sinundo ko siya, dahil aarestuhin siya ng mga pulis. Tapos dinala ko siya rito. At isa na ako noong mangangaral at nakatira rito, kina mama at papa, bago pa ako ikinasal. At kinupkop ko siya, pinatulog siya sa higaaan doon. Natutulog ako noon. . . natulog ako sa isang duofold. Malaki po kasi ang pamilya Branham, alam n’yo, sampu kami. At nasa mga apat lang ’yung kuwarto namin, at kaya kinakailangan naming magsiksikan, nang kaunti. Kaya, may duofold ako na tinutulugan ko. Hinila ko ’yun nang *paganito*, at—at pinatulog ko si Wayne sa higaaan kasama ko. Lasing siya, kinailangan kong alalayan papasok ng bahay at pahigain siya.

257 At habang nakahiga ako roon. Sabi ko, “Wayne, hindi ka ba nahihiya sa sarili mo, na ganyan ka?”

258 Tapos ang sabi niya, “Uh, Billy, huwag mo namang sabihin sa akin ang tulad n’yan.”

At pagkatapos ipinatong ko ang kamay ko. Sabi ko, “Ipapanalangin kita, Wayne. Pagpalain ka ng Diyos.” At noong mga panahon na ’yun ay kaliligtas ko lang noon, oh, sa palagay ko, mga isang taon pa lang.

259 At mangyari nga pagkatapos, bigla na lang, isang—isang kotse, ang huminto nang biglaan sa may pintuan sa labas, tapos may kumakatok sa pinto nang sobrang lakas. “Kapatid na Bill! Kapatid na Bill!” [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.]

260 Sa isip-isip ko, “Naku, grabe, may mamamatay siguro.” Bumangon agad ako, nagtungo sa pinto; kinuha ko ’yung lumang damit ko roon, isinuot nang mabilisan ang aking pajama, nang *paganito*, at tinalukbungan ko si Wayne, tumakbo ako roon sa may pinto.

261 Parang isang babae ang dinig ko. Binuksan ko ang pinto, at naroon ang isang kabataang babae na nakatayo sa may pinto. Sabi nung babae, “Oh, maaari ba akong tumuloy?”

Sabi ko, “Sige pumasok ka.” At binuksan ko ang mga ilaw.

262 At talagang umiiyak siya nang paganoon, at ang sabi niya, “Oh, Billy, ako’y—ako’y—ako’y wala na! Ako’y wala na!”

263 Sabi ko, “Anong nangyari, Nellie? Nagkaroon ka ba ng—ng atake sa puso?”

264 Ang sabi niya, “Hindi.” Sabi niya, “Kapatid na Bill, naglalakad po kasi ako sa Spring.” Sabi niya, “Ang totoo n’yan, Kapatid na Bill! Ang totoo n’yan, Kapatid na Bill, wala naman akong intensyon na masama. Wala akong intensyon na masama.”

265 Sabi ko, “Ano bang nangyari?” Sa isip-isip ko, “Anong gagawin ko sa kanya ngayon?” Hindi ko alam ang gagawin ko. Ako’y, isang kabataan lang noon. At ako. . .

266 Sabi, “Oh, Kapatid na Bill,” sabi, “ako’y sadyang—ako’y sadyang—ako’y sadyang bagbag na bagbag ang loob.”

Sabi ko, “Ngayon, huminahon ka lang, kapatid. Ikuwento mo sa akin.”

267 Tapos ang sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “Naglalakad ako sa kalsada, at sa may Redman’s Hall. . .” At noon nga’y nagdadaos sila ng mga sayawan dun kapag Sabado ng gabi. Tapos sabi niya, “May dala-dala akong mga kagamitan, na iuuwi ko para ipanggawa ng bestida.” Tapos sabi niya, “Narinig ko ’yung tugtog.” Tapos sabi niya, “Alam mo,” sabi, “Huminto ako sandali.” Tapos sabi, “Paganda nang paganda ’yun. Kaya naisip ko, ‘Alam mo, hindi naman siguro masama kung tatayo lang ako rito.’”

268 Doon nga siya nakagawa ng pagkakamali, huminto pansumandali. Nakinig siya.

269 Sabi, “Buweno, naiisip ko lang.” Sabi, “Oh Panginoon, batid Mo po na iniibig Kita, siyanga.” Sabi, “Batid Mo po na iniibig Kita, Panginoon. Pero naaalala ko lang ’yung mga panahon na si Lee at ako’y wagi sa lahat ng mga—mga patimpalak, at kung ano pa.” Sabi, “Naku, tandang-tanda ko pa kung papaanong naaakit ako noon sa lumang tugtugin na ’yun. Hindi na ngayon.”

270 Uh-oh, uh-oh! Kayo lang ang nag-iisip na hindi. Pero nasungaban na kayo nito, doon mismo. Ganoon kayong kagusto niyang makuha, doon mismo. Kita n’yo?

271 Ilan po ang nakakakilala kay Nellie Sanders? Buweno, sa palagay ko marami sa inyo. Oo. Siyanga. Tapos sila—sila nga’y—sila nga’y. . .

272 Sabi, sabi niya, “Buweno, alam n’yo ba?” Sabi, “Marahil kung lalakad ako sa mga baitang dun,” sabi, “Marahil makapatotoo ako sa ilan sa kanila.”

273 Oh! Kita n’yo, kayo’y naroon na mismo sa teritoryo ng diyablo. Lumayo kayo roon. “Lumayo kayo sa anumang anyo ng masama.”

274 Pero lumakad siya roon, sa ibabaw nung mga baitang, at tumayo roon nang ilang minuto. At nalaman n’yo na lang, yakap-yakap na siya ng isang kabataang lalaki dun, doon sa sayawan.

275 Tapos bigla siyang bumalik sa sarili niya. At nakatayo siya roon, na umiiyak at humihibik, sabi, “Oh, ligaw na ako ngayon, talaga. Ako. . .”

276 Sa isip-isip ko, “Buweno, wala akong alam masyado sa Bibila, pero naniniwala ako na sinabi ito ni Jesus, ‘Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo.’” Aking . . .

277 At nahimasman na noon si Wayne, nang kaunti, at nakaupo roon, nakatingin. Kita n’yo? Tapos ang sabi ko, “Ngayon, diyablo, hindi kita kilala, pero sinasabi ko sa’yo ngayon, kapatid kong babae ito, at wala kang karapatan na hawakan siya. Hindi niya ’yun sinasadya. Huminto lang siya nang isang minuto.” Doon nga siya nakagawa ng kanyang pagkakamali, kung tutuusin. Sabi ko, “Anupa’t kinakailangan mong lumayas palabas sa kanya. Naiintindihan mo ba ako?”

278 At kaya lingapin Mo ako, Diyos, sa Dako ng Paghatol, batid ito. Yung pintuang screen ay nagsimulang bumukas at sumara, nang kusa. “Plumpity, plumpity,” doon sa may pinto. “Pump, kaplump, ka-plump.” Sa isip-isip ko.

Tapos sabi niya, “Bill, tumingin ka roon. Tumingin ka roon.”

Tapos sabi ko, “Siyanga. Ano kaya ’yun?”

Sabi niya, “Di ko po alam.”

Sabi ko, “Kahit ako.”

279 At ’yung pintuan nga’y “pumpity-pump, ti-pump,” sumara nang paganoon. Sa isip-isip ko, “Ano kayang nangyayari rito? Ano kayang nangyayari?”

280 Tumingin uli ako, nang *paganoon*. Tapos ang sabi ko, “Lubayan mo siya, Satanas! Sa Pangalan ni Jesus, lumayas ka palabas sa kanya!”

281 Noong sabihin ko ’yun, mukha ’yung malaki’t malapad na paniki, na mga *ganitong* kahaba, ay pumailanlang mula sa likuran niya, na may mahabang balahibo na nakalaylay mula sa mga pakpak nito at mula sa mga paa nito, nang *paganoon*. Yung ugong nun, “Ooooooh.” Ako nga ang punterya, talagang mabilis ang pagdating.

282 Sabi ko, “Oh Panginoong Diyos, ako’y protektahan Mo ng Dugo ni Jesus Cristo mula riyan.”

283 At napalundag si Wayne sa higaan, napatingin. At heto na ito, na parang isang malaking anino, paikot-ikot sa ibabaw, at nagtungo roon at bumagsak sa likod nung higaan. Napabangon si Wayne, sa kabilang kuwarte, nang dali-dali. Tapos kami . . .

284 Sinamahan ko si Nellie at hinatid siya sa tahanan niya. At nung bumalik na ako, haya’t hindi ko . . .

285 Pumasok dun si Nanay at pinagpagan ang mga kubrekama at lahat na. Wala ngang naroon sa higaan na ’yun. Ano ’yun? Isang diyablo na lumabas mula sa binibini. Anong nangyari? Huminto kasi siya pansumandali. Ganoon lang.

286 Huwag na huwag kayong hihinto, ano’t anuman. Kapag patitimuin ng Diyos ang Kanyang Salita sa inyong puso, kunin

n'yo mismo ang Tabak at magsimulang tumaga at humawi. Hallelujah!

²⁸⁷ “Wala akong oras para maghintay sa anupamang ibang bagay. Ako’y tatawid mismo, wala akong panahon para huminto man lang.”

²⁸⁸ Sabi niya, “Buweno, haya’t kunin mo ang aking tungkod at ipatong ito sa ibabaw nung bata. At kung may kakausap sa iyo, huwag kang makipag-usap sa kanila.”

²⁸⁹ Kung sabihin ng diyablo, “Uy, batid mo naman siguro kung anong nararamdaman mo?” Huwag kayong makipag-usap sa kanya. Magpatuloy lang kayo sa pag-usad.

²⁹⁰ Ang diyablo, alam n’yo, sasabihin nung diyablo, “Pero alam mo ba? Alam mo, si *Ganito-at-ganoon*, noong makamit nila ang Espiritu Santo, naalala mo halos masiraan sila—sila ng bait.” Huwag na huwag kayong makikipag-usap sa kanya. Magpatuloy lang kayo sa pag-usad. Di n’yo kailangang alamin ang tungkol kay *Ganito-at-ganoon*.

²⁹¹ Ito’y sa pagitan n’yo at ng Diyos. Tama. Manangan sa Diyos. Pinapahiran Niya ang Kanyang mga lingkod. Kinakailangan ko na pong magmadali. Pinapahiran ng Diyos ang Kanyang mga lingkod. Kita n’yo?

²⁹² Ngayon lalagpasan ko na lang marahil ang ilan sa mga itinala ko rito, pero nais kong sabihin ito. Heto po, pakinggan n’yo ngayon, nang maigi.

²⁹³ Munting binibini, pakinggan mong maigi ngayon.

²⁹⁴ Dito’y makikita natin ang mga taktika ng diyablo. Paano natin makikita? Ngayon, marami akong Mga Kasulatan dito, ukol sa mga propeta’t mga bagay-bagay, kung saan lumalapit siya sa kanila, at sa iba’t ibang mga tao sa buong Biblia, at ginagawa ang siya ring bagay. Yun sa tuwina ang kanyang taktika, ang makuha ang mga tao na di sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Pakinggan n’yo, mga sundalo ng krus. Kapag di kayo sasampalataya sa isa mang Salita sa isinulat na Biblia ng Diyos, kayo’y nadisarmahan na.

²⁹⁵ Naniniwala ka ba roon, iha?

²⁹⁶ Nadidisarmahan ka. Kung susuko ka, para kang dikya. Ibihis n’yo ang buong kagayakan ng Diyos. Amen. Nasa labanan tayo. Ang sinabi ng Diyos ay totoo. “Bawat salita ng tao’y isang kasinungalingan.” Kita n’yo? Anupa’t sa sandali na kayo’y... maibunsod kayo na pakinggan ang isa mang bagay, ’yun ang taktika niya, kayo’y nadidisarmahan.

²⁹⁷ Ilang bagay lang ba ang kailangang pakinggan ni Eba? Isa. Siya’y dinisarmahan na doon at doon mismo. Anong ginawa ng diyablo? Pumasok mismo sa kanyang isipan, tungo sa kanyang espiritu, at doon nga’y binaluktot siya. Tama ba? Binaluktot siya sa mismong minuto na siya’y dinisarmahan, noong di niya

sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Buweno. Dito’y makikita natin ang kanyang mga taktika.

²⁹⁸ Inutusan ang mga sundalo ng Diyos na “Ibihis ang buong kagayakan ng Diyos.” Tama ba? Ngayon, kung nais n’yong ilista ang Kasulatan nun, mahahanap ’yun sa Mga Taga-Efeso 6:10 hanggang 13. Kita n’yo? Nabasa natin ’yun kanina. Yun ang teksto natin. Buweno. Pansinin. “Ibihis ang buong kagayakan ng Diyos.” Tayo’y . . . Mayroon pa ba kayong kaunting minuto? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Bumalik tayo rito pansumandali. Tingnan lang natin kung ano ang buong kagayakan ng Diyos. Buweno. Simulan natin sa ika-10 talata. Ngayon, pakinggan n’yong maigi ngayon. Sumpungan natin ang buong kagayakan ng Diyos. “Sa katapusan, mga kapatid. . .” Ngayon, ako po’y . . . ako’y . . .

²⁹⁹ Labing-dalawang minuto, na lang ngayon, bago mag-alas dose, halos. Ayaw kong—ayaw kong . . . Ayaw ko sanang magturo sa inyo nang sobrang haba, ngayong araw, pero baka wala na ako—wala na ako’t isang Mensahe na lang ang mayroon ako hanggang sa bumiyahe na ako para sa tag-araw, kita n’yo.

³⁰⁰ At alam n’yo ba? Alam n’yo ba kung bakit ginagawa ko ito? Sasabihin ko sa inyo. Noong isang araw ay nanaginip ako. Hindi ko sana ikukuwento, pero nasa isipan ko na. Marahil ikukuwento ko na lang, matapos na ibigay sa akin ng Diyos ang mga interpretasyon.

³⁰¹ Nanaginip ako na patawid daw ako sa isang malaking ilog, para sa gawain ng pagmimisyon. At ngayon, una, naroon daw ako kasama ang maybahay ko . . .

³⁰² At ilan ba ang nakakakilala kay George Smith, si sais-segundong Smith, dito sa bayan? Si George Smith po, ’yung anak niyang lalaki’y miyembro ng kapulisan dito. Siya, ang kawawang si George, siya’y isang lasenggo na ngayon. Pero isa siya sa pinakamagagaling na boksingero. Siya ’yung nagbigay sa akin ng pagsasanay ko, bago pa nagtungo sa Y.M.C.A. at sa iba’t ibang dako. Siya ang nagsasanay sa amin dati. At siya’y mabilis, mabilis talaga. Siya’y welterweight lang, tumitimbang ng sandaan at apatnapu’t limang libra. At siya ang nagsanay sa akin. At dati-rati’y tumatayo roon, at iuumang niya ang kamao niya, nang *paganoon*, at patatamaan ako sa mismong tiyan, patatayuin ako sa may pader, kita n’yo, pero, haya’t wala lang ’yun sa akin. Siya nga ang nagsasanay sa akin, wala ngang kung ano pang ibang bagay kundi pagsasanay lang mismo.

³⁰³ At pagkatapos ako’y—ako’y nanaginip, nung isang gabi, na nakita ko raw si sais-segundong Smith. Ngayon, hindi po ito pangitain. Isa po itong panaginip. At nakita ko raw si sais-segundong Smith, may mga kabataan na sumusugod sa kanya, sa pakikipagbuno. At siya, ’yung matandang lalaki, halos, oh, sa palagay ko . . . Ako’y edad limampu’t dalawa na. Siya marahil

ay limampu't walo, animnapu na. Wala ngang sinuman sa mga kabataan na 'yun noon ang makasaling sa kanya, sa kahit anong paraan. Siya nga'y lumilingkis sa kanila, nang *paganoon*, pinapabagsak lang sila sa sahig at hinahawakan sila ng mga kamay niya.

³⁰⁴ At sa isip-isip ko, "Kakatwa nga." Naisip ko na ang maybahay ko'y kasama ko raw dun, at ang sabi ko, "Kakatwa nga." Sabi ko, "Alam mo ba, Meda? Siya dati ang nagsasanay sa akin."

Sabi niya, "Naaalala ko—naaalala ko, naikuwento mo na sa akin ito noon."

³⁰⁵ Sabi ko, "Oo, nga. Dahil sa magaling niyang pagsasanay, nanalo ako ng labing-limang propesyunal na laban, at huminto lang sa—sa larangan; nangaral ng Ebanghelyo."

³⁰⁶ Pagkatapos bigla na lang nagbago, at papatawid daw ako sa isang—isang tubigan. Pero noong papunta ako, haya't sumasakay raw ako sa isang power boat. Tumanaw ako, at narooing nakaupo ang dalawa sa aking kapatiran, nakasakay sa isang lunday, nakahanda na silang pumalaot kasama ko. Sabi ko, "Di kayo puwede, mga kapatid. Huh-uh. Kinakailangan kong pumalaot nang mag-isa."

³⁰⁷ At dumating 'yung bangkero, at sabi niya, "Heto ang maibibigay ko sa'yo na isang bangka," isang tunay na puting plastik na lunday.

Sabi ko, "Hindi. Huh-uh. Huwag 'yan."

³⁰⁸ Sabi niya, "Buweno, kaya nitong umandar sa *ganitong* direksyon, nang limampung milya kada ora."

Sabi ko, "Pero kinakailangan kong tumawid nang *paganoon* ang direksyon." Kita n'yo?

"Buweno," sabi niya, "sumama ka sa *kanila* na mga kalalakihan."

³⁰⁹ Sabi ko, "Hindi sila bangkero. Wala silang alam na sapat tungkol diyan. Masigasig lang sila. Hindi nila kayang patawirin 'yun. Kapwa lang sila malulunod dun. Hindi talaga nila kayang gawin."

Tapos sabi niya, "Ikaw ba'y...mapagkakatiwalaan mo ba...?"

³¹⁰ Sabi ko, "Pakinggan mo, mas maalam ako—ako tungkol sa mga bangka kaysa sa kanila, at hindi ko susubukan na tumawid sakay diyan, na ganyan lang ang pagkakayari." Sabi ko, "Kinakailangan ng power boat para makatawid diyan." Sabi ko, "Kinakailangan na mas higit kaysa ryan."

³¹¹ At nakita ko siya na tumingin sa paligid, sa isa sa mga kapatiran, at nagsabi, "Isa ka bang bangkero?"

Sabi nung kapatid, "Oo." Kita n'yo?

Sabi ko, “Mali.”

312 At bumalik ’yung bangkero. Sabi niya, “Sasabihin ko sa’yong ang gagawin mo.” Sabi, “Minamahal ka nila. Pinaniniwalaan ka nila. Pero,” sabi, “kung susubukan mong tumawid sakay sa power boat, pipilitin nilang sundan ka gamit ang lunday na ’yun. Kapwa sila mamamatay, kita mo.” Sabi, “Hindi ka nila masusundan.”

Tapos sabi ko, “Buweno, anong kinakailangan kong gawin?”

313 At itong bangkero sa may pantalan, sabi niya, “Bumalik ka roon.” Sabi, “May nag-iisa’t munting bahay-imbakan lang dito sa buong bansa, isang munting bahay-imbakan. Siyanga’t mag-imbak ka ng maraming panustos,” sabi, “at sila’y mananatili sa dakong ito. Sila’y—sila’y mananatili rito habang ikaw ay—habang ikaw ay wala. Pero,” sabi, “kinakailangan mo munang mag-imbak ng maraming panustos.”

314 At ako nga’y nagbibilin ng lahat ng uri ng mga repolyo, at mga singkamas, at mga labanos, at kung anu-ano pa, binubunton ang mga ’yun doon nang paganoon. Pagkatapos nagising ako.

315 Hindi ko alam kung ano ’yun noon, pero alam ko na ngayon. Kita n’yo, nag-iimbak tayo mismo ng mga panustos, mga kapatid. Ito’y isang buhay na kinakailangan n’yong lakaran nang mag-isa.

316 Leo, naalala mo ba ’yung panaginip na napanaginipan mo noong unang beses na makaparito ka? [Sinasabi ni Kapatid na Leo Mercier “Amen.”—Pat.] Yung tungkol sa piramide, at naisip mo na umakyat dun. Sabi ko, “Leo, walang sinuman ang makakaakyat dito. Kinakailangan na Diyos mismo ang maglagay dun sa tao rito. Naakyat mo na ang bawat pisikal na dako na maaakyat.” Sabi ko, “Hindi ka makakaakyat dito, Leo. Kita mo? Bumaba ka na lang. Sabihin mo na lang sa mga tao na galing ito sa Diyos.” Kita n’yo? Kita n’yo?

317 Ito’y isang bagay na hindi mo—hindi mo kayang makapanangan, gayon mang kabuti ang mga kapatiran at mga kapatid na babae, at ang iglesya ko at ang lahat, at ganoon mang kabuti ang iba pang mga iglesya, at mga kapatiran, sa lahat ng dako.

318 Ngayon, hindi ko nga puwedeng isantabi ang iglesya roon. May magsasabi, “Buweno, bakit ka pumaparoon na sumasama sa mga taong ito, na mga Trinitarian, lahat ng *ganito*, *ganoon*, at *iba pa*, at ’yung mga Oneness, at Jesus Name, at lahat ng iba-iba roon? Bakit ka nakikihalo sa kanila, siyanga?” Sila’y akin. Kahit na ano pa ang nagawa nila, sila’y akin. Sila’y ang pulpito ko.

319 Noong nakagawa ng ubod ng sama ang Israel noon, hanggang sa sabihin mismo ng Diyos kay Moises, ang sabi,

“Thiwalay mo ang iyong sarili. Magpapasimula ako ng isang bagong—bagong lipi mula sa iyo.”

³²⁰ Pumagitna roon si Moises, nagsabi, “Bago Mo sila kunin, kunin Mo muna ako.”

³²¹ Kahit na ano pa ang nagawa nila, sa kanila ako isinugo. Siya’y nagpapadala ng isang Liwanag, hindi para magliwanag sa kung saan may Liwanag na. Kung saan naroon ang kadiliman, doon dapat ang Liwanag. At kinakailangan mong magtungo kasama ang mga tao. Kinakailangan mong tumayo kasama sila, kahit na ano pa, kinakailangan mo ngang gawin, sa kamalian man nila.

³²² Ang Israel nga’y mali nga sa mali kung tutuusin. Sobrang mali sila na ang Diyos ay sumuko na. Pero, si Moises, lagi ko ngang iniisip kung paano nangyari ’yun, pero ang Espiritu ni Cristo ay nakay Moises. Kita n’yo?

³²³ Kita n’yo, lahat tayo’y mali. Tumayo Siya para sa ating lahat noong tayo’y nasa ating kamalian.

³²⁴ Kahit na gaano pang kamali sila, huwag natin silang harangan sa pakikipagbuklod o alisin ang pagkakaugnay natin sa anuman. Hangga’t nakakaakay tayo ng kaluluwa, tayo nga’y sumulong mismo na “kasing dunong ng serpiyente, kasing amo ng kalapati,” kita n’yo, at sikapin na makaakay ng bawat kaluluwa na makakaya natin.

³²⁵ Ngayon, ito po ang sinasabi ko ngayong umaga, itong pag-iimbak ng Pagkain. Pag-iimbak ng Pagkain, para kayo’y may Bagay na makakain, para may Bagay kayo na mapagpipigingan. Kunin n’yo Ito sa inyong mga teyp. Maupo kayo sa presko ng silid. Marahil, kapag ako’y matagal nang wala, maaalala n’yo pa rin na ang mga bagay na ito’y totoo. Maupo kayo sa inyong silid at makinig. Kita n’yo? At ito’y Pagkain, na nakaimbak, sa bahay-imbakan. Hindi ko alam kung saan ang paglalakbay, pero, saanman ito, alam Niya kung saan Siya nangunguna; hindi ko alam, ako lamang ay sumusunod.

³²⁶ Ngayon, anong sinabi niya rito ngayon? Makinig kayong maigi.

Sa katapustapusa’y, mga kapatid ko, magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.

...magpakalakas...sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.

Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo’y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo.

Sapagka’t ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, . . .

Pamamaril ng bala at pananaga gamit ang mga lanseta, kita n'yo, hindi 'yun.

..kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala...ng kadilimang ito sa sanglibutan,...

327 “Mga namamahala ng kadiliman.” Sino ang namamahala ng sanlibutan? Ang diyablo. Tunay nga. Sino itong lahat ng ito na nangyayari, lahat ng masasamang bagay na nangyayari't, naglipana sa paligid dito, at itong mga gobyerno, at iba pa? Ang lahat ng ito'y ang diyablo. Sinabi mismo ng Biblia. Kinokontrol ng diyablo ang Estados Unidos. Kinokontrol ng diyablo ang Alemanya. Kinokontrol ng diyablo ang bawat bansa sa mundo. Papatlapit na ako rito, sa ilang sandali na lang, at malalaman natin kung siya nga, o hindi. Kung... Bawat kaharian noon at sa hinaharap, hanggang sa itatag ng Diyos ang Kanyang kaharian, ay kinokontrol ng diyablo.

328 Hindi ko ibig sabihin na ang lahat ng naroon ay diyablo, na. May mga maka-Diyos na tao sa—sa mga tanggapan ng gobyerno.

329 Mayroon ngang isa na dadalo rito mga ilang gabi mula ngayon, dadalo rito, para magpakita ng litrato rito kasama si Kapatid na Arganbright, sa dako rito. Siya'y naging diplomata ng mga limang iba't ibang presidente, si Kapatid na Rowe. At siya'y isang... Dadalo siya rito, sa palagay ko mga ikalawang linggo sa Abril. Iaanunsyo ni Kapatid ni Neville. At siya'y isang kagiliw-giliw na lalaki.

330 Ang sabi niya nakakapagsalita siya ng walong iba't ibang lingguwahe, sa palagay ko. Pero noong tanggapin niya ang Espiritu Santo, wala siyang lingguwahe na mabigkas para kausapin ang Panginoon, kaya binigyan siya ng Panginoon ng isa, ang sabi niya, para makausap niya Siya gamit ang isang 'yun. Binigyan siya ng isang bago, na hindi niya kailanman ginagamit. Buweno.

...espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.

Dahil dito...

331 Ngayon pakinggan n'yo, lahat kayo na mga sundalo ngayon, bago lamang natin simulan ang pila para sa panalangin.

...magsikuha kayo...kayo ng (b-u-o-n-g) buong (hindi bahagi lang)...kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama,...

Yan ang araw na kinabubuhayan natin.

...at kung magawa ang lahat, ay magsitibay.

Magsitibay...

332 Amen. Nakukuha mo ba? Kita mo, iha? Kapag nagawa n'yo ang lahat ng magagawa n'yo, para tumibay, kung ganoon ay magpakatibay mismo. Huwag aalis.

Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang . . .

³³³ Pakinggan n'yo ito. Makinig kayo rito, kung ano ito. "Ang inyong mga baywang." Yun 'yung gitnang bahagi n'yo, *rito*, kita n'yo.

. . . ay nabibigkisan ng katotohanan, . . .

³³⁴ Ano ba ang Katotohanan? Ang Salita ng Diyos. Tama. "Ang Iyong Salita ay Katotohanan." Siyanga.

. . . na may sakbat na baluti ng katuwiran;

³³⁵ Yun nga'y, "Gawin ang matuwid." Kamit ang Salita ng Diyos sa inyo, na ginagawa ang bagay na tama. "Ang baluti ng katuwiran."

At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;

³³⁶ Hahayo saan man, saanmang dako, anumang panahon, na ang mga paa'y may panyapak ng Ebanghelyo. Kita n'yo? At tingnan:

Bukod dito, bukod sa lahat ng ito, ay taglayin ang kalasag ng pananampalataya, . . .

³³⁷ Yun nga 'yung sumasalag sa mga suligi, kita n'yo, "Ang kalasag ng pananampalataya."

. . . na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.

At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, . . .

³³⁸ Yun ang kaluluwa . . . Ang isipan—ang isipan, na *narito*, ang ulo; panakip sa ibabaw ng ulo.

. . . at ng—at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios:

³³⁹ Paano n'yo gagamitin itong turbante, anong gamit nito? Isa itong proteksyon. Saan gawa ang turbante? Tanso. Ang tanso nga'y mahirap pandayin; matigas, mas matigas kaysa sa bakal. Isang tansong turbante, (ng ano?) ng kaligtasan, kaalaman ng pagkaalam nito, "Alinmang kagalingan ay nanggagaling sa Diyos. Ang kaligtasan ko'y nanggagaling sa Diyos. Ang karanasan ko'y tumutugma sa Kanyang Salita, hindi sa ideya ng mga iglesya; sa Salita!" Amen. Hayan nga. Nababalutan sa ibabaw, ng proteksyon, ang turbante ng kaligtasan, paglaya. Isuot n'yo 'yan, pagkatapos ay magmartsa nang pasulong. Oh, ngayon, ngayon 'yan ang dapat natin mismong gawin. Ang hukbo ni Satanas . . .

³⁴⁰ Ngayon masdan n'yo, tayo . . . Kinakailangan ko na pong madaliin, pero kinakailangan kong—kinakailangan kong tugaygayin ito.

341 Nagdadala ng mga sakit ang hukbo ni Satanang. Yun si Satanang, isa siyang maninira. Si Satanang, ang buong kaharian ni Satanang, ay sakit, kamatayan, at kapighatian, kagulumihanang, at ligalig, lahat ay nakay Satanang.

Ang Diyos ay Buhay, pananampalataya, kagalakan, kapayapaan, sa dako *rito*. Kita n'yo?

342 Ngayon, 'yan ang dalawang malalaking puwersa na nagsasagupan ngayon mismo. Sila'y naglalabanan. Naglalabanan sila mismo rito sa loob ng gusali sa sandaling ito ngayon. Sila'y naglalaban, araw-raw, sa inyo, ang bawat puwersa.

343 Si Satanang, ay nakabuntot sa inyo, 'yang mataas, na malaki't, mala-hari't, mala-paring Goliath na sinusubukang takutin kayo nang abot-atay. Siya'y nariyan, pero ang Diyos . . .

344 Kayo'y ikinubling matibay, amen, ng Ebanghelyo, ng Salita ng Diyos na nakabigkis sa inyong baywang. Maluwalhati! Mangangaral, 'yan nga ito. Turbante ng kaligtasan; ang kalasag ng pananampalataya; at ang Tabak, na iwinawasiwas Ito sa inyong kamay! "Satanang, ako'y paroroon para makisagupa sa'yo. Sagupain mo ako sa pangalan ng siyensya. Sagupain mo ako sa pangalan ng—ng kultura. Sagupain mo ako sa pangalan ng organisasyon. Sagupain mo ako sa pangalan ng *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Pero sasagupain kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel. Ikaw ang punterya ko. Magbigay-daan ka!" Maging ang kamatayan ay di makatatayo roon. Tumaga ka ng siwang sa gitna nun. Siyanga.

345 Ang hukbo ni Satanang ay nagdadala ng mga sakit, at ang hukbo ng Diyos ay inatasan para palayasin ang mga ito. Amen. Hayan nga. Sa tuwing maglalagay si Satanang ng hambalang, sa inyo, palalayas siya ng hukbo ng Diyos. Amen. Palayasin n'yo!

346 Yan ang mismong taktika na ginamit ng Diyos. Gamit ni Satanang ang hukbo ng pagkawasak, para di sampalatayanan ang Salita ng Diyos, para maglagay siya para sa sarili niya ng mas mainam daw na kaharian kaysa sa mayroon si Miguel, at pinalayas siya ng Diyos.

347 Ang pamamaraan ng Diyos, ay, ang palayasin ang masama. Iwaksi ang pagraron. Iwaksi ang mga pamahiin. Iwaksi ang pagkabahala. Iwaksi ang mga karamdaman. Iwaksi ang kasalanan. Amen. Kayo'y nasa ibabaw nito, na binuhay nang mag-uli kay Cristo Jesus, nakaupo sa Makalangit na mga dako, na ang bawat diyablo'y nasa ilalim na ng inyong paa. Kung sisimulan niyang isilip ang ulo niya roon, anong . . .

348 Alam n'yo, kayo'y patay na. Ang buhay n'yo ay natatago. Ano ang *patay*? Patay na kayo sa inyong mga pandama. Patay na kayo sa inyong konsensya. Ang inyong pantaong kalooban ay magsasabi, "Oo, sa palagay ko ako'y . . ." Patay na sa inyong pagraron. Patay na sa lahat ng mga bagay na 'yun. At

nakalibing na kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo; at ibinangon kasama Niya. At kung nasaan Siya, naroon din kayo.

³⁴⁹ Anong nangyari noong sila, isa sa kanila na mga mapagduda, ay nagtungo sa Langit? Sinipa sila palabas ng Diyos. At anong sinabi Niya sa mga sundalo na mga ibinangon kay Cristo? “Kapag may diyablo na darating, sipain n’yo siya palabas. Palayasin n’yo siya.” Noong pagsanayin ni Jesus ang Kanyang hukbo, at inatasan sila na magtungo sa kaduluduluhan ng mundo, “Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At ang mga tandang ito ay lalakip sa mga mananampalataya, sa mga sundalo Ko. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo; magsasalita sa bagong mga wika; humawak man ng mga ahas, o makainom ng bagay na nakamamatay, hindi sila mapapahamak nito; kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y magsisigaling.”

Pasulong, mga Cristianong sundalo!
Nagmamartsa patungo sa pakikibaka,
Siyanga’t ang krus ni Jesus ay kasama
Sumusulong sa pinakaunahan.

³⁵⁰ “Ako’y napako sa krus kasama Siya, gayunpaman ako’y nabubuhay; hindi na ako ang nabubuhay, kundi Siya na nabubuhay sa akin.” Ang Salita’y sumusulong, na nasa unahan, tumataga ang Diyos, gamit ang Kanyang matalas na Tabak na may dalawang talim.

³⁵¹ Kaya, di na nakapagtataka, noong bawiin ni Grant ang Richmond, at ’yung munting babae na ’yun na taga-timog ay nakita si Grant na paparating, tumama sa babae ’yung inspirasyon. At ang sabi nung babae:

Nakita ng mga mata ko ang kaluwalhatian ng
pagparito ng Panginoon;
Siya’y tumatapak sa panahon ng pag-aalak
kung saan ang mga ubas ng galit ay
naiimbak;
Kanyang kakalagan ang nakasasawing kidlat
ng Kanyang kakila-kilabot na kisapmatang
Tabak;
Ang Kanyang mga kawal ay humahayo na.

³⁵² Amen. Paano binawi ni Grant ang Richmond? Haya’t sa kanyang paglusob mismo. Amen. Sa ganoon niya nabawi ang Richmond.

³⁵³ At sa ganyang paraan gagapiin ng mga sundalo ng Diyos ang kasalanan, karamdaman; sa kanilang paglusob mismo rito. Amen. Sa ganyang paraan nila mapagtatagumpayan ang kanilang mga pag-aalinlangan, at mga takot, at mga bagay-

bagay. Kapag may isa na lilitaw, kanilang pinabubuwal sa taga mismo. “Umalis kayo sa dinaraan!” Oh, grabe! Ganoon nga. Iwinawaksi ang mga ito ng Diyos, gaya ng ginawa Niya noon sa Langit. Ipinapakita ng ating dakilang Pinunong Kapitan kung paano ito magagawa. Amen.

³⁵⁴ Roy Roberson at Kapatid na Funk, marami sa inyo na mga matatandang beterano rito, alam n’yo kung ano ang isang tunay na kapitan.

³⁵⁵ Isang beses ako. . . itong munting kagawaran ng bumbero ng Jeffersonville sa dako rito. Yung lugar ni Pfau ay nasusunog noon. At heto na ang kagawaran ng bumbero ng Jeffersonville, at lumakad dun ang kapitan, ang sabi, “Sabuyan n’yo ng kaunting tubig sa itaas *dito*.” “Sp-sp-sp-sp,” parang ’yung munting hose dito. Hetong dumating ang Clarksville, “Sabuyan n’yo ng kaunting tubig sa ibabaw *rito*.” “Sp-sp-sp.” Yung gusali ni Pfau ay natutupok na.

³⁵⁶ Tinawagan nila ang Louisville. Hetong dumarating ang mga pinagsanay na kalalakhian. Oh, hayan nga na ang mga sirena’y umaalingawngaw mismo roon!

³⁵⁷ At heto ’yung mga pinunong kapitan sa dako rito, ng mga kagawaran ng bumbero, na nagsasabi, “Sabuyan n’yo ng kaunting tubig *dito*. Sabuyan n’yo ng kaunting tubig sa ibaba *rito*.” Mga lalaking di-pinagsanay.

³⁵⁸ Kapatid, noong pagkahinto na pagkahinto nung truck ng bumbero, sino ang nasa unahan nung hagdan? Ang kapitan. Noong itaas ang hagdan, kasama siya sa pag-angat nun. Noong makaabot siya sa bintana, hindi pa siya nakakaabot dun sa bintana. Kinuha niya ang palakol niya’t pinangtibag ’yung bintana, at nagsabi, “Halikayo, mga kasamahan.” At naapula ang apoy, nang ilang minuto lang. Isa ngang kapitan!

³⁵⁹ Hindi isang kapitan, ’yung magsasabi lang, “Sabuyan n’yo ng kaunting tubig *dito*. Subukan n’yo ng kaunti sa dako *rito*.”

³⁶⁰ Kundi, “Halikayo, mga kasamahan!” Amen. Siya ang nangunguna sa daan. Kanyang ipinapakita sa atin kung papaano ito magagawa.

³⁶¹ Sa isip-isip ko, “Mga pinagsanay nang husto na kagawaran ’yan ng bumbero, naapula nila ang apoy nang limang minuto lang.” Bakit? May kapitan kasi sila roon na alam ang ginagawa niya.

³⁶² Kapatid, sige’t ipangusap n’yo lang hanggang nais n’yo ’yang lahat ng tungkol sa teolohiya n’yo. Yang mga gawang-taong mga denominasyon n’yo, ’yang mga organisasyon n’yo: Sige’t mamalagi lang kayo riyan.

Mayroon akong Pinunong Kapitan na nagsaysay sa akin kung paano ito gagawin.

Sige't sabihin n'yo lang, "Buweno, kung maamoy ko lang sana ito, kung maramdaman ko lang sana." Oh, kalokohan!

³⁶³ *Heto* ang pamamaraan na sinabi ng Pinunong Kapitan kung paano ito gawin, sa ika-4 na kabanata ng Lucas. Wala na akong oras para basahin ito. Basahin n'yo, sa sarili n'yo. Buweno. Lucas sa ika-4 na kabanata, simulan n'yo sa unang talata.

³⁶⁴ Hindi Niya kailanman sinabi, "Ngayon sinasabi Ko nga sa inyo. Magtungo kayo sa dako *rito* at gumawa kayo ng isang malaking organisasyon. Kumuha kayo ng mga presbitero, at mga diyakono, at, o kumuha ng mga kardinal, at mga obispo, at kumuha kayo ng *ganito*." Hindi niya kailanman sinabi 'yan.

³⁶⁵ Noong katagpuin Siya ni Satanas, ang sabi niya, "Ngayon nagugutom Ka. Gawin Mo itong mga bato na tinapay."

Ang sabi Niya, "Nasusulat . . ."

³⁶⁶ Ang sabi niya, "Dito sa itaas, dadalhin Ka namin sa dako rito sa itaas at magpapakita sa Iyo ng isang bagay."

"Subalit nasusulat . . ."

"Gagawin ko 'yung *ganito*, kung gagawin Mo ang *ganito*."

"Nasusulat . . ."

³⁶⁷ Sa ganoong paraan ang sinabi rito ng Pinunong Kapitan kung paano gawin. Paano ba ito gawin, kapatid na babae? "Nasusulat, 'Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling.'" "Nasusulat, 'Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo.'" Amen. Ano 'yun? "Nasusulat!" Yun ang mga atas ng Kapitan. "Nasusulat, 'Sinumang dumidinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan.' Nasusulat! Nasusulat! Nasusulat!" Yan ang—'yan ang mga atas. Ganyan ang sundalo. Yan ang pamamaraan. Yan ang artilerya na pinasusulong natin.

³⁶⁸ Anong ginawa ni David? Lumakad siya papalapit doon, sa isang Goliath. Nagpakita siya ng isang . . . Papaano ipinakita ni David sa isang hukbo kung papaano ito magagawa? Papaano ipinakita ng isang David sa Israel kung paano ito gagawin? Ang ibig sabihin ng *David* ay "minamahal, tagapagligtas." Kita n'yo? Papaano 'yun ginawa ni David? Ang sabi niya, "Sa ganitong paraan ito magagawa. Magtiwala sa Salita ng Panginoon."

³⁶⁹ At lumabas dun si Goliath, ang sabi, "Alam mo? Tutuhugin kita sa dulo ng aking sibat, at ipapakain kita sa mga ibon."

³⁷⁰ Sabi niya, "Kinakatagpo mo ako bilang isang organisasyon. Kinakatagpo mo ako bilang isang modernong siyentipiko. Kinakatagpo mo ako gamit 'yang mahaba't malaki mong apat-na-talampakang tabak. Kinakatagpo mo ako sa turbante mong gawa sa tanso, at diyan sa kapisasong kalasag na hindi ko man lang maiangat mula sa lupa. Kinakatagpo mo ako bilang

isang pinagsanay na mandirigma. Kinakatagpo mo ako diyan sa Ph.D., at L.L.D., at dobleng-L.D. Kinakatagpo mo ako sa lahat ng mga bagay na 'yan. Pero ako nga'y dumarating sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel, at ngayong araw na ito'y pupugutan kita ng ulo mula sa mga balikat mo." Amen. Yung munting kapinggot na kulugo na 'yun na pumunta dun laban sa higanteng 'yun, pero batid nga niya kung saan siya nakatayo.

Ang Israel, hayan nga't nangangatog dun, "Oh, kaawa-awang bata."

Sabi ni Goliath, "Ipapakita ko sa'yo kung sino ako't magagawa ko." At heto na nga siya.

³⁷¹ Si David ay mayroong p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, kita n'yo, k-a-y J-e-s-u-s, limang bato, limang bato. Isang munting bato roon, ang nagpasimula nun. Pinaikot-ikot niya nang paganoon, hinawakan ng Espiritu Santo ang bato na 'yun, at ito'y humilagpos. Bumagsak si Golitah sa lupa. Sa ganoong paraan nga ito dapat gawin.

³⁷² Yan 'yung pamamaraan na sinabi ni Jesus, ang bagay na sinabi Niya. "Ngayon, kayo na mga kapatiran na hahayo sa labas, kung nais n'yong malaman kung paano gapiin ang mga diyablo, ipapakita Ko sa inyo kung paano ito gawin."

³⁷³ Sabi ni Satanas, "Kakatagpuin kita." Si Goliath, "Ipapakita ko sa Iyo ang magagawa ko. Gutom Ka. Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, hinahamon Kita. Sinasabi Mo na Ikaw ang Anak ng Diyos. Hinahamon Kita. Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mong tinapay ang mga batong ito. Kumain Ka; gutom Ka. At kung Ikaw ang Anak ng Diyos, may kapangyarihan Ka para gawin ito."

³⁷⁴ Ang sabi Niya, "Subalit nasusulat, ngayon, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao.'" Oh, sa ganoong paraan ginawa ito ng Pinunong Kapitan.

Dinala Siya sa ibabaw ng taluktok ng templo. Sabi niya, "Kung magpapatihulog Ka Mismo," sabi, "Nalalaman Mo rin naman na nasusulat. . ."

³⁷⁵ Kanyang sinabi, "Siyanga." Sabi, "Nasusulat, muli, 'Huwag mong tuksuhin ang Panginoon mong Diyos.'" Nakita n'yo kung anong tawag Niya sa Sarili Niya? "Ang Panginoon mong Diyos." Uh-huh. "Huwag mong tuksuhin ang Panginoon mong Diyos,' nasusulat, muli, ganoon." Kita n'yo? Oh, grabe!

³⁷⁶ Anong ginawa Niya? Kanyang ginapi siya, gamit ang Salita ng Diyos. Ang taktika ng diyablo'y ibunsod kayo na di-sampalatayanan ang Salita ng Diyos. At ang sabi ng Pinunong Kapitan, "Gamitin n'yo ang Salita ng Diyos at gawin Ito. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo."

³⁷⁷ Oh, si Satanas, na kanilang pinunong kapitan, oh, siyanga, alam n'yo, ilan nga rito sa mga denominasyon ay sinusubukang ipapaniwala sa inyo na siya'y may baak sa paa, alam n'yo, at hati ang buntot, at lahat ng ganoong bagay. Huwag n'yong paniwalaan 'yan. Hindi ganoon ang itsura niya. Hindi, nga, kapatid. Isa siyang di-mapagkakatiwalaan. Huwag n'yong paniwalaan na may mga ganoon siya. Ginagawa lang nila 'yan para takutin kayo. Hindi ganoon ang diyablo. Ang diyablo'y walang baak sa paa, kung tutuusin; hindi nga ako naniniwala rian. Siya nga'y isang espiritu. Ang diyablo'y isang espiritu. Wala siyang baak sa paa at mga bagay-bagay, gaya ng sinusubukan n'yong isalarawan siya. Hindi, hindi.

³⁷⁸ Anupa't, matalino siya. Kapatid, siya'y isang tunay na matalino't, edukadong-edukado, noon pa man, sa makasanlibutang karunungan. Oh, siyanga. Siya'y maganda. Inorganisa ang kanyang hukbo gamit ang makasanlibutang karunungan, hanggang sa, kapatid, huwag n'yong subukang—huwag n'yong subukang salitain ang mga salita n'yo. Siguraduhin n'yong alam n'yo ang sinasabi n'yo kapag nakatagpo n'yo ang isa sa mga kalalakihan na ito, na nagsasabi, "Ang mga araw ng himala'y lipas na." Hindi, wala nga siyang—wala nga siyang baak sa paa. Siya'y, oh, siya'y—siya'y—siya'y nagtapos sa seminaryo. Siya'y pulido, kapatid. Ang ibig kong sabihin, siya'y matalino, Ph.D., L.L.D., Q.U.S.T., lahat ng iba pa nito. Kita n'yo? Lahat nga'y kalakip dun, siya nga'y matalinong-matalino. Maalam, tunay nga, siya'y isang serpiyente, ang pinakatuso sa lahat sa kanila. Nakasuklay nang husto ang buhok, kapatid, at, ang ibig kong sabihin, nabibihisan nang maayos, at wala ni gusot sa kanyang amerikana. Matalino, sadyang matalino't matalas ang pag-iisip mismo. Siyanga.

³⁷⁹ Huwag kang makipaglokohan sa kanya maliban na lang kung alam mo ang sinasabi mo. Siyanga. Oh, pero alam na alam natin ang luma na niyang—luma na niyang mga taktika. Alam natin ang sinusubukan niyang gawin: ang ibunsod tayo na di-sampalatayanan ang Salita ng Diyos.

³⁸⁰ At wala siyang baak sa paa. Wala, wala, wala nga. Ngayon, natuklasan natin na kung wala siyang baak sa paa, kung ganoon siya'y iba mismo. Isa siyang di-mapagkakatiwalaan. Siya'y karunungan, edukado, organisado. Kapatid, ganoon ang ginawa niya sa kanyang hukbo.

³⁸¹ Tingnan n'yo, isang beses, doon sa Switzerland. Hayan nga't di ko lang mahinto ito, mga kapatid. May isang—isang. . . Doon sa Switzerland, hetong dumating itong hukbo ng mga Aleman, na nagmamar-. . . hayun ang mga banyaga na dumarating. Aba, mukha nga itong isang ladrilyong pader; bawat lalaki'y pinagsanay, bawat sibat ay nakaumang nang *paganito*, walo o sampung talampakan na nakaumang sa harap. At dumating sila sa isang abang munting mga Swiss doon, anong mayroon

sila? Naaarmahan lang sila ng—ng mga talim mula sa kanilang mga karit, mga tungkod at mga bato, at doon sila’y nakatayo. Napaatras sila ng mga banyaga. Doon lamang sa may burol ay ang mga tahanan nila. Dito nga’y nagtungo ang hukbo ng Swiss para katagpuin sila. Wala naman silang ginawa sa mga banyagang ’yun. Basta na lang nagtungo ang mga banyaga dun para kamkamin ang lupain nila.

³⁸² Ano bang ginawa ng batang ito, bata lang siya? Si Satanas, ’yun nga ito, na kukunin at kukunin ang buhay ng batang ito kung magagawa niya. Tunay. Nandiyan nga siya; na wala sa panahon. Kita n’yo?

³⁸³ Wala namang ginawa na anuman ang mga Swiss. Mabubuting tao sila. Sinisikap lang nilang ipagtanggol ang kanilang mga tahanan, kaya anupa’t tumayo mismo roon para magtanggol. Pagkatapos, may isa dun na nagngangalang Arnold von Winkelried. Hetong dumarating ang hukbo na ito. Napapalibutan sila. Sabi, “Ano kayang magagawa natin?”

³⁸⁴ Sa buong dako mismo, dagat-dagat mismo ng mga kalalakihan, na mga pinagsanay nang husto. Ganyan nga ang pamamaraan ni Satanas. Mga pinagsanay nang husto, ’yung kanyang sibat ay nakaumang, bawat lalaki’y sabay-sabay ang hakbang: isa, dalawa; isa, dalawa; papalapit nga nang papalapit sa munting hukbo na ito. Haya’t—haya’t tuluy-tuloy sa paglapit, ’yun lang ang kailangan nilang gawin, at iisa-isahin sila, bawat isa, gamit ang mga tabak. Yung mga sibat ay tutuhog nga sa kanila. Yun nga ang makapagwawakas sa hukbo ng Swiss. Yun ang tatapos sa kanilang lahat. Doon mismo sa ibabaw ng burol ay kanilang mga tahanan at mga mahal sa buhay. Ang kanilang mga kababaihan ay pagsasamantalahan at gagahasain, at pati ang kanilang mga kabataang anak na babae, at ang kanilang mga anak ay papatayin, at susunugin ang mga tahanan, at lahat, kukunin ang mga pagkain, bakahan at mga kagamitan, uubusin. Hayun nga sila.

³⁸⁵ Anong nangyari? Bigla na lang dumating sa isa na nagngangalang Arnold von Winkelried ang inspirasyon. Ang sabi niya, “Mga kalalakihan ng Switzerland, itong araw na ito ako’y mamamatay para sa Switzerland.” Amen. “Itong araw na ito ako’y mamamatay para sa Switzerland.”

Ang sabi nila, “Anong gagawin mo?”

³⁸⁶ Sabi niya, “Sundan n’yo lang ako at lumaban nang lahat ng mayroon kayo.” Tumayo siya roon; binitawan niya ang kanyang sibat, ’yung munting tungkod na hawak niya sa kanyang kamay, nang *paganoon*. At sumigaw siya, na ang kanyang mga kamay ay nakataas, nang *paganoon*, at tumakbo sa direksyon na ’yun, na sumisigaw, “Magbigay-daan para sa kalayaan!” Tumakbo siya nang simbilis na makakaya niya, sa direksyon ng hukbo. At, nang magawa niya, niyakap niya ang bawat sibat na mayayakap

niya, at tinipon ang mga 'yun sa kanyang dibdib nang *paganoon*, at namatay.

³⁸⁷ Sinabi niya sa kanila, bago siya yumao. Sabi, "May munting tahanan doon sa ibayo, isang maybahay at ilang mga bata na iiwan ko, isang munting tahanan na kabibili ko lang." At sabi, "Mahal ko—mahal ko sila, pero, ngayong araw na ito, ako'y mamamatay para sa Switzerland. Kanyang ibinigay ang aking. . ." Sabi niya, "Aking ibibigay ang buhay ko para ilitas ang bansa." At 'yun nga'y isang bayani. Mula noon ay di na sila nagkaroon pa ng digmaan. Yun, 'yun ang tumapos nun.

³⁸⁸ Ginapi ang hukbong 'yun, dahil sa pagkabayani na 'yun na ipinakita nang husto, hanggang sa wala nang. . . Yung—'yung hukbo'y nagulunan nang husto. Pinagulangan sila ng mga Swiss ng malalaking bato, at itinaboy sila sa bansa; at di na bumalik kailanman. Yun nga'y daan-daang taon na ang nakararaan. Kita n'yo? Bakit? Isa 'yung dakilang gawa.

³⁸⁹ Pero, oh, kapatid, isang araw, kapag ang kamangmangan, mga pamahiin, pag-aalinlangan, kaligligan, at mga takot, na pinaatras ang bayan ng Diyos sa isang sulok, may Isa na nanggagalang Jesus Cristo: "Itong araw na ito Ako'y mamamatay para sa mga tao." Ganoon nga.

³⁹⁰ Anong sinabi niya sa hukbo niya? "Sundan n'yo Ako at lumaban nang lahat-lahat na mayroon kayo. Kung may pamalo kayo, lumaban kayo gamit ang isang pamalo. Huwag kayong matakot. Kung may tungkod kayo, lumaban kayo gamit ang isang tungkod. Kung may bato kayo, lumaban kayo gamit ang isang bato, anuman 'yan na mayroon kayo."

³⁹¹ Yan mismo ang sinasabi ng ating Pinunong Kapitan ngayong araw na ito. "Kinuha Ko ang Salita ng Diyos, at ginapi Ko ang diyablo at ang kanyang kapangyarihan." Kanyang ginutay-gutay siya, amen, gamit ang Salita na 'yun. Ngayon, anumang bagay na mayroon kayo, kung mayroon kayong isang Salita, "Ang Panginoon ninyong Diyos na nagpapagaling sa inyo," tagain n'yo ang kaaway. Sumunod. Amen. Sumunod sa ating Kapitan. Siyanga, po. Kanyang tinaga ang kaaway.

³⁹² Si Satanas, sa kanyang malaki't, magandang mga kaharian, at kayraming kabighaninan, at lahat na, na ang lahat ay sunod-sa-kung-anong-bago. Wala ngang kinalaman sa atin. Siyanga. Siya pa rin ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop sa parang. Siyanga, po. Sinabi ni Jesus na ang mga anak ng mundong ito'y mas matalino kaysa sa mga anak ng Kaharian ng Diyos.

³⁹³ Ngayon, ang dalawang malaking tunggalian na ito. Tayo po'y. . . Mayroon na lang akong. . . kinakailangan nang magtapos. Itong dalawang naglalakihang mga tunggalian ay nagsasalubong na ngayon. Ngayon 'yung oras na ang sakit at mga bagay-bagay ay humagupit nang husto sa mundo, hanggang sa ang medikal na siyensya'y nagulantang, at ang

lahat ay nagulantang. Wala nga, at—at tayo’y . . . At ’yung hukbo, ’yung munting hukbo ng Diyos, ay napapaatras sa isang sulok at lahat. Kapatid, panahon na para sa isa uling Arnold von Winkelried. Panahon na, panahon na para sa isa uling lalaki ng Diyos na titindig. Panahon na para lumantad ang isang Elias. Panahon na para sa isang bagay na mangyari.

³⁹⁴ Hukbo ng Diyos, isara n’yo ang isipan n’yo. Huwag kayong huminto maski sandali, para pag-isipan ang anuman na iaalok sa inyo ng diyablo sa pamamagitan ng mga pandama n’yo. Pero alalahanin n’yo, ang Salita ng Diyos ay di kailanman mabibigo.

³⁹⁵ Itong dalawa na dakilang mga hukbo! Kapag ang kaaway ay dumarating na gaya sa isang baha, katulad ng pagdating nito ngayon, anong sinabi ng Diyos na Kanyang gagawin? “Ang Espiritu ng Diyos ay magtataas ng bandera laban dito.” Isa ba kayo sa kanila? Siyanga, po.

³⁹⁶ Itinuro sa atin sa Santiago 4:7, wala na akong oras para basahin sana ito, Santiago 4:7, sabi’y, “Salansangin ninyo ang diyablo, at,” hindi lang siya basta lalakad palayo, bagkus, “siya’y tatakas.” “Salansangin ninyo ang diyablo.” Papaano n’yo sasalansangin ang diyablo? Sa parehong paraan na sinabi sa atin ng ating Pinunong Kapitan na dapat gawin ukol dito. Gamitin n’yo ang Salita ng Diyos. Sa ganyang paraan n’yo masasalansang ang diyablo, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Sinabi sa atin ng Pinunong Kapitan kung papaano ito magagawa. Buweno.

³⁹⁷ Ngayon, sa pagtatapos, nais kong sabihin ito. Ang matandang diyablo na ’yun, ngayon, iniisip n’yo marahil na napakamapangahas niya. Iniisip n’yo magagawa ba niyang atakihin ang isang bata? Aatakihin nga niya ang anuman. Inatake nga niya si Jesus Cristo. Nakipagtuos siya sa Kanya, gamit ang tatlong mapangahas na atake. Alam n’yo ba ’yun? Hindi lamang umatake nang isang beses si Satanas. Aatakihin niya kayo gamit ang isang sakit, pagkatapos siya’y babalik at aatakihin kayo, na sasabihin sa inyo, “Lipas na ang mga araw ng himala. Hindi ka napagaling. Wala na Itong ganoon ngayon.” Alam n’yo bang ganoon?

³⁹⁸ Inatake niya si Jesus nang tatlong beses. Tatlong mapangahas na atake, nakipagtuos siya kay Jesus, gamit ang kawalan niya ng pananampalataya sa Salita ng Diyos. Si Jesus ang Salita. Tunay, hindi niya ito pinaniwalaan. “Kung Ikaw ang . . . Kung Ikaw ang . . .” Heto siyang dumarating, mapangahas na atake, gaya ng kung minsan ang kaaway sa panahon ngayon. Heto ang mga ’yun na parating, sinasabi, “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, ipakita Mo sa akin ang isang himala. Ipakita Mo nga sa akin na maipangyari ito.” Kapatid, tatlong mapangahas na atake ang ibinato niya, “Kung Ikaw ang . . . Kung Ikaw ang . . .”

³⁹⁹ Ngayon, anong ginawa ni Jesus? Si Jesus ang Salita ng Diyos. Siya ang Salita. Inatake ng diyablo ang Salita. Luwalhati! Ako—ako nga'y para bang . . . sadya ngang ginaganahan ako, na mangaral ngayon, sa totoo lang po. Siyanga. Si Jesus ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nanahan ang Salita, nagsalaman, at nanahan. . ." Si Jesus ang Salita. Anong ginawa Niya? Kanyang ginutay-gutay siya. Oh, grabe! Magtatapos na po ako. Anong ginawa ni Jesus? Siya ang Salita. Kaya, sa pamamagitan ng Salita, Kanyang tinaga si Satanas sa kanyang mapangahas na atake. Siya nga'y lumipad dun na parang isang grupo ng mga para-, mga storm-trooper, o parang ganoon, lumipad sa ibabaw ni Jesus, ang Salita, nang paganoon. At kinuha ni Jesus ang Salita na 'yun, at pinagpira-piraso siya. Hallelujah! Tunay, pinagpira-piraso siya, ginapi siya gamit ang Salita.

⁴⁰⁰ Nakikita n'yo ba ang atake niya? Masdan, makinig kayong mabuti, sa pagtatapos na ito. Ang atake niya'y ano? Ang di-sampalatayanan ang Salita ng Diyos, 'yun ang atake niya. Hayan, nakikita n'yo ba ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman? May dalawang puwersa lang: Satanas at Diyos. At ano ang sandata ni Satanas laban sa inyo? Ang subukang ibunsod kayo na di-sampalatayanan ang inyong Sandata. Kanyang dinidisarmahan kayo. Tayo'y—tayo'y makinig nang sadyang taimtiman na ngayon. Makinig. Kung maibubunsod niya kayo na di-sampalatayanan na ang Sandata n'yo ay tutumbas, kung maibubunsod niya kayo na maniwalang ang inyong Sandata'y di sapat ang lakas, nadisarmahan na niya kayo.

⁴⁰¹ Oh, Kapatid na Neville, umaasa ako na di tayong maniniwala sa ganoon.

⁴⁰² Tingnan n'yo, nadisarmahan na niya kayo kapag naibubunsod niya kayo na di-sampalatayanan ang Sandata na 'yun. Kapag bibitiwan n'yo Yan, 'yan ang tatapos sa laban n'yo, wala na kayo. Hawakan n'yo ang Sandata na 'yan, huwag na huwag n'yo Itong ibababa. Nakikita natin ang kanyang dipananampalata. Tayo'y . . .

Isa pang bagay na nais kong sabihin ngayon, sa isang saglit.

⁴⁰³ Ang Rusya. Nais kong sabihin ito para sa kapakanan ng mga beterano, at iba pa, dito, at kayo na mga mag-aaral ng Biblia. Ano 'yang pinagtatalunan n'yo at isinisigaw tungkol sa Rusya? Huh! Hindi n'yo nga ako maririnig na sinasabi sa inyo na magtayo ng kublihan laban sa bomba, hindi ba? Ano 'yang pinagtatalunan n'yo tungkol sa Rusya? Wala 'yung Rusya na 'yun. Wala silang digmaan na ipapanalo. Hindi nila sasakupin ang mundo. Hindi sasakupin ng komunismo ang mundo. Anong nangyayari sa mga tao? Mabibigo ba ang Salita ng Diyos?

404 Makinig kayo, ito'y itinitayp ngayon, sa mundo, ako nga'y nangungusap, o saanmang dako na mararating ng mga teyp na ito. At sa inyo na mga narito, kahit na ano pa ang mangyari sa akin, paniwalaan n'yo ito.

405 Ang Rusya, ang komunismo, ay di sasakop ng kung ano. Hindi mabibigo kailanman ang Salita ng Diyos. Romanismo ang sasakop sa mundo.

406 Kunin natin ang pangitain ni Daniel. Yun ang Salita ng Diyos. "Ikaw, Oh Daniel. . ." "Ikaw, Oh Haring Nabucodonosor, ang ulo na ito ng ginto," Ang Babilonia. "Isang panibagong kaharian ang hahalili sa iyo, na pilak," kita n'yo, yaong Medo-Persia. Yung panibagong isa ay Gresya, si Alexander the Great. Kasunod, na papasok, ang Roma. At wala ngang nabanggit tungkol sa isang komunismo. Sinakop ng Roma ang mundo.

407 Si Jesus Cristo ay ipinanganak noong kahariang Romano, at inusig, noong unang beses na pagparito Niya, inusig ng kahariang Romano. At sa ikalawa Niyang Pagdating, paparito na ngayon, ang Kanyang Mensahe ay inuusig ng mga denominasyong Romano, na siyang ina ng lahat nila. At sa pagbabalik Niya, Siya'y babalik para lipulin ang kahariang Romano, na ang mga Judio noon pa'y naghihintay sa Kanya na dumating at lipulin ang kahariang Romano.

408 Ang herarkiyang Katoliko kasama ang lahat ng mga denominasyon sa mundo, na ngayon mismo'y nagsasama-sama bilang isang organisasyon, ang kompederasyon ng mga iglesyang inoorganisa ang kanilang mga sarili na magsama-sama. Hindi nga ang Rusya. Ang Roma ito. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Siyanga. Pakitaan n'yo ako ng isang Kasulatan kung saan ang komunismo, o kung may anupamang iba maliban sa Roma, na maghahari.

409 Hindi ba't ang Medo-Persia ang sumunod na humalili kay Nabucodonosor? Tunay nga. Hindi ba't ang Gresya ang sumunod na humalili sa kanila? Siyanga. Hindi ba't ang Roma ang sumunod na humalili, mula roon? Hindi ba't naghiwa-hiwalay 'yun sa sampung Ottoman na puwersa gaya ng mayroon tayo ngayon?

410 Hindi ba't ang *Eisenhower*, na ang ibig sabihin ay "bakal," ang *Khrushchev* ay nangangahulugan namang "putik," hindi ba't nagkaroon sila ng pagkikita rito mismo? Tapos hinubad ni Khrushchev ang sapatos niya, [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito—Pat.] para ipakita 'yun nang maliwanag, na hayagan mismo, kumatok sa mesa, nang *paganoon*, para ipakita sa mga tao. [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito.]

411 Buweno, anong problema sa mga tao sa panahon ngayon? Saan napunta ang pananampalataya? Bakit, hindi ba't nananampalataya kayo na ang Salita ng Diyos ang siyang Katotohanan? At 'yung bagay na 'yun ay wala

Rito. Anong nangyayari sa mga mangangaral sa panahon ngayon? “Komunismo!” Bawat mangangaral ay naroon na na nagpupunyagi na labanan ang komunismo. Ang komunismo, wala ‘yun!

412 Ang nangyayari nga’y, kumikilos-kilos ang diyablo sa ilalim lang ng inyong ilong, at hindi n’yo ito namamalayan; ito’y Romanismo, denominasyunalismo. Ang Roma ang ina ng mga denominasyon. Sinabi ng Biblia, “Isa siyang patotot, at ang kanyang mga anak na babae’y mga patotot,” na laban sa Diyos, laban sa Kanyang Salita.

413 Mga sundalo, kunin n’yo ang Salita. Mga anghel ng habag, manatili kayo sa Salita na ‘yan. Mawawala ako isang araw, pero ang Salita na ito’y hindi mawawala. At kayo na mga kabataan, kung hindi ito mangyari sa aking henerasyon, makikita n’yo. Hayan nga.

414 Napakinggan n’yo ba ‘yung balita kaninang umaga? Nagpunta si Gng. Kennedy, nakipagkita sa papa, at anong sinabi ng papa? Kita n’yo, lahat ng mga relihiyon sa mundo! Oh! Buweno, siguro’y makakatalakay pa tayo ng marami pa ukol diyan, sa susunod na Linggo.

415 Kita n’yo, huwag n’yong alalahanin ang Rusya. Ang Rusya’y munting bato lang sa dalampasigan. Huwag n’yong ipag-alala ang komunismo. Ang matyagan n’yo ay ang Romanismo kapag nakikipag-isa na ito sa mga iglesya. Walang nasusulat sa Kasulatan ukol sa paghahari ng komunismo sa mundo.

416 At nananangan ako sa Salita, kahit na ano pa ang takbo ng iba. Ang Salita ang siyang pinaniniwalaan ko mismo. Romanismo ang maghahari sa mundo. Romanismo ang ina ng organisasyon. Wala pang organisasyon kailanman hanggang sa dumating ang Roma, at bawat isa sa kanila’y nagmula rito. At ‘yan mismo ang sinasabi ng Biblia, “Siya ang ina ng mga patotot.” Makakatalakay nga ako nang kalahating araw ukol diyan, muli, pero sa palagay ko mabuting magpatuloy na ako.

417 Kapag aatake sa atin ang kaaway, hayan nga, “Oh, sinasabi ko sa’yo, dapat kang umanib sa aming . . .” Anong gagawin n’yo, umatras, makipagkompromiso? Hindi ganyan ang isang tunay na sundalo, hindi. Hindi, nga.

418 Anong gagawin natin kung ganoon? Ang isip, “Ibunsod ang kaisipan na nakay Cristo . . .” Hindi ba’t ‘yan ang sinasabi ng Biblia? “Ang kaisipan na nakay Cristo, ay dapat mapasainyo.” Ano bang uri ng pag-iisip ang mayroon Siya? Ang makapanatili sa Salita. Tama. Manatili sa Salita, sa Salita ng Ama, at kaya tinalo Niya ang kaaway sa tuwina. Ngayon kapag aatake ang kaaway at susubukang sabihin sa inyo na dapat n’yong gawin ‘yung *ganito* at gawin ‘yung *ganoon*, anong gagawin n’yo? Manatili sa Salita. Tama.

419 Anong gagawin n'yo pagkatapos? Kunin ang Salita. Ano ang Salita? Sinabi nga rito ng Biblia. Kakabasa lang natin nito. Dahil ang Espiritu, at ang sa Diyos, ay ang Salita. Kita n'yo? Tingnan n'yo rito. "At kunin ninyo ang turbante ng kaligtasan, at ang Tabak, ang Tabak ng Espiritu." Ang Tabak ng Espiritu! Ano? Ang Espiritu na tumutuloy sa inyong isip at pumapasok sa inyo, at ang Salita ng Espiritu na 'yan ay ang Salita ng Diyos.

420 Anong ipinanlalaban ng Espiritu? Anong ipinanlalaban ng Espiritu Santo? Mga sensasyon ba? Mga pakiramdam ba? Ang Salita; puso! Whew! Maluwalhati! Anong ipinanlalaban Nito? Mga pakiramdam ba? Salita! Salita! Sabihin nga natin ito, Salita! Salita! Salita ng Diyos ang ipinanlalaban ng Espiritu.

421 Lumapit sa diyablo ang Espiritu ng Diyos, at nagsabi, "Nasusulat!" Amen! "Nasusulat!" At magbibigay-daan ang diyablo.

422 Anong gagawin natin? Kunin ang Salita, na siyang Salita ng Diyos, hugutin Ito gamit ang (ano?) isang kamay ng pananampalataya, malakas na kamay ng pananampalataya, ang Tabak na may dalawang talim. Ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 4, "Ito'y—Ito'y isang Tabak na may dalawang talim," na humihiwa sa magkabila't parito at paroon.

423 Kapatid, anong gagawin niya? Kunin ang Salita. Kunin ang Espiritu, patuluyin n'yo ang Espiritu sa inyong puso. Buksan n'yo ang inyong isip, sabihin, "Ang Iyong Salita ay totoo." Ngayon, gawin mo ito, kapatid na babae. "Ang Iyong Salita ay katotohanan."

424 "Panginoon, hindi ko po bibigyang-pansin kung paano ang nararamdaman ko, kung anuman ang sinasabi-sabi, ng iba. Di ko pahihintulutan, lilinisin ko ang bara sa bawat isa sa mga daluyan ko, ang lahat ng mga pagaagam-agam, at pag-aalinlangan, at mga di pananampalataya na mayroon ako. Lahat ng pakiramdam na mayroon ako, lahat ng karamdaman na mayroon ako, lahat ng iba pa na mayroon ako, akin ngang aalisin ang lahat ng ito. Lalaktawan ko ang lahat ng ito. Ako'y didiretso mismo sa aking espiritu. Oh Panginoon, Ikaw po'y bumaba. Iyong sinabi na ginawa Mo akong isang may malayang pagpili."

"Ikaw nga, Aking anak."

425 "Buweno, binubuksan ko po ang puso ko't pag-iisip ko. Pumasok Ka, Panginoong Jesus."

426 Tapos hawakan n'yo ang Pananampalataya, ang Tabak na 'yan ng Espiritu, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sumigaw kayo, "Hallelujah!" Amen. Pagkatapos ay tagain n'yo ang bawat kaaway na nasa harapan n'yo. Amen. Hayan nga. Tagain ang bawat kaaway. Kung may-may matandang nakakatakot na espiritu na nagbubunsod sa inyo na maramdaman itong lahat na . . . Tagain n'yo ang bagay na 'yan para mapalayo, gamit ang Salita ng Panginoon.

Anupa't ang ating kalakasan, ay, "Ang kagalakan ng Panginoon ay ang aking kalakasan."

⁴²⁷ "Lumayo ka sa akin." Whack! Tagain mo siya sa pamamagitan ng Salita. Ito man ay demonyo, ito man ay kaaway, ito man ay karamdaman, ito man ay sakit, anuman ito, hawakan n'yo ang Salita na 'yan at hugutin Ito kalakip ng Tabak. At kung tatagain n'yo ito sa unang pagkakataon, huwag kayong maiinggli, tagain ito uli, at tagain ito uli, at tagain ito uli. At tagain nang tagain hanggang sa makatapyas kayo ng butas na tagos dito, gaya ng isang sisiw na itinutuktok ang sarili palabas; o isang agila, na ganoon nga kayo. Ituktok ang sarili n'yo palabas sa lumang balat na 'yan ng karamdaman. Tumaga kayo hanggang sa makalabas, at sabihin, "Hallelujah! Nasaan ang kasunod?" Amen. Yan ang pakikipaglaban. Ganyan ang isang sundalo. Ganyan ang sundalo ng krus. Siyanga, po. Patumbahin n'yo ang bawat kaaway.

⁴²⁸ Bakit? Bakit? Tayo, ay isang itinalaga na noong una, na maharlikang Binhi ni Abraham. Noong tanggihan ni Abraham ang lahat ng bagay na laban sa Salita ng Diyos, tumaga nga siya para malampasan ang bawat hadlang na humahambalang sa harapan niya. Sinasabi nila, "Matanda na masyado ang asawa mo." Kanya ngang tinaga ang bagay na 'yun palayo sa pagkakahambalang. Ang sabi ng diyablo, "Hindi mo magagawa ang *ganito*. Hindi mo magagawa ang *ganoon*." Tinaga mismo ni Abraham 'yan palayo. Hinambalos niya mismo ito, at hinambalos, hanggang sa maihiwalay.

"Saan po ang kasunod, Panginoon?"

⁴²⁹ "Ilipat mo ang tolda mo *rito*." Nagtungo siya roon sa itaas at nagtayo siya para sa Diyos ng isang dambana sa dako roon.

⁴³⁰ Pumunta siya roon, tapos heto si Satanas, na nagsasabi, "Ngayon, sasabihin ko sa'yo, hindi ito ang tamang dako."

"Mananatili ako rito. Umalis ka sa kinatatayuan ko." Sabi niya, "Hallelujah!"

⁴³¹ Ang sabi ni Lot, "Mainam na pumunta ka rito sa ibaba. Nagtatamasa kami ng mainam na panahon sa ibaba rito. May organisasyon kami lahat dito sa ibaba. Aba, ang misis ko ang ulo ng kapisanang pangliteratura at lahat ng iba pa, sa siyudad. Sinasabi ko sa'yo, dapat kang bumaba rito."

Sabi ni Sarah, "Abraham. . ."

⁴³² "Manahimik ka, Sarah." Hallelujah! "Tumayo ka rito. Ito 'yung dako na pinaglagyan sa akin ng Diyos. Dito ako mismo tatayo."

⁴³³ Ito 'yung dako na pinaglagyan sa akin ng Diyos:

Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng
Jesus na Pangalan!

Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod
magpatirapa;
Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,
At putungan Siyang Panginoon ng buong
lahat-lahatan.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo;
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho,
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging
gumuguho.

⁴³⁴ Maging ang kamatayan mismo, lahat ng iba pa, ay buhanging gumuguho. Kay Cristo, sa matatag na bato, ako nakatayo.

⁴³⁵ “Ang maharlikang Binhi ni Abraham.” Ang maharlikang Binhi! Hayan nga, ang pinaka piling hukbo ng Inglatera ay ang maharlika ng Inglatera, maharlikang dugo, lahat. At ang maharlikang Binhi ni Cristo ay ang puspos-ng-Espiritu Santong Iglesya, na puspos ng Espiritu Santo. Ano? Maharlikang Binhi, sa pamamagitan ng pangako, hindi sa pamamagitan ng mga sensasyon. Kundi, sa pamamagitan ng pangako ng Diyos, sila’y tumitindig sa Salita ng Diyos, at tumataga sa daraanan nila, na sumisigaw, “Hallelujah!”

Dumating man ang kamatayan at magsabi, “Paparating na ito nang palihim.”

⁴³⁶ Sasabihin n’yo, “Magbigay-daan ka, Jordan. Ako’y tatawid.” Tumaga ka sa daraanan mo, patungo sa ipinangakong Lupain. Amen.

⁴³⁷ Anong nangyayari kapag tapos nang lubos ang labanan? Ako po’y papatapos na ngayon, heto na. Kapag tapos na nang lubos ang labanan, at ang mga banal ay dumarating na nagmamartsa pauwi sa Tahanan, nais kong tanungin kayo ng isang bagay, anong nangyari?

⁴³⁸ Anong nangyari noong magtungo si Hitler sa Pransya? Aba, ang sabi nga nila’y di mo halos makita ang himpapawid, nang saglit, dahil sa mga eroplano. Yung mga Aleman ay goose-step ang pagmartsa. [Minumuwestra ni Kapatid na Branham ang goose-step—Pat.] Kita n’yo, sila’y nakatayo, dumadaan, nagdiriwang ng tagumpay.

⁴³⁹ Noong si Stalin ay nagtungo ng Rusya, haya’t milya-milya mismo ang haba, bawat tanke’y nasa likod nang kaunti nung isa pa, katatapos lang bombahin ang Berlin hanggang sa wala nang natira rito. Ganoon nga. At noong magtungo sila, at itong mga Aleman. . . Ito namang mga sundalong Ruso ay nagdiriwang, pumasok sila roon nang ganoon, alam n’yo na, ’yung medyo nakakatawang bagay na ginagawa nila. Nakita ko ’yun sa isang litrato, isang beses sa London, kung paano sila pumasok, ’yung

aktuwal na litrato nung bagay kung saan, anong nangyari, sa pagpasok, na nagdiriwang. Oh, grabe!

⁴⁴⁰ Noong mabalitaan natin na ang digmaan ay tapos na, sumigaw tayo, umihip tayo sa mga silbato. Noong bumalik ang mga bayani, sinalubong natin sila roon. Sumigaw sila. Humiyaw sila. May pinsan ako roon, sabi, noong bumalik siya, lahat ng matatandang. . . Yung mga beterano'y grabe ang mga pilat nila, hindi sila makatayo sa higaan, kaya pinagulong na lang nila ang kanilang higaan habang nasa ibabaw ng barko sa pagpasok nila, para matanaw ang Estatwa ng Liberty na nakatayo. Sabi, "Yung malalaki't matitipunong lalaki roon, napaiyak nga sila, at napaluhod nang *paganoon*, noong matanaw nila ang Estatwa ng Liberty." Apat na taon silang malayo sa tahanan nila, nakikipaglaban, ginulantang-ng-digmaan, at lahat na. Pero alam nilang ang asawa, at kasintahan, at nanay, at tatay, at mga anak, at lahat ng minamahal nila, ay nasa likuran nung Estatwa ng Liberty. Nirerepresenta nun ang bagay na pinakikipaglaban nila. Oh, tumunog ang mga silbato, at ang New York ay napasigaw mismo, lahat mismo, noong ang mga bayani nila'y dumating na nagmamartsa papasok. Magiging maliit lang na bagay 'yan.

⁴⁴¹ May isang beses noong si Caesar, pagkatapos ng isang matinding labanan, ang sabi niya, "Nais kong ang pinakabantog kong mandirigma'y makatabi ko sa karwahe sa dakilang pagdiriwang na ito ng katagumpayan laban sa aming kaaway." At bawat isa sa mga opisyal ay nag-imis ng balahibo sa kanilang sumbrero at nagpakintab ng kanilang mga kalasag, at nagmartsa, alam n'yo, nang paganoon, gaya ng—gaya ng tunay na mga sundalo mismo nang paganoon. Pagkatapos ng ilang saglit, may isang munting, matandang lalaki ang dumaan, maraming pilat. Grabe! Siya nga'y medyo nahihirapang tumingin, pero sinubukan pa rin, nang *paganoon*. Sabi ni Caesar, "Sandali lang. Sandali lang. Ikaw," haya't di nga nadadamitan na gaya sa isang—isang opisyal, sabi, "halika rito." Sabi, "Saan mo nakuha 'yang mga pilat mo?"

Sabi niya, "Doon po sa dako ng labanan."

⁴⁴² Sabi, "Sumampa ka rito. Ikaw ang lalaki na mauupo sa tabi ko." Bakit? Ipinakita niya na galing siya sa labanan.

⁴⁴³ Oh Diyos, mahabag Ka sa isang lalaki na nasugat ang kanyang kamay sa isang lata ng sardinas at nakakuha ng karangalang-banggit. Nais kong maging puno ng pilat-dahil-salabanan. Gaya ng sinabi ni Pablo, "Dinadala ko sa katawan ko ang mga pilat na tanda ni Jesus Cristo." Yan ang dahilan kung bakit nais kong makipaglaban sa dako ng labanan.

⁴⁴⁴ Balang araw, kapag darating ang ating dakilang Pinunong Kapitan, na Siyang nagbihis sa atin ng baluti, na Siyang nagbigay sa atin ng kagayakan ng Diyos, ang Espiritu Santo,

na ibinigay sa atin ang Kanyang Salita para magamit nating panlaban, makatayo sa dako roon; sa panahon na ang ating dakilang Pinunong Kapitan ay darating na nakakarwahe, nais kong sumampa sa karwahe at sumakay patungo sa Tahanan kasama Siya, hindi ba't kayo rin? Pagkatapos kapag hahawakan ko na ang mumunti kong kalugud-lugod na maybahay sa bisig, titingin sa paligid at makikita ang aking mga kapatid at ang kanilang mga maybahay rin, at ang kanilang mga anak, kapag nagsimula na tayong maglakad-lakad doon sa mga paraiso ng Diyos, at pinupuno ng Mga Anghel ang paligid ng mga awitin, pumapailanlang na mga awitin, siyanga't isang pagdiriwang 'yun!

445 At kapag tapos na ang labanan, mapuputungan tayo. Oh, grabe! Oh, mga sundalo ng krus, sa umagang ito, ilabas n'yo rito ang armas na 'yan ng pananampalataya, at hawakan mismo ang Sandata na ito.

446 Ano nga ito, kapatid na babae, handa ka na ba? Hugutin mo ang Sandata na 'yan, sabihin, "Diyos, wala akong pakialam kung ano—kung ano man ang sabihin ng diyablo sa akin, ganoon man ang sabi-sabihin ng iba, sa umagang ito, ako'y nananampalataya, ako'y nananampalataya."

447 Gaya ng sinabi ko nung isang araw, isang munting... Naniniwala ako na mga ilang Linggo na ang nakararaan, may isang lalaki na nanaginip. Nanaginip siya na 'yung diyablo raw ay isang munting maliit na matandang bagay, tumatakbo patungo sa kanya. Sabi nung diyablo, "Boo!" At napaatras siya, at 'yung diyablo'y lumaki. "Boo!" At napaatras siya, at 'yung diyablo'y lalong lumaki. Sa huli'y, lumaki 'yung diyablo na kasing laki na niya, haya't susupilin na siya. Alam niya na kinakailangan niyang labanan ito sa pamamagitan ng isang bagay, kaya tumingit-tingit siya sa paligid. Wala siyang makita na kung ano para labanan ito. Kanyang pinulot mismo ang Biblia. At ang sabi ng diyablo, "Boo!" Sabi rin niya, "Boo!" bumawi siya rito, at 'yung diyablo'y lumiit, nang lumiit, nang lumiit. At, sa dulo'y, tinalo niya ito hanggang mamatay gamit ang Salita.

448 Isa kang sundalo, hindi ba, kapatid na babae? Kunin mo ang Salita na 'yan at sabihin, "Nasusulat." Amen. "Hindi ako mamamatay. Ako'y mabubuhay. Ako'y mauupo sa tabernakulong ito at pupurihin ang Diyos dahil sa Kanyang kabutihan, kasama ang iba pa sa kanila."

449 Naniniwala ba kayo riyang mga banal? Amen.

Sige't iyuko na natin ang ating mga ulo.

450 Oh Panginoong Diyos, na Maylalang ng kalangitan at lupa, mapagkilala nga sa araw na ito na Ikaw ay nananatiling Diyos. Kahit na gaano pang karami ang aking ipangaral, gaano mang

karami ang mga bagay na aking ipangusap, Panginoon, isang Salita lang mula sa Iyo'y 'yun na ang aayos dito.

⁴⁵¹ Ang mga panyong ito'y nakalapag rito, nirerepresenta ang mga maysakit. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na ang Iyong mga pagpapala't kapangyarihan ay mamamalagi sa bawat isa sa kanila, habang ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanila. Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, dalangin ko na Iyong pahiran ang mga panyong ito ng Iyong banal na Presensya, dahil nasusulat ito sa Salita. Ito'y hindi labag sa Salita. Bagkus sinabi nito sa Salita, na, "Kinuha nila mula sa katawan ni Pablo, ang mga panyo at mga panapi. Lumabas ang maruruming espiritu mula sa mga tao, at sila'y gumaling mula sa iba't ibang sakit." Ngayon, hindi po kami si San Pablo, pero Ikaw ay nananatili pa ring Diyos, at Ikaw ay nananatiling siya pa ring Espiritu Santo. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga panyo na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at humihiling na Iyong pagpalain at pagalingin ang bawat isa sa kanila.

⁴⁵² At, Diyos, nakaratay rito sa isang higaan, na matagal na nakaratay rito, haya't bata lamang, sadya ngang isang magandang munting dalagita. Hindi niya kayang mabuhay, Panginoon. Ginawan siya ng kasamaan ni Satanas. At ang mga minamahal na mga manggagamot ng mundong ito ay nagsikap nang husto, walang duda, para ilitas ang bata. Pero hindi nila kaya. Nasa dulo na sila ng kanilang nalalaman. Wala na silang iba pang alam na maaari pang gawin. Pero, Panginoon, ako'y nagalak na may panibagong kabanata na nasulat. Makabubuklat kami ng panibagong pahina, at sa pahina na ito ay nakikita namin ang Dakilang Manggagamot na pumasok. Tinatawag namin Siya para makasangguni sa umagang ito.

⁴⁵³ Ngayon, Panginoon, hindi ba't nasusulat dito sa Iyong Salita, na, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya"? Panginoon, kung hindi ako mananampalataya, gawin Mo po akong isa ngayon. Kung ang munting batang babae na ito'y hindi mananampalataya, gawin Mo po siyang isa ngayon. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya; kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Nasusulat din, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo." Panginoon, ang mga ito—ang mga ito'y Iyong Mga Salita. Ito'y sa Iyo. Ito'y ang Iyong Salita. At ngayon bilang Iyong lingkod. . .

⁴⁵⁴ Gaya ng Iyong sinabi, "Kung may dalawa o tatlo na nagkakatipon na magkakasama, Ako'y paroroon sa gitna ninyo; at kung kayo'y magkakasundo, ukol sa isang bagay, at hihingi, inyo itong matatanggap."

⁴⁵⁵ Diyos, ang bata pong ito marahil ang pinaka malubha ang sakit na tao sa loob ng gusaling ito sa umagang ito, dahil

hindi siya mabubuhay kung wala Ka, nang matagal pa, at siya ang may pinaka malubhang sakit. Kaya, kaming lahat, kami'y nagkakasundo, habang ang bawat sundalo'y nakatayo rito. At sa grupong ito'y nakatayo ang maharlikang Binhi ni Abraham.

⁴⁵⁶ Kami'y nagmamartsa na para sagupain si Satanas ngayon. At mainam na humanda ka na, Satanas, dahil ang aming mga baluti'y nagkikintaban, at ang aming mga bandera'y wumawagayway; mga kalalakihan at mga kababaihan na tangan-tangan ang Mga Tabak, nagmamartsa nang pasulong ngayon laban sa'yo, para sa munting batang babae na ito. Lumayas ka mula sa kanya, Satanas. Iwan mo ang batang ito. Bilang hukbo ng buhay na Diyos, amin kang sinasaway. Iwan mo siya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

⁴⁵⁷ Ako nga'y nagpapatong ng mga kamay sa kanya. At, Satanas, iyong ginapos ang batang ito, ginawan mo siya ng kasamaang ito. Alam ko na higit kang kalaban para sa isang tao, pero wala kang laban sa aking Panginoon, kaya ako'y pumaparito sa Kanyang Pangalan. Iwan mo siya, ikaw na espiritu ng diyablo. Ikaw na demonyo ng sakit, lumabas ka mula sa batang ito, at nawa ang bata'y humayo na malaya na, mula sa araw na ito. Aking ginagawad ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

⁴⁵⁸ Ngayon, Panginoong Diyos, Ikaw na Siyang nagbangon ng patay at pinatunayan na Ikaw ay Diyos, ibangon Mo ang kabataang babae na ito tungo sa kanyang kalusugan at lakas muli, nang sa gayon makatayo siya sa gusaling ito rito. Ang diyablo'y umalis na sa kanya!...?...paiigihin na ang lagay niya. Nawa'y mamuhay siya tungo sa kaluwalhatian at karangalan ng Diyos.

Ito—Ito nga'y binigkas na, ngayon mapangyari na nawa.

⁴⁵⁹ Mayroon pa bang iba rito na nagnanais magtaas ng inyong mga kamay at magsasabi, "Nais kong maipanalangin. Ako'y may sakit. Kailangan ko ang Diyos"? Hindi ko alam kung gaanong karami pang oras ang mayroon tayo. Marahil may sapat na oras pa tayo para padaanin ang mga tao rito. Nakakaramdam nga ako ng tunay na kaginhawaan sa umagang ito ngayon. Siyanga. Siyanga. Gusto kong bumaba ka rito, Billy, at marahil kunin mo ang isang bahagi rito, sa gilid na *ito* rito, lang. Paunahin mo lang itong bahagi na ito, pagkatapos isunod natin 'yung bahagi sa likod pagkatapos n'yan, hanggang diyan nga sa pasilyo na *'yan* diyan. Pagkatapos padaanin lang natin sila nang paganoon, pagkatapos di na nila. . .

⁴⁶⁰ At ngayon nais kong si Kapatid na Neville at ang ilan sa mga ministrong kapatid ko na tumayo rito kasama ko, dito lang po, para mapalakad mo ang mga tao pabalik sa pasilyo uli. Sige. Sige. Ngayon ako. . .

⁴⁶¹ Ilan po sa inyo ang sakbat-sakbat ang baluti ngayon?

462 (Magiging iba na ngayon. Umuwi ka, maging maigi na ang lagay, gumaling ka.)

463 Amen. Oh, grabe! Lahat kayo na mga sundalo, hugutin n'yo ang Tabak. Hugutin n'yo ang Tabak, mga sundalo ng krus, magmartsa kayo nang pasulong, magmartsa pasulong.

Kay Cristo, ang matatag na Bato, ako tumatayo.

Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhangang gumuguhu.

464 Sige, dumaan lang po, dito sa gilid dito. Ang lahat ay manalangin ngayon, habang sila'y dumadaan.

Sa Pangalan ni Jesus, pagalingin Mo po ang babaing ito. Amen.

Hugutin n'yo ang Tabak n'yo ngayon. Manatili kayo sa inyong kinauupuan, na sumisigaw.

465 [Patuloy na nananalangin si Kapatid na Branham para sa mga tao, marami sa kanyang mga sinasabi ay di malinaw—Pat.]...?...

Onward, Christian soldiers!

Marching as to war,

With the cross of Jesus

Going on before.

466 Tumabi ka sa daan, Satanas! Ano na, mga sundalo? Iniisip n'yo ba na di natin kayang magpanagumpay? Kanyang pinagtagumpayan na. Tayo'y higit pa sa mga mananagumpay kay Cristo Jesus! Bawat diyablo'y pinalayas na, lahat ng ibang bagay. Amen.

Halika rito, kapatid ko!...?...

Idinadalangin ko na ikaw ay gagaling...?...

Iyong pagalingin ang aking kapatid, si Doc; pagalingin Mo po siya, Ama, sa Pangalan ni Jesus.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin ang binibining ito. Halika...?...

467 Ngayon, kinuha niya...Hihilingin ko sa mga kapatid na lalaki sa likod. Sa lahat ng dako, ang Panginoon...?...

468 Oh Panginoong Diyos, Maylikha ng kalangitan at lupa! Oh Diyos, batid Mo ang nilalaman ng kanyang puso. Batid Mo ang lahat ng tungkol dito. Nananalangin ako kapwa para kay nanay at tatay. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, itinatagubilin ko...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aking...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aking...?...

469 Diyos, sumama Ka nawa sa aking kapatid na babae. Alam namin, na unti-unti nang gumagapang ang mga taon at

binubunsod ang kamatayan na naising hawakan ang katawan ng babaing ito. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus...?...

⁴⁷⁰ Sa Pangalan ni Jesus Cristo, mapagpala nawa ang munting dalagita na ito, Panginoon. Ang mga pakikipaglaban namin sa eskuwelahan doon, alam ko ang pinagdadaanan ng kapatid na babae. Dalangin ko po na Ikaw ay magpapala. Nawa'y mahugot niya ang Tabak na 'yun, sa umagang ito, at lumakad nang pasulong!...?... Pagpalain ang munting batang lalaki, Panginoon; siya'y papalapit, tumatawag sa Iyong Pangalan, sa umagang ito; dalangin ko na Ikaw ay sasama...?...

⁴⁷¹ Diyos, Iyo pong pagpalain ang aking kapatid na lalaki, ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, aking sinasalita ito!...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inaalay namin ang dalangin na ito.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inaalay namin ang dalangin na ito.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inaalay namin ang dalangin na ito.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aming...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inaalay namin ang dalangin na ito.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo ang aking kapatid.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

⁴⁷² [May nagsasabi, "Namatay si tatay."—Pat.] Diyos, tulungan mo siya, sa Pangalan ni Jesus.

Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, kami'y...?...

Diyos, sa Pangalan ni Jesus!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo...?...

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, pagalingin Mo ang aking kapatid.

Sa Pangalan ni Jesus...?...

Nauunawaan mo na ba ngayon?

Oh Diyos, nawa'y umalis na ito mula...?...

473 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, idinadalangin namin!...?...
Ipagkaloob sa kapatid na babae...?...

474 Oh Diyos, yamang nalalaman na ang kalugud-lugod na munting nanay, na dumadaan sa lahat ng sakit na ito, dalangin ko, Diyos, na Iyong...?...mapasakanya.

Hugutin mo ang Tabak na 'yan, Ed, at lumakad ka pasulong, sa Pangalan ni Jesus.

475 Oh Diyos, Iyo pong pagalingin ang babaing ito. Ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Nawa'y gamitin niya ang Tabak na 'yun sa harapan niya, sa panahon ng kagipitan.

Oh Diyos...?...sa umagang ito. Dalangin ko na Iyong...?...

476 Diyos Ama, dalangin ko na Iyong pagagalingin ang aming kapatid na lalaki at paiigihin ang lagay niya. At sa Pangalan ni Jesus Cristo...?...

477 Diyos, dalangin ko na Iyong pagagalingin ang aming kapatid na babae, paigihin ang lagay niya, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

478 Diyos Ama, dalangin ko na Iyo mismong—mismong pagalingin ang aming kapatid na lalaki.

Pagalingin Mo ang aming kapatid na babae, Panginoon!...?...

Ama, sa Pangalan ni Jesus, pagalingin ito, ang aming kapatid na babae, Ama.

479 Ama, ...?...nananalangin kami sa Pangalan ni Jesus. Diyos, pagalingin mo ang babaing ito.

Oh Diyos, dalangin ko na Iyo pong...?...

480 Oh Diyos, pagpalain mo siya, Ama!...?...Ganoon na lamang ang pag-ibig namin sa matatandang mga kapatid na ito, Panginoon. At dalangin ko na Iyong ipagkakaloob ang kanyang hiling!...?...

481 Makalangit naming Ama, dalangin ko na ang aking kapatid...?...Oh Diyos, ...?...siya, Oh Diyos...?...sundalo ng krus. At huhugutin niya ang Tabak na 'yun, sa umagang ito, at magmamartsa na pasulong.

Diyos, kami'y...?...Iyo pong ipagkaloob ito, Oh Panginoon, ang kanyang kahilingan.

482 Diyos, Iyo pong pagpalain ang kapatid...?...Dalangin ko na Iyong pagagalingin siya, Panginoon!...?...Ipagkaloob sa kanya ang mithi ng kanyang puso, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

483 Oh Makalangit na Ama, itong munting ministro ng Ebanghelyo, ang kanyang lalamunan...?...Kung saan hinugasan niya ang mga kaldero...?...Diyos, dalangin ko na Iyo pong...?...At habang ang dakilang hukbo ng Diyos ay sumusulong ngayon, na ang mga Tabak ay nakataas, Iyong

ipagkaloob sa kanya ang katagumpayan, Panginoon. Ang munti niyang asawang lalaki rito, Panginoon, na dinala mula sa kanser na 'yun na kanyang kinararatayan, naghihingalo sa kanser, at sinukuan na siya ng mga doktor, habang naroon siya sa kalagayan na 'yun. At heto siya, sa umagang ito, isang munting sundalo ng krus. Iyo pong palakasin siya, Panginoon, para sa Iyong gawain, 'yan po ang dalangin namin, sa Pangalan ni Jesus.

⁴⁸⁴ Nais kong ang munting binibini na 'yan... May isa pang bagay sa munting mangangaral na ito rito. Halika rito, Kapatid na Kidd. Ang lalaking ito'y pinauwi mula sa ospital, ngayon-ngayon lang, na naghihingalo, kinakain na ng kanser. [Sinabi ni Kapatid na babaing Kidd, "Isang taon na ang nakararaan."—Pat.] Isang taon na ang nakararaan. ["Dalawa."] Dalawang taon ang nakararaan, dahil sa prostate. Tinangingan na siya ng kanyang doktor ng limang araw na lang para mabuhay. At isang umaga, nagpunta kami roon, nang maagang-maaga, nag-alay ng panalangin para sa kanya, pareho rin ng inialay namin para sa'yo, at di na sila makasumpong ni bakas nun. Pinagaling siya. Amen. Siya—siya... ["Tinanggap nga mismo."] Siya nga'y nadagdagan ng timbang ngayon kaysa noon. Siya at ang munti niyang maybahay ay nasa paghahayo na ng Ebanghelyo, marahil bago pa ako naipanganak. Narito siya ngayon... [Sinabi ni Kapatid na Kidd, "Limampu't limang taon."] Limampu't limang taon. Bago pa ako dumating sa mundo, nangangaral na sila ng Ebanghelyo. At heto po siya, pinagaling, sa edad na halos pitumpu't lima, o, ["Walumpu't isa."] walumpu't isa. ["Nagkaroon nga kami ng rebaybal, dalawang-linggong pagtitipon, nangaral ako gabi-gabi."] Dalawang-linggong rebaybal, kadadaos lang ng dalawang linggong rebaybal, at nangaral siya gabi-gabi. Walumpu't isang taong gulang, pinagaling, sa kanser, noong matanda na siya.

⁴⁸⁵ Sige, kapatid na babae, ikaw na. Sumasampalataya ka ba? *Onward, Christian Soldiers*. Sige, kapatid na babae. Kayo, sa bawat isa sa inyo, anong dapat nating gawin? GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Anong gagawin natin, manatili rito?

⁴⁸⁶ Satanas, talunan ka na. Kami'y papalapit na ngayon. Kami'y nagmamartsa na papasok ng ipinangakong Lupain. Ano 'yun? "Ano itong bundok na ito, sa harap ni Zorobabel? Sino ito, na nakatayo sa harap doon? Ikaw ay magiging patag." Bakit? Gamit ang isang Tabak na may dalawang talim, tatagain natin siya hanggang bumagsak sa lupa. Tama. Buweno.

Onward, Christian soldiers!
 Marching as to war,
 With the cross of Jesus
 Going on before;
 Christ, the royal Master,

Leads against the foe; (Kalakip ang Kanyang Salita.)

Forward into battle,
See, His banners go!

Onward, Christian soldiers!
Marching as to war,
With the cross of Jesus
Going on before.

⁴⁸⁷ Hallelujah! Anong ginawa nila? Ang nauuna na umuusad noon, sa labanan, para sa Israel, ano 'yung nauuna? Ang mga mang-aawit ay umuusad, sila ang una. Anong kasunod? Ang Kaban. Pagkatapos ang labanan na. Sige. Sumasampalataya na ba kayo rito ngayon? Tayo'y umaawit ng *Onward, Christian Soldiers*. Hinahapak natin ang bawat pag-aalinlangan. Tumatayo sa ating mga paa ngayon, tayo'y nagmamartsa na tungo sa labanan.

Tumayo tayo ngayon, ang lahat po.

Onward, Christian soldiers!
Marching as to war,
With the cross of Jesus
Going on before;
Christ, the royal Master,
Leads against the foe;

Paano natin siya tatalunin? Sa pamamagitan ng Salita.

Forward into battle,
See, His banners go!
Onward, Christian soldiers!
Marching as to war,
With the cross of Jesus
Going on before.

We are not divided,
All one body we;
One in hope and doctrine,
One in charity.

⁴⁸⁸ Lahat ng sumasampalataya ngayon, sabihin, "Amen." [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hallelujah! Sinasampalatayan n'yo ba 'yun? Tayo'y mga mananagumpay. Nasaan na ba ang bawat kaaway? Sa ilalim ng ating paa. Ano tayo ngayon? Mga ibinangon na kay Cristo!

⁴⁸⁹ Ngayon, tapos na ito, kapatid na babae. Sumasampalataya ka ba? Makakauwi ka na ngayon. Maigi na ba ang lagay mo? Ang sabi niya maigi na ang lagay niya ngayon. Ang lahat ay maayos na.

⁴⁹⁰ Ilan diyan ang uminam na ang pakiramdam? At noong sumigaw sila noon, bumagsak ang pader, amen, at kinubkob

nila ito. Amen. Kinubkob nila ang siyudad. Amen! Amen!
Sinasampalatayanan n'yo ba Siya?


⁴⁹¹ Ngayon, huwag n'yong kalimutan ang gawain mamayang gabi. Nandito si Kapatid na Neville mamayang gabi, at siya ang maghahatid sa atin ng isang mainam na mensahe. At sa Linggo, susunod na Linggo, loobin ng Panginoon, nandito ako.

⁴⁹² Ngayon tayo'y sumulong na, habang pausad tayo. At ngayon, palabas ng gusaling ito, humayo tayo, na umaawit, *Onward, Christian Soldiers*. At mula sa araw na ito, simula ngayon, huwag na huwag n'yong ibabalik sa loob ng kaluban ang Tabak na 'yan kahit kailan. Hugutin n'yo ito. Tayo'y magpanagumpay. "Sila'y humayo, na nagpapanagumpay, at magpapanagumpay." Buweno, muli, sa unang talata.

Onward, Christian soldiers!

Marching as to war,

With the cross of Jesus

Going on before. 

62-0311 Ang Pinakadakilang Labanan Na Naganap Kailanman
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org